


***Ang mga Nagpapagalaw sa Kasaysayan***

Abala sa pulitika ang mga hari at mga heneral; ibinibigay ng mga pari at mga nagpapanggap sa bayan ang uri ng katotohanang gusto nilang marinig; inilulugmok ng mga digmaan at gutom ang mga tao. Sino ang nagdadalang pasulong sa misyon ng Israel na instrumento ng Diyos sa daigdig?

Naghahanap ang Diyos ng isang *enkargado* hindi para sa Israel kundi *para sa mga bansa,* at pagkakatiwalaan hindi ng misyong magsalita kundi *bumunot at magwasak, magtayo at magtanim.* Anupa't ipinagkakatiwala sa kanya ng Diyos ang misyong pabilisin ang takbo ng kasaysayan. Ang taong ito ay si Jeremias, isang batang lalaking taga-Anatot, buhat sa isang angkan ng mga pari.

Si Jeremias ang bumigkas ng mga salitang nasa aklat na ito, ngunit siya rin ang nagsabuhay ng mga pangyayari bilang tagapagpatotoo sa Diyos. Nakipagtulungan siya sa Diyos – hindi natin dapat katakutan ang salitang ito – sa kanyang pinakadakilang mga pasiya na nagbibigay ng direksiyon sa kasaysayan.

Kung ang kasaysayan nga ay ginagawa ng mga manggagawa, militante, palaisip at lahat ng uri ng responsableng tao, ang Diyos naman ang naglalapit sa lahat ng puwersa at pumapatnubay sa mga pangyayari sa paraang may nabibigo at may nagtatagumpay. Gumagawa ang Diyos sa kasaysayan sa pamamagitan ng mga gawain, salita, sinulat at panalangin ng napakaraming tao. Ngunit pinupukaw rin niya ang mas malalalim na puwersang nagpapasigla sa mga mahinang puso at nagpapalakas sa paghahangad ng katarungan ng tao sa daigdig. Sa mga larangan ng gawaing inilaan ng Diyos para sa sarili, ang mga tao lamang na lubusang nagpapaubaya ng sarili sa kanya ang nakikipagtulungan sa kanya.

Ang mga kaibigan ng Diyos ay nakikibahagi sa kanyang ganap na pamamahala sa mga pangyayari: si Abraham (Gen 18:16), si Moises (Ex 32:14), ang mga martir (Pag 20:4). Napabilang sa kanila si Jeremias, ang tahimik at mabait na binatang taga-Anatot, sapagkat inalisan siya ng sarili niyang kalooban hanggang sa puntong maihayag sa kanya ng Diyos ang *selosong pag-ibig* nito sa Israel at ang *pagkapoot* sa kasalanan. Kaya nagawa niyang magsabi ng mga parusang magkakatotoo sa Israel at mahulaan ang panahon ng Bagong Tipan.

Naniwala ang mga Judio ng sumunod na panahon na pagkamatay ni Jeremias, naroon siya sa harap ng Diyos, at siyang namamagitan sa kanila (2 Mac 2:1 at 14:14). Nang ang mga propetang sumunod sa kanya ay magsalita tungkol sa nagdurusang Tagapagligtas, ginunita nila ang mga pagsubok na dinanas ni Jeremias.

### *Tungkol sa Kasaysayan*

May animnapung taon ang pagitan ng mga huling propesiya ni Isaias (690 B.C.) at ng pagkatawag ng Diyos kay Jeremias (mga taong 626), na halos limampu ang saklaw ng paghahari ni Manases. Ginawa ng haring ito ang kanyang makakaya para wasakin ang pananampalataya ng mga Judio (tingnan ang 2 H 21). At noong 640, isang bata, si Yosias, ang lumuklok sa trono, at unti-unti muling nagningas ang namamatay na alab ng pananampalataya.

Iyon ang panahon na ang pagkadiskubre sa aklat ng Batas ay nagbigay-daan sa pagpapanibagong-sigla sa relihiyon, ang *Reporma ni Yosias* (2 H 22). Ngunit ilang taon pa bago iyon nang tawagin ng Diyos si Jeremias.

Naging malagim ang sumunod na mga pangyayari na nasaksihan ni Jeremias. Isinasalaysay ang mga ito sa 2 Hari 23:25 at inuulit sa Jeremias 39.

### *Balangkas ng Aklat ni Jeremias*

Ang mga salita ni Jeremias ay hindi nakatala ayon sa pagkakasunud-sunod ng petsa ng pagpapahayag. May apat na bahagi ang aklat:

– Mga propesiya laban sa Juda at Jerusalem: kabanata 1-25.

– Mga propesiya laban sa mga bansa. Ipinapahayag sa wakas ng kabanata 25, ang mga iyon ang bumubuo sa mga kabanata 46-51.

– Mga pangako ng kaligayahan: kabanata 29-35.

– Mga pagdurusa ni Jeremias: kabanata 36-45.

---

**1** 1 Ito ang mga salita ni Jeremias na anak ni
Hilcias, na isa sa mga pari sa Anatot sa
lupain ng Benjamin. 2 Dumating sa kanya ang
salita ni Yawe sa ikalabintatlong taon ng pagha-
hari ni Yosias na anak ni Amon at hari ng Juda.
3 At pati na sa paghahari ni Yoakim na anak ni
Yosias at hari ng Juda hanggang sa ikalimang
buwan sa ikalabing-isang taon ni Sedekias na
anak ni Yosias at hari ng Juda, nang maipatapon
ang mga taga-Jerusalem.

#### Tinawag ng Diyos si Jeremias

• 4 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
5 "Bago pa kita hinubog sa sinapu-
punan, kilala na kita; bago ka pa isinilang,
ibinukod na kita, at hinirang na propeta sa
mga bansa!" 6 Sinabi ko: "O Yaweng
Panginoon! Hindi ako makakapagsalita
dahil bata pa ako!"
7 Ngunit sumagot si Yawe: "Huwag
mong sabihin: 'Bata pa ako.' Pupunta ka
para tuparin ang anumang iuutos ko sa
iyo. 8 Huwag kang matakot sa kanila
pagkat kasama mo ako upang ipag-
tanggol ka – si Yawe ang nagsasalita.
9 At iniunat ni Yawe ang kanyang
kamay at hinipo ang aking labi at sinabi
sa akin: "Inilalagay ko ngayon sa iyong

---

• **1.4.** Walang gaanong sinasabi si Jeremias tungkol sa kanyang bokasyon. Walang anumang maningning na pagpapakita ng Diyos. Ang dalawang pangitain tungkol sa sanga ng *nagtatanod na punungkahoy* (ng almond) at kumukulong kaldero ay waring napakaordinaryo para sa isang napakarangal na misyon. Pinatutunayan nito na ang mahalaga sa tawag na ito ay bagay na panloob.

*Inilalagay ko ngayon sa iyong bibig ang aking mga salita.* Ginawang propeta si Jeremias: mula noo'y ipapahayag niya ang salita ng Diyos. Hindi ito nangangahulugang laging sasabihin sa kanya ng Diyos ang kanyang ipapahayag; sa halip, yamang nag-iisip siya ngayon at nakadaramang tulad ni Yawe, tuwing magsasalita siya'y masasabi niya nang buong katotohanan: "salita ni Yawe."

*Pupunta ka sa lahat ng pinapupuntahan ko sa iyo.* Mula noon, papatnubayan ng lakas ng Espiritu si Jeremias; susunod siya gaano man ang panganib at sa kabila ng pagtutol ng pagiging likas na mahiyain niya. *Huwag kang matakot sa kanila, kung hindi'y gagawin kitang takot sa harap nila.* Ito ang kahanga-hangang pagpapahayag ng mapaghanap na pag-ibig ni Yawe. Ipinasya niyang hirangin ang binatang ito at pinipilit niya itong supilin at limutin ang sariling kahinaan bilang tao.

bibig ang aking mga salita. 10 Sa araw na
ito, ipinagkakatiwala ko sa iyo ang mga
bansa at kaharian:
upang bunutin at ibagsak,
upang wasakin at lipulin,
upang itayo at itanim."
11 At dumating sa akin ang isa pang
salita ni Yawe: "Jeremias, ano ang naki-
kita mo?" Sinabi ko: "Nakikita ko ang
sanga ng isang punong tinatawag na
bantay." 12 At sinabi sa akin ni Yawe:
"Tama ang nakikita mo; kaya nagba-
bantay rin ako para matupad ang aking
salita."
13 Muling dumating sa akin ang salita ni
Yawe: "Ano ang nakikita mo?" Sumagot
ako na nakikita ko ang isang kalderong
galing sa hilaga na kumukulo ang laman.
At sinabi ni Yawe sa akin:
14 "Mula sa hilaga sasabog ang kapa-
hamakan laban sa lahat ng nasa lupain.
15 Tinatawagan ko ang lahat ng kaharian
sa hilaga – si Yawe ang nagsasalita.
Darating sila at magkakampo ang bawat
isa sa mga pintuan ng Jerusalem at sa
lahat ng kuta sa paligid at sa lahat ng
lunsod ng Juda.
16 Hahatulan ko ang aking bayan dahil
sa kasamaang ginawa nila sa pagtalikod
sa akin at sa pagsusunog ng insenso sa
mga banyagang diyos at sa pagsamba sa
mga diyus-diyusang gawa ng kanilang
mga kamay.
17 Ngunit ikaw, humanda kang kumilos;
humayo ka at sabihin sa kanilang lahat
ang iniuutos ko. Huwag kang matakot sa
kanila, kung hindi'y ako ang mananakot
sa iyo sa harap nila! 18 Ginagawa nga kita
ngayong isang lunsod na nakukutaan,
isang haliging bakal at pader na tanso sa
harap ng buong bansa, ng mga hari ng
Juda, ng mga prinsipe, ng mga pari at ng
mga taumbayan.
19 Lalabanan ka nila pero hindi ka nila
malulupig, pagkat sasaiyo ako para iligtas
ka – si Yawe ang nagsasalita."

**Ang mga kataksilan ng Israel**

2
• 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe: 2 "Humayo ka at isigaw ito
upang marinig ng Jerusalem. Ito ang salita ni Yawe:
Natatandaan ko ang kabaitan mo sa iyong kabataan,
ang pag-ibig mo sa ating pulutgata,

---

*Sumasaiyo ako upang iligtas ka.* Inuulit ni Yawe ang sinabi niya kay Moises noong tawagin niya ito (Ex 3:12) at ang sasabihin din niya kay Pablo (Gawa 26:17). Bukod dito, may katiyakan si Jeremias na iniukol siya ng Panginoon sa misyong ito na hindi niya pinangarap at kinatatakutan pa niya. *Bago ka pa isinilang ay ibinukod na kita; kilala na kita buhat pa sa sinapupunan ng iyong ina.* Sa huli'y ganito rin ang sasabihin kay Juan Bautista (Lc 1:15), kay Kristo (tingnan Is 49) at kay Pablo (Gal 1:15).

Parang nauukol din sa atin ang mga sinabing ito kay Jeremias: hindi tayo bunga lamang ng pagkakataon. Sa Ef 1, pinupuri ni Pablo ang kaalamang ito ng Diyos bago pa ang lahat. Siya ang tumawag sa atin mula sa walang-hanggan upang makilala si Kristo at makibahagi sa mga kayamanang makalangit. Ngunit pinapagiisip din tayo ng sinabi kay Jeremias: sa kanyang walang-hanggang mga plano, malinaw niyang nakikita – sunod kay Kristo – ang mga binibigyan ng higit na sumasaklaw na misyon. Magiging mahirap para sa kanila na takasan ang di-matatanggihang tawag ng Diyos.

Parang pinupuwersa ng Diyos ang kalayaan ni Jeremias, pero akala lamang natin iyon sapagkat hindi pa natin nararanasan ang tunay na kalayaan, at hindi maipahahayag ng mga salita ang tunay na pangyayari.

*Binibigyan kita ng kapangyarihan sa mga bansa: magbubuwag ka at magwawasak.* Mula ngayon, dadalhin na ni Jeremias ang mapanlikhang salita ni Yawe. Sa naunang mga taon, naging waring mapangwasak ang salitang ito. Alam ni Jeremias na sa pagbigkas niya ng anumang kaparusahan, ipinapahayag niya ang hatol ng Diyos na di magtatagal at magkakatotoo.

Ang misyon ni Jeremias na *"bumunot at magwasak: magtayo at magtanim"* ang magiging misyon ng sinumang manggagawa sa ubasan ng Panginoon. Hindi maaaring magkaroon ng kompromiso ang pakunwaring pagkakristiyano at ang tunay na pananampalataya: ang tunay na apostol ay dapat *magwasak* upang *magtayo*.

• **2.**1 *Ang mga kabanata 2-6, liban sa talata 3:6-18, ay naglalaman ng mga pangangaral ni Jeremias sa naunang mga taong kasunod ng pagkatawag sa*

nang sundan mo ako sa ilang,
sa lupaing walang tanim.

3 Banal ang Israel kay Yawe,
ang unang bunga sa kanyang ani.
Lahat ng kumain nito ay nagdusa
at kapahamaka'y bumagsak sa kanila –
si Yawe ang nagsasalita.

4 Pakinggan ang salita ni Yawe, bayan ni Jacob,
lahat kayong angkan ng bansang Israel.
5 Ano ang kamaliang nakita sa akin ng inyong mga ninuno
at tinalikuran nila ako?
Bakit sila humabol sa walang-kabuluhan
at naging wala rin silang kabuluhan?

6 At hindi nila sinabi: Nasaan si Yawe
na nagpalaya sa amin sa Ehipto
at nagdala sa amin sa ilang,
sa lupain ng mga disyerto at bangin
sa lupain ng tagtuyot at karimlan,
sa lupaing hindi nadaraanan,
at walang naninirahan?

---

*kanya. Pagkaraan ng di-makadiyos na mga haring sina Manases at Amon, naging napakaliit ang malasakit sa relihiyon. Buong tapang na tinuligsa ni Jeremias ang pagwawalang-bahala ng lahat. Ang lengguwahe niya'y nahahawig kay Oseas na nagsalita sa gayunding kalagayan sa hilagang kaharian, mga sandantaon na ang nakalilipas. Para sa mga Israelita, Diyos o isang Diyos si Yawe ngunit hindi isang nabubuhay na malapit sa atin. Ngunit para kay Jeremias, ang Diyos ay parehong Ama at Asawa.*

*Natatandaan ko ang kabaitan mo sa iyong kabataan.* Mapapansin ang pagkasabik sa nagdaang panahon sa disyerto, sa kapanahunan ni Moises, noong palabuy-laboy pa at dukha ang bayan ngunit nananalig kay Yawe na tumutulong sa kanila. Ngunit habang itinatayo nila ang kanilang mga bahay at tinataniman ang kanilang mga ubasan at nagkakaroon ng mga anak, yumaman ang mga Israelita at nakalimot sa nagpala sa kanila. "Walang makapaglilingkod sa dalawang amo." Lumilitaw na si Yawe ay selosong asawa: napakadaling masiyahan ng mga taong iyon at hindi nila nadiskubre ang maalab na pag-ibig ng Diyos.

*Ang kanilang kaluwalhatian ay ipinagpalit ng bayan ko sa walang kabuluhang bagay.* Iniisip ni Jeremias ang kanyang mga kapanahong hindi nakakadiskubre sa di-nakikitang Diyos at nakadarama ng kapanatagan sa piling ng mga estatwa ng mga diyos na ginawa alinsunod sa kapritso ng tao at sa mga hulang ang habol ay lahat ng makinang at bago.

*Tinalikdan nila ako na pinagbubuhatan ng mga tubig ng buhay.* May tatlong paraan ang pagtalikod kay Yawe:

– Huminto sila sa paghanap sa kalooban ng Diyos, gaya ng ginawa ng kanilang mga pinuno... Binabanggit ang tatlong klase ng mga nasa kapangyarihan sa Juda: mga pari, mga pastol (o mga tagapamahala) at mga propeta.

– Ibinalik nila ang pagsamba sa mga huwad na diyos, na hinandugan nila ng mga sakripisyo at mga panata.

– Nakipagkasundo sila sa malalakas na bansang tulad ng Asiria at Ehipto sa hangaring mapangalagaan ang kanilang sarili; pero hindi nila nakikita na sa gayong mga pakikipagkasunduan ay natutulad sila sa ibang mga bayan. Ang kanilang bokasyon ay manatiling nananalig kay Yawe sa pagkaalam na hinding-hindi niya sila pababayaan kung igagawad nila ang katarungan sa bayan.

Tingnan din ang paliwanag sa Isaias 30:22.

*Dapat malaman at makita na masaklap at masamang talikuran si Yawe na inyong Diyos.* Maaaring napakasimple ang naging pananaw ni Jeremias at ng mga propeta tungkol sa katarungan ng Diyos sa daigdig na ito. Alam nating ang kasaganaan o kapahamakan ay hindi matibay na pruweba kung mabuti o masama ang ating buhay. Ngunit ang mga nagninilay sa kanyang buhay at sa kasaysayan ay makapagpapatunay sa mga sinabi ni Jeremias na laging naghahatid ng kaparusahan ang kasalanan.

*Ang dugo ng mga walang malay* (34). Maraming bahagi ng Biblia ang tumutukoy sa mga batang isinakripisyo sa mga diyus-diyusan.

7 Dinala ko kayo sa isang matabang lupa
upang makain ninyo ang pinakamabubuting bunga.
Sa pagdating ninyo nama'y
dinungisan ninyo ang aking lupain
at nilapastangan ang aking pamana!

8 Hindi itinanong ng mga pari: 'Nasaan si Yawe?'
Hindi ako nakikilala ng mga may hawak sa aking Batas.
Ipinagkanulo rin ako ng mga pinuno,
at sumunod naman ang mga propeta sa mga walang-silbi
at nagbibigay ng mga sagot sa ngalan ng Baal.

9 Kaya makikipag-away ako sa inyo –
si Yawe ang nagsasalita –
at uusigin ko ang mga anak ng inyong mga anak!

10 Tumawid ka sa pulo ng Ciprus at tingnan ninyo
o magsugo sa Kedar, pakaisipin ninyo:
may naganap na bang tulad nito?
11 May bansa bang nagpalit ng kanyang mga diyos,
gaano man ka-huwad?
Ang aking bayan lamang ang nagpapalit
ng kanilang Luwalhati para sa walang-kabuluhan!

12 Kayat mangilabot ka, O langit!
Manggilalas at manlumo –
si Yawe ang nagsasalita:
13 Sapagkat dalawang kasamaan ang ginawa ng aking bayan:
tinalikuran nila ako na bukal ng buhay na tubig,
at humukay sila para sa kanilang sarili
ng mga sirang balong di makapag-ipon ng tubig!
14 Isinilang bang alipin ang Israel?
Bakit siya nasamsam ng iba?
15 Tulad sa mga leong ubos-lakas na umaatungal,
at sumusunggab sa iyo,
winasak nila ang iyong lupain,
at iniwang walang mamamayan ang mga lunsod.
16 Hinamak ka pati na ng mga Ehipsiyo ng Memfis at Tafanes!

17 Hindi ba ikaw ang may gawa nito sa iyong sarili
dahil tinalikuran mo si Yaweng iyong Diyos
gayong inaakay ka niya?

18 Ano'ng ihaharap mo ngayon sa Ehipto?
Pagagalingin ka ba ng tubig ng Nilo?
Bakit ka pumupunta sa Asiria?
Mapapakinabangan mo ba ang tubig ng ilog?

19 Pinarurusahan ka ng sarili mong kasamaan
at pinahihirapan ng sarili mong kataksilan!

Alamin mo at tingnan ang pait at kasamaan
ng pagtalikod kay Yaweng iyong Diyos
at nawalan na ng takot sa akin –
Si Yaweng Diyos ng mga Hukbo ang nagsasalita!

20 Matagal mo nang winasak ang iyong pamatok
at nilagot ang iyong gapos,
at sinabi: 'Hindi ako maglilingkod!'
Sa bawat burol
at sa lilim ng bawat luntiang punungkahoy,
ipinagbili mo ang iyong sarili!

21 Itinanim kita, tulad sa piling ubas
sanga ng matamis na klase!
Bakit ka umasim at naging ligaw na baging?
22 Maghugas ka man ng lihiya at sabong sagana,
mananatili ang bahid ng iyong kasalanan sa aking harapan –
si Yaweng Panginoon mo ang nagsasalita.

23 Paano mo masasabing 'Hindi ako nadungisan
ni sumunod sa mga Baal?'
Masdan mo ang iyong mga bakas sa lambak,
at aminin ang iyong ginawa,
kiring babaeng kamelyo na patakbu-takbo!
24 Tulad ka sa asnong-ligaw sa ilang,
na humahalinghing sa lunggati,
sino ang makarerenda sa kanyang pagnanasa?
Hindi kailangang humabol sa kanya,
matatagpuan siya sa panahon ng asawahan.
25 Tumakbo lamang hanggang magyapak
at matuyuan ng lalamunan!

Sinasabi mo nga naman: 'Hindi na titigil,
mahal ko ang mga banyagang diyos,
sila ang sinusunod ko.'

---

**Ang mga krimen ng Jerusalem**

26 Gaya ng magnanakaw na napapahiya kapag nasusukol
ang sambahayan ng Israel,
sila – ang kanilang mga hari, mga prinsipe,
ang kanilang mga pari at propeta.
27 Sinasabi nila sa isang punongkahoy: 'Ikaw ang aking ama.'
At sa isang bato: 'Isinilang mo ako!'
Tinalikuran nila ako sa halip na harapin,
Ngunit tatawag din sila sa akin sa araw ng kasawian:
'Bumangon ka at iligtas kami!'
28 Nasaan ang ginawa ninyong mga diyus-diyusan?
Sila ang dapat bumangon para iligtas kayo sa kasawiampalad.
Sapagkat sindami ng inyong mga lunsod ang inyong mga diyos, O Juda!
29 Bakit pa kayo nakikipagtalo sa akin?
Nagtataksil kayong lahat sa akin –
si Yawe ang nagsasalita.
30 Walang napala sa pagpaparusa ko sa inyong mga anak,
hindi nila natutuhan ang aral!
Sa halip, tulad sa naninibasib na leon,
nilipol ang inyong mga propeta ng sarili ninyong tabak.

31 Pakinggan ninyong lahat ang sinasabi ni Yawe:
Ako ba ay naging disyerto sa Israel,
isang lupain ng kadiliman?
Bakit sinasabi ng aking bayan:
'Lalayuan ka namin
at hindi na kami babalik sa iyo'?
32 Nalilimutan ba ng dalaga ang kanyang mga hiyas
o ng ikakasal ang kanyang pamigkis?
Ngunit nalimutan ako ng aking bayan
sa napakahabang panahon!
33 Napakagaling mo sa paghanap ng mangingibig!
Kasabwat ka pati sa mga kasamaan!
34 Masdan mo ang iyong damit,
may bahid ng dugo ng dukhang walang-malay
na hindi sa pagsalakay namatay.
35 Alam kong sinasabi mo:
'Wala naman akong kasalanan,
Bakit ayaw akong talikuran ng kanyang poot?'
Pararatangan kita: Talaga ngang nagkasala ka!
36 Kaydali mo namang magpalit ng gawi!
Gayunma'y hihiyain ka ng Ehipto
pati ng Asiria.
37 Mula roo'y aalis ka ring hiyang-hiya,
sapagkat binigo ni Yawe ang iyong pinanaligan,
at hindi ka nila matutulungan!

### Makababalik ka ba sa akin?

3 • 1 Kapag diniborsiyo ng isang lalaki ang kanyang asawa, iniiwan siya nito at nag-aasawa ng ibang lalaki, makakabalik pa ba ang lalaki sa babae? Hindi ba iskandalo iyon? At ikaw, matapos kang magpalipat-lipat sa iba't iba mong kinasama, makakabalik ka ba sa akin?
Si Yawe ang nagsasalita.
2 Tumanaw ka sa mga burol at tingnan mo: Alin ang hindi mo hinalay sa mga ito? Nakaupo ka sa may tabing-daan at naghintay sa iyong mga mangingibig, gaya ng isang Arabo sa ilang, at nilapastangan mo ang lupain sa iyong kasamaan at kahalayan!
3 Hinadlangan ang unang ulan, at hindi rin dumating ang huling tubig, ngunit gaya ka ng babaeng bayaran at hindi ka marunong mahiya.
4 At tumawag ka pa sa akin: 'Ama, gabay ng aking kabataan!
5 Lagi ka bang mapopoot? Hindi na ba matatapos ang iyong pagkamuhi?' Iyan ang sinabi mo at muli kang gumawa ng pagkakasala at sinunod mo rin ang iyong gusto."

### Ang halimbawa ng magkapatid

• 6 Sa panahon ng paghahari ni Yosias, sinabi sa akin ni Yawe: "Nakita mo ba kung ano ang ginawa ng taksil na Israel? Gumawa siya ng kahalayan sa bawat mataas na burol at sa lilim ng bawat berdeng punungkahoy.
7 Kayat naisip ko: Pagkatapos ng lahat ng ito ay babalik din siya sa akin. Ngunit hindi siya nagbalik.
At nakita ito ng kanyang sutil na kapatid na si Juda,
8 na pinalalayas ko ang taksil na Israel sa bawat kahalayan nito. Gayunma'y nakita kong hindi natakot ang di-tapat na Juda at nagpakasama rin!
9 Sapagkat walang-kabuluhan sa Juda ang

---

• **3.**1 Dito nagsisimula ang tula na ipagpapatuloy sa 3:19-4:2.

*Kapag diniborsiyo ng lalaki ang kanyang asawa.* Hindi mauunawaan ang pagkakasala kung hindi nakikilala ang pag-ibig. Sa bayang ito na may pusong matigas ipinapahayag ni Jeremias na ito ang "asawa" ni Yawe ngunit nag-asal itong gaya ng isang babaeng bayaran. Isang babaeng may kalaguyo at nilayasan ang kanyang asawa at isinakripisyo ang kanyang mga anak para humabol sa ibang mga lalaki.

Taliwas sa karaniwang nangyayari, hinahanap ng iniwang lalaki ang nagkasalang asawa. Hindi karapat-dapat ang Juda na balikan pa ni Yawe at walang maireklamo ang Juda sa pagdating ng mga kasawian. Ngunit gayon na lamang ang pag-ibig ni Yawe para hanapin niya ang taksil na bayang ito.

• 6. Pinuputol ng dalawang sumusunod na talata ang tulang ito na sinimulan sa 3:1.

3:16-13. Sinulat ang mga bersong ito noong mabawi ni Yosias ang isang bahagi ng hilagang kaharian (Kaharian ng Israel). Tingnan ang paliwanag sa 2 Hari 23:15. Pagkaraan ng maraming panganib, hindi kailanman nawala ang pag-asa sa pagbabalik-loob.

3:15-18. Sinabi ni Jeremias ang mga salitang ito pagkaraang ganap na mawasak ang Jerusalem sa taong 587, at nagtataglay ang mga ito ng mga pangako ng muling pagtatayo. Isiningit dito sa aklat ang mga ito upang mabawasan ang kawalang-pag-asa at panghihina ng loob na bunga ng napakaraming pagtatakwil. Ang totoo'y dapat munang maganap ang lahat ng mga bantang parusang ito bago magbigay ang Diyos ng bagong pag-asa.

kahalayan ng kanyang kapatid na Israel, nila-
pastangan din nito ang lupain, at sumamba sa
mga bato at punungkahoy.
10 At pagkatapos nito'y hindi nagbalik-loob
sa akin nang buong-puso ang taksil na Juda.
Nagkunwari lamang.
Si Yawe ang nagsasalita."
11 At nagpatuloy si Yawe: "Hindi kasinsama
ng mapagkunwaring Juda ang hindi tapat na
Israel.
12 Kaya humayo ka't isigaw ang mensaheng
ito sa Hilaga:
Magbalik ka, taksil na Israel – si Yawe ang
nagsasalita: Hindi ko pababagsakin sa iyo ang
aking poot dahil sa kagandahang-loob at di ako
mapopoot sa habampanahon.
13 Aminin mo lamang ang iyong pagkaka-
sala; naghimagsik ka kay Yaweng iyong Diyos
at nakipag-ibigan sa mga banyaga, sa lilim ng
bawat berdeng punungkahoy, at hindi pina-
kinggan ang aking tinig – ito ang salita ni Yawe.

**Mga pangako sa bagong Jerusalem**

14 Bumalik kayo, mga taksil – si Yawe ang
nagsasalita – sapagkat ako ang inyong Pangi-
noon. Kukuha ako ng isa mula sa bawat lunsod
at dalawa mula sa bawat angkan at dadalhin ko
sa Sion. 15 Kaya bibigyan ko kayo ng mga pi-
nunong susunod sa akin, at bubusugin kayo sa
karunungan at pagkaunawa. 16 At kapag du-
mami na kayo sa lupaing iyon – si Yawe ang
nagsasalita – hindi na babanggitin ng tao ang
Kaban ng Tipan ni Yawe, hindi na iyon magu-
gunita o hahanapin, at hindi na muling gagawin!
17 Sa panahong iyon, tatawaging Trono ni
Yawe ang Jerusalem at doon magtitipon ang
mga bansa alang-alang sa Ngalan ni Yawe at
hindi na nila susundin ang kanilang makasa-
lanang puso.
18 Sa panahong iyon, makikipag-isa ang
bayan ng Juda sa bayan ng Israel at magka-
sama silang magbabalik mula sa Hilaga sa
lupaing ipinamana ko sa kanilang mga ninuno.

**Karugtong ng tula ng pagbabalik-loob**

19 At naisip ko: Anong galak kong isasama
kayo sa aking mga anak at ipamamana ang
isang magandang lupaing pinakamabuti sa
lahat ng mga bansa! At naisip kong tatawagin
ninyo akong 'Ama ko' at hindi na ako tata-
likuran!
20 Ngunit gaya ng isang taksil na babae sa
kanyang asawa, nagtaksil kayo sa akin, O
bayan ng Israel! – si Yawe ang nagsasalita.
21 May kaingay na narinig sa kaburulan, ang
iyakan at pagluhog ng mga anak ng Israel,
sapagkat lumihis sila ng landas at nakalimutan
si Yaweng kanilang Diyos!
22 Bumalik kayo, mga anak na taksil, at paga-
galingin ko kayo sa inyong paghihimagsik!"
"Oo, bumabalik kami sa iyo, sapagkat ikaw
si Yaweng aming Diyos!
23 Talagang walang maaasahan sa mga sam-
bahan at handaan sa mga burol; si Yawe lamang
ang aming Diyos, na makapagliligtas sa Israel.
24 Inubos ng walang dangal na diyos ang lahat
ng pinaghirapan ng aming mga ninuno mula pa
sa aming pagkabata, ang kanilang mga kawan
at bakahan, ang kanilang mga anak. 25 Mag-
patirapa tayo sa hiya at lukuban tayo ng kali-
tuhan, sapagkat nagkasala tayo kay Yaweng
ating Diyos, gayundin ang ating mga ninuno
mula pa sa kamusmusan hanggang sa araw na
ito, sa halip na sinunod ang tinig ni Yaweng ating
Diyos!"

**Makababalik ka kung gusto mo**

4 1 "Kung babalik ka sa akin, O Israel – si
Yawe ang nagsasalita – kung magbabalik-
loob ka sa akin at aalisin mo sa harap ko ang
iyong mga diyus-diyusan, hindi ka na magta-
tago pa sa akin.
2 Kung kikilalanin mo ang Ngalan ni Yawe
nang may katotohanan, katarungan at kata-
patan, pagpapalain siya ng lahat ng bansa at
pupurihin ang kanyang Pangalan."
3 Ito ang sinasabi ni Yawe sa mga taga-Juda
at Jerusalem: "Bungkalin nang malalim ang
lupa na hindi tinatamnan at huwag magtanim sa
gitna ng mga tinik.
4 O mga taga-Juda at taga-Jerusalem! Mag-
patuli kayo alang-alang kay Yawe at linisin ang
inyong mga puso, kung hindi'y mag-aalab na
gaya ng apoy ang aking poot dahil sa masa-
mang gawa ninyo at walang makapapatay nito.

**Babala ng kapahamakan**

5 Ibalita sa Juda, ipahayag sa Jerusalem,
hipan ang trumpeta sa lupain;
sumigaw nang malakas at sabihin:
"Magtipon tayo at tumakas sa mga naku-
kutaang lunsod! 6 Ituro ang daang patungo sa
Sion! Dali-daling tumakas, huwag nang ipag-
paliban! Sapagkat magdadala ako ng lagim at
kapahamakan mula sa Hilaga."
7 Lumitaw sa dawag ang leon; lumakad ang
tagapagwasak ng mga bansa para iguho ang
inyong lupain at iwang tiwangwang ang inyong
mga lunsod!
8 Magsuot ng sako dahil dito; managhoy at
tumangis dahil hindi pa lumalayo sa atin ang
nag-aapoy na poot ni Yawe.

9 Sa araw na iyon – si Yawe ang nagsasalita –
panghihinaan ng loob ang hari at mga pinuno,
masisindak ang mga pari at mangingilabot ang
mga propeta. Sasabihin ng mga tao: 10 "A,
Panginoong Yawe, talagang nilinlang mo ang
mga taga-Jerusalem! Sapagkat sinasabi mo:
'Sasainyo ang kapayapaan.' At sa halip ay
tabak ang dumating."
11 Sa takdang panahon, sasabihin ito sa mga
taga-Jerusalem: "Mula sa kabundukan ng ilang,
dumating ang tuyong hangin sa bayan ko,
ngunit hindi para sa pagtatahip ng butil.
12 Isang malakas na hangin ang manggagaling doon."
Hahatulan ko sila ngayon:
13 "Masdan ninyo! Mabilis pa sa mga ulap ang
dumarating; gaya ng ipuipo ang kanyang mga
karwahe; mabilis pa sa mga agila ang kanyang
mga kabayo! Kawawa tayo sapagkat nalupig na
tayo!"
14 Linisin mo sa lahat ng kasamaan ang iyong
puso, Jerusalem, upang ika'y maligtas! Hanggang kailan mo iingatan ang kasamaan sa iyong
dibdib?
15 May tinig na nanggagaling sa Dan; nababalitaan ang kapahamakan mula sa kabundukan ng Efraim! Bigyang-babala ang mga
bansa: 16 Malaman ng lahat na dumarating sa
Jerusalem at Juda ang mga kaaway galing sa
malayong lupain.
17 Pinaliligiran nila ang Jerusalem gaya ng
mga nagtatanod sa bukid, sapagkat naghimagsik siya laban sa akin – si Yawe ang nagsasalita.
18 Ang iyong pamumuhay at mga gawain ang
naghatid nito sa iyo. Anong pait ng iyong kaparusahan na dinamdam ng iyong puso!

**Lupang tiwangwang**

19 Mabigat ang loob ko! Nangangatal ang aking mga bituka; malakas ang tibok ng aking puso. Wala na akong kapayapaan pagkat naririnig ko ang trumpeta at ang hiyaw ng digmaan!
20 Sunud-sunod na kapahamakan; nawalan na ng kabuluhan ang lupain; biglang nawasak ang aking mga tolda at
nawala ang aking sinisilungan. 21 Hanggang kailan ko makikita ang mga bandila at maririnig ang trumpeta?"
22 Talagang hangal ang bayan ko at hindi nila ako nakikilala. Mga suwail sila at mangmang, tuso sa paggawa ng masama, ngunit hindi marunong gumawa ng mabuti!
23 Tiningnan ko ang sanlibutan at wala itong anyo at walang laman, at tiningnan ko naman ang kalangitan, ngunit wala itong ilaw.
24 Tiningnan ko ang mga bundok at yumayanig ang mga iyon, umuuga ang mga burol.
25 Tumingin akong muli at wala nang tao, nagliparan na ang mga ibon.
26 Tumingin ako at nakita kong disyerto na ang mabungang lupain at guho na ang lahat ng bayan dahil kay Yawe at sa kanyang poot.
27 Oo, ganito nga ang sinasabi ni Yawe:
"Masasalanta ang buong lupain, gayunma'y hindi ko iyon ganap na wawasakin.
28 At ngayon, nagdadalamhati ang sanlibutan, nangungulimlim ang langit: sapagkat nagsalita na ako at hindi magbabago ang aking pasya; ito ang aking pasya at hindi ko na babawiin pa."

29 Sa yabag ng mga mangangabayo at tagapana, bawat isa'y tumakas sa dawagan at umakyat sa batuhan. Iniwan ang lahat ng bayan at walang sinumang naiwan.
30 At ikaw na naulila, ano ang gagawin mo? Magsuot ka man ng damit-hari o mga hiyas na ginto at maglagay ng pampaganda sa iyong mga mata, para saan ang lahat ng ito? Hindi ka na gusto ng iyong mga mangingibig at handang utangin ang iyong buhay.
31 Narinig ko ang sigaw na parang sa babaeng manganganak, daing ng isang nanganganay. Iyon ang taghoy ng Dalagang Sion, naghahabol ng hininga at nakaunat ang mga kamay: "Kawawa ako! Nawawalan na ako ng ulirat at naliligid ng mga mamamatay-tao!"

**Walang sinumang matuwid**

5 • 1 Libutin ang mga daan ng Jerusalem; masdang mabuti at bigyang pansin.

---

• **5**.1 Sa 4:9 sinimulan ang tulang ito tungkol sa isang pagsalakay buhat sa Hilaga.
*Saliksikin ang kanyang mga liwasan para makakita, kung mayroon nga, ng kahit isang taong matapat.* Gaya ng nasa Gen 18, papayag si Yawe na patawarin ang lahat dahil sa isang "taong matuwid."

Saliksikin ang kanyang mga liwasan para ma-
kakita, kung mayroon nga, ng kahit isang taong
matapat na naghahanap sa katotohanan. At sa
gayo'y patatawarin ko ang lunsod na ito.
2 Kahit na sinasabi nilang "Kinikilala ko ang
Ngalan ni Yawe," hindi naman tunay ang kani-
lang pagkilala. 3 Di ba't hanap ng iyong mga
mata, Yawe, ang katotohanan? Sinaktan mo na
sila, ngunit hindi nila naramdaman; nilupig mo
sila, ngunit ayaw nilang magbago. Lalong tu-
migas ang kanilang mga mukha, higit pa sa
bato, at ayaw nilang magsisi.
4 Pagkatapos ay naisip ko: "Mga dukha la-
mang silang lumilihis sapagkat wala silang alam
sa kalooban ni Yawe o sa Kautusan ng kanilang
Diyos! 5 Kayat pupuntahan ko ang mga maha-
laga at kakausapin ko sila; siguro kilala nila si
Yawe at ang Kautusan ng kanilang Diyos." Ngu-
nit naghimagsik sila at winasak ang kanilang
pamatok.
6 Dahil dito, susunggaban sila ng leon sa
gubat at lalapain ng mga asong-gubat mula sa
ilang; nag-aabang sa kanilang mga lunsod ang
leopardo at lulurayin ang sinumang magtang-
kang lumabas. Sapagkat napakarami na ng
kanilang kasalanan at hindi na mabilang ang
kanilang paghihimagsik!
7 Ba't ko kayo patatawarin? Tinalikuran ako
ng inyong mga anak at sumamba sila sa mga
diyus-diyusan. Pinakain ko sila at binusog, ga-
yunma'y, nakiapid sila't pumila sa bahay ng
babaeng bayaran. 8 Sila'y mga kabayong busog
at nangangasawa, humahalinghing dahil sa
asawa ng kanyang kapwa.
9 Hindi ba dapat ko silang parusahan nang
mabigat dahil doon – si Yawe ang nagsasalita –
hindi ba dapat akong maghiganti sa isang ban-
sang gaya nito?
10 Pasukin ninyo, mga kaaway, ang kanilang
mga ubasan at sirain iyon, pero huwag ganap na
wasakin. Baliin ang mga sanga, pagkat hindi
naman kay Yawe iyon.
11 Talagang nagtaksil sa akin ang bayang
Israel at ang bayan ng Juda – si Yawe ang
nagsasalita.
12 Nagsinungaling sila laban sa dangal ni
Yawe nang sabihing: "Hindi siya totoo; walang
kapahamakang darating sa amin; hindi kami
daranas ng digmaan o taggutom!
13 Ang mga propeta naman ay hangin la-
mang. Hindi sila kinakausap ng Diyos. Sa kanila
babagsak ang sarili nilang banta."
14 Ngunit nagsalita sa akin si Yaweng Diyos
ng mga Hukbo: "Dahil sinabi ito ng bayang ito,
ilalagay ko sa iyong bibig ang mga salitang
magiging parang apoy, at sila naman ang ma-
giging kahoy na lalamunin ng apoy."
15 Mga taga-Israel! Ipasasalakay ko kayo sa
bansang galing sa malayo – si Yawe ang nagsa-
salita – isang malakas at matandang bansa na
ang wika ay hindi ninyo alam.
16 May dalang kamatayan ang kanilang mga
pana; matatapang silang lahat!
17 Lalamunin nila ang inyong mga ani at
pagkain,
papatayin ang inyong mga anak,
kakatayin ang inyong mga tupa at baka,
uubusin ang inyong ubasan at mga puno ng
igos.
Lulupigin nila sa tabak ang mga nakuku-
taang lunsod na inyong pinananaligan.
18 Ngunit maging sa mga araw na iyon – si
Yawe ang nagsasalita – hindi ko sila ganap na
lilipulin. 19 At kapag sinabi nila: 'Bakit ginawa ni
Yawe ang lahat ng ito sa atin?' sasabihin mo sa
kanila: 'Kung paano ninyo ako tinalikuran at
naglingkod sa mga banyagang diyos sa inyong
lupain, maglilingkod din kayo sa mga banyaga
sa isang lupaing hindi inyo.'

**Di maiiwasang parusa**

20 Ipahayag mo ito sa mga inapo ni Jacob at
ipaalam sa Juda:
21 Pakinggan ninyo ito, hangal at walang-isip
na bayan –
may mga matang hindi nakakakita
may mga taingang hindi nakakarinig!
22 Hindi ba kayo natatakot sa akin?
– si Yawe ang nagsasalita –
Hindi ba kayo manginginig sa aking hara-
pan?
Ako na naglagay ng buhangin bilang hang-
ganan ng dagat,
walang hanggang hangganang hindi maba-
bagtas;
tumaas man ang mga alon ay di makalalam-
pas,
umangil man ay di makatatawid.
23 Ngunit tumalikod at umalis ang bayang ito
na may suwail at matigas na puso. 24 Hindi nila

---

Ngunit walang saysay ang kanyang paghahanap, at wala ring makikita si Jeremias ng isang nakauunawa. Pagkaraan ng maraming iba pa, ang pagsalakay na ito ay isang babalang nagbabalita ng pangwakas na pagkawasak. Ngunit ganito kabingi ang tao at ang mga bansa hanggang sa sila'y malipol. Sa Bagong Tipan, sisikapin ni Juan Bautista at pagkatapos ay ni Jesus at ng mga apostol na imulat ang kanilang mga kababayan, at ang tawag ding ito ang kanilang ipapahayag: magbalik-loob pagkat nalalapit na ang paghuhukom.

inisip: "Matakot tayo kay Yaweng ating Diyos na
nagpapaulan sa panahon ng tagsibol at tag-
lagas, at nagtatakda ng panahon sa pag-aani."
[25]Ginulo ito ng inyong mga krimen, inalisan
kayo ng biyaya ng inyong mga kasalanan.
[26]May mga may masamang-loob sa aking ba-
yan; nangangaso sila at nagmamasid at nag-
lalagay ng bitag, ngunit mga tao ang kanilang
nasusukol.
[27]Parang hawlang puno ng ibon
ang kanilang mga bahay na puno ng na-
samsam.
Yumaman sila at naging makapangyarihan,
[28]matataba at makikinis.
Walang hangganan ang kanilang mga kasa-
maan;
Walang katarungan sa kanilang kahatulan,
sapagkat hindi nila pinaninindigan ang kara-
patan ng mga ulila
o ipakikipaglaban kaya ang panig ng mga
dukha!
[29]Hindi ko ba sila dapat parusahan nang
matindi dahil sa mga bagay na ito? – si Yawe ang
nagsasalita.
Hindi ko ba paghihigantihan ang bayang
tulad nito?
[30]May kakila-kilabot at nakakatakot na
nangyari sa lupaing ito; [31]nagsasalita ng di-
totoo ang mga propeta at ipinangangaral ng
mga pari ang nakasisiya sa kanila, at iyon ang
gusto ng bayan ko. Ngunit ano ang gagawin mo
ngayon?

**Nilusob ang Jerusalem**

**6** [1]Mga anak ng Benjamin! Tumakas kayo,
umalis sa Jerusalem.
Hipan ang trumpeta sa Tekoa,
magbabala sa Bet-Hakerem,
sapagkat darating mula sa Hilaga ang kapa-
hamakan
at malaking sakuna.
[2]Hindi ba kita ihahambing, Dalagang Sion,
sa saganang pastulan? [3]Papunta sa kanya ang
mga pastol at kawan, at nagtatayo ng tolda sa
paligid niya, bawat isa'y nanginginain sa sariling
lugar.
[4]Ipahayag ang banal na digmaan laban sa
kanya,
sasalakay siya sa katanghalian.
Kawawa tayo! Lumulubog na ang araw
at kumakalat na ang dilim!
[5]Lumusob kayo sa gitna ng gabi
at wasakin ang kanyang mga palasyo!
[6]Sapagkat si Yaweng Diyos ng mga Hukbo
ay nagsalita: "Putulin ang mga puno at magtayo
ng kublihan laban sa Jerusalem na lunsod ng
kasinungalingan at pang-aalipin. [7]Bumubukal
sa kanya ang kasamaan gaya ng tubig mula sa
balon. Karahasan lamang at pagwawasak ang
naririnig sa kanya, at patuloy na nakikita ng
aking mga mata ang paghihirap at kalupitan.

**Babala ni Jeremias**

[8]Maging babala ito, Jerusalem, kung hindi'y
lalayuan kita at gagawing lupang ulila na walang
nakatira.
[9]Sinabi sa akin ni Yawe: "Sasairin mong
parang ubas ang anumang matitira sa Israel.
Gaya ng tagapulot ng ubas, dinadaanang muli ng
kanyang mga kamay ang mga sanga."
[10]Sino ang kakausapin ko? Sino ang makiki-
nig at makauunawa? Sara ang kanilang mga
tainga at hindi sila nakikinig. Pinagtatawanan
nila ang salita ni Yawe at ayaw nila nito.
[11]"Puno na ako ng poot ng Diyos at hindi ko
na maaagwantahan pa!"
"Kung gayo'y ibuhos mo ito sa mga bata sa
daan at sa pangkat ng mga kabataang lalaki,
sapagkat babagsak din ito sa mag-asawa at sa
matatandang hinukot na ng panahon. [12]Ibibigay
sa iba ang kanilang mga bahay, pati ang kani-
lang mga bukirin at mga asawa, sa sandaling
iunat ko ang aking kamay sa ibabaw ng mga
nasa lupain – si Yawe ang nagsasalita.
[13]Sakim nga silang lahat, maging ang pi-
nakadakila; mandaraya ang propeta gaya ng
pari. [14]Hindi nila inaasikaso ang sugat ng aking
bayan, kundi sinasabi nilang: "Kapayapaan,
kapayapaan" gayong walang kapayapaan.
[15]Mahiya naman sana sila sa kanilang mga
kasuklam-suklam na gawain. Wala na silang
kahihiyan at hindi na sila pinamumulahan ng
mukha, kayat matitisod sila at babagsak, ka-
sama ang iba pa, sa pagdalaw ko sa kanila – si
Yawe ang nagsasalita.
[16]Ito ang sabi ni Yawe sa inyo: "Tumayo kayo
sa tawiran; alamin ninyo at hanapin ang mga
dating landas. Itanong kung nasaan ang ma-
buting daan at iyon ang puntahan at magka-
kamit kayo ng kapayapaan para sa inyong
kaluluwa."
Ngunit isinagot ninyo: "Hindi kami dadaan
diyan."
[17]At nagtalaga sa inyo si Yawe ng mga
bantay: "Pakinggan ninyo ang tunog ng trum-
peta!" Ngunit sinabi ninyo: "Hindi kami maki-
kinig." [18]Makinig kayo, mga bansa; tingnan
ninyo, mga kabayanan, kung ano ang mang-
yayari sa kanila!
[19]Makinig ang sanlibutan! Magpapadala ako
ng kapahamakan sa bansang ito! Ito ang bunga
ng kanilang paghihimagsik, sapagkat hindi sila

nakinig sa sinabi ko at hinamak ang aking Kautusan.

[20] Hindi ko kailangan ang insensong galing sa Seba o ang pabangong galing sa malayong lupain. Hindi ko tatanggapin ang inyong mga sinunog na handog; hindi makasisiya sa akin ang inyong alay."

[21] Ito ang sinasabi ni Yawe: "Maglalagay ako ng mga sagabal sa harap ng bayang ito upang madapa sila – mag-aama, magkakapitbahay at magkakaibigan, sama-sama sila."

[22] Si Yawe ang nagsasalita: "Nakita na ninyo na parating ang isang bansa sa Hilaga, isang makapangyarihang bansa mula sa dulo ng daigdig.
[23] Nasasandatahan sila ng pana at sibat, malupit sila at walang-awa. Dumadagundong ang kanilang tinig, gaya ng dagat. Nakasakay sila sa kabayo, at darating silang parang iisang tao para salakayin ka, Dalagang Sion."

[24] Nang marinig namin ito, kami'y nanlupaypay, sinaklot ng hapis, gaya ng babaeng manganganak.
[25] "Huwag kayong magpunta sa bukid o sa daan, at baka naroon ang kaaway, sapagkat nasa lahat ng lugar ang sindak."

[26] Mga anak ng aking bayan, magsuot ng sako at gumulong sa abo; humandang magluksa sa mapait na pagtangis gaya ng iniuukol sa iisang anak, sapagkat biglang darating sa atin ang tagapagwasak.

**Israel, latak ng pilak**

[27] Ginawa kitang tagasuri sa gitna ng aking bayan, para siyasatin sila at malaman ang kanilang pamumuhay.

[28] Mga masuwayin at sinungaling silang lahat. Nabulok silang gaya ng tanso at bakal.
[29] Nag-iinit ang pugon para tunawin ang tingga sa apoy, ngunit bigo ang tagatunaw sapagkat nananatili pa rin ang dumi.
[30] Tinatawag silang 'latak ng pilak' sapagkat tinanggihan sila ni Yawe.

**Mawawasak ko ang templong ito**

**7** • [1] Ito ang sinabi ni Yawe kay Jeremias:
[2] "Tumayo ka sa pintuan ng Bahay ni Yawe at ipahayag ito nang malakas: Makinig kayo sa sinasabi ni Yawe, lahat kayong taga-Juda na pumapasok sa mga pintuan para sumamba kay Yawe.
[3] Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel:

Baguhin ninyo ang inyong ugali at ang mga gawain upang manatili ako sa piling ninyo sa lugar na ito.
[4] Huwag kayong umasa sa mga di totoong sinasabi sa inyo: Hayan ang Templo ni Yawe! Ang Templo ni Yawe! Ito ang Templo ni Yawe!

[5] Sa halip ay gawing mabuti ang inyong gawi at maging makatarungan sa lahat.
[6] Huwag ninyong pagsamantalahan ang dayuhan, ang ulila at ang biyuda, o padanakin ang dugo ng walang-malay sa lugar na ito; huwag sumamba sa mga huwad na diyos na siya ninyong kapa-

---

• **7**.1 Sa pagkakitang apat na dantaong ipinagsasanggalang ni Yawe ang Jerusalem, naniwala ang mga Judio na pinagpapala sila at ang Templo na siyang Bahay ni Yawe, naroon siya at buhat doo'y binabasbasan niya ang kanyang bayan.

*Hayan ang Templo ni Yawe! Ang Templo ni Yawe!* Doon sila pumupunta, at sa pagtitiwala sa mga kaloob ni Yawe, inisip nilang hindi na nila kailangang magbagong-buhay pa. Totoong iniutos ni Yawe ang pag-aalay ng mga handog, pero sapat nga bang kapalit ang pag-aalay ng isang hayop lamang para makipagkasundo sa Panginoon? Ano ang halaga ng mga seremonyang ito kung wala namang pagbabago ng ugali?

*Ang ginawa ko sa Silo ay gagawin ko sa templong ito.* Maraming beses nang winasak ng Diyos ang mga sagradong bagay at institusyon na ibinigay niya sa kanyang bayan. Laging ipinagpapalit ng mga tao ang Diyos sa mga paraang naghahatid sa Diyos, o sa mga banal na bagay, o sa mga taong kumakatawan sa Diyos. Lagi nating tinatakasan ang personal na engkwentro maging sa Diyos o sa ating kapwa, sapagkat natatakot tayo at kumakanlong sa basar ng relihiyon.

Ang lahat ng ibinibigay ng Diyos ay pansamantala, para makatawid tayo sa isa pang yugto: nagbigay ang Diyos ng mga hari at pagkatapos ay pinigilan sila, humingi siya ng mga handog at pagkatapos ay winasak ang templo at pinapalitan ito, nagbigay siya ng Batas at pagkatapos ay ipinakita kung gaano kawalang-bisa ang mga ito. Nagbigay siya ng mga pari at pagkatapos ay pinalitan ang mga ito ng Kristo.

Dito nagsasalita si Jeremias tungkol sa *Templo.* Sa 3:16, nagsasalita rin siya tungkol sa *Kaban ng Tipan:* mawawala na ang mga ito sa panahon ng Bagong Tipan. Sa 4:4, binabanggit din ni Jeremias ang *pagtutuli:* wala na itong silbi sa isang daigdig ng katotohanan: Rom 2:25-30.

Kasunod ng tekstong ito, may tatlo pang teksto na tumatalakay sa pagsamba:

– kinagagalitan ang bayan ng Diyos dahil sa magkaalinsabay na pagsamba kay Yawe at sa ibang mga diyos;

– nagsasagawa sila ng mga seremonya pero hindi naman binibigyang-pansin na sundin ang salita ng Diyos at gawin ang nakalulugod sa kanya.

Gaano karami ang naniniwalang dahil sa kanilang pagkakatoliko'y maaari na nilang balewalain ang salita ng Diyos at huwag talikdan ang materyalistang buhay na napakalayo sa anumang sambayanang Kristiyano.

hamakan. 7 At pananatilihin ko kayo sa
lugar na ito, sa lupaing bigay ko sa inyong
mga ninuno at magiging inyo magpakai-
lanman.
8 Bakit kayo nagtitiwala sa mga sali-
tang mapanlinlang at walang-saysay?
9 Nagnanakaw kayo, pumapatay, nakiki-
apid, nanunumpa sa walang katotohanan,
sumasamba sa Baal at sumusunod sa
mga dayuhang diyos na hindi inyo. 10 At
pagkatapos ninyong magawa ang lahat
ng nakapangingilabot na mga bagay na
ito, naparito kayo at tumayo sa harap ko
sa Templong ito na tahanan ng aking Pa-
ngalan at sinasabi ninyo: "Ngayo'y ligtas
na kami."
11 Tahanan ng aking Pangalan ang Ba-
hay na ito; at naging pugad ng mga mag-
nanakaw? Nasaksihan ko ito – si Yawe
ang nagsasalita. 12 Pumunta kayo sa Silo
sa Israel, sa lugar na unang ginawa kong
tahanan ng aking Pangalan, at tingnan
kung ano ang ginawa ko roon dahil sa
kasamaan ng aking bayang Israel.
13 Ginawa ninyo ang lahat ng ito at hindi
kayo nakinig nang paulit-ulit akong mag-
babala sa inyo, at hindi rin kayo sumagot
nang tawagin ko kayo. 14 Kaya gagawin
ko rin sa Templong ito na tahanan ng
aking Pangalan ang ginawa ko sa Silo;
magkakaganoon ang banal na lugar na ito
na ipinagkatiwala ko't ibinigay ko sa inyo
at sa inyong mga ninuno.
15 At palalayasin ko naman kayo upang
hindi ko na makita pa, kung paanong
pinalayas ko ang buong lahi ni Efraim na
kamag-anak ninyo.

16 Huwag mong ihingi ng awa ang mga taong
ito. Huwag mo silang ipanalangin o iluhog;
huwag mo silang ipagdasal sapagkat hindi kita
pakikinggan.
17 Hindi mo ba nakikita ang ginagawa nila sa
mga lunsod ng Juda at sa mga daan ng Jeru-
salem? 18 Namumulot ng kahoy ang mga bata at
nagsisindi ng apoy ang kanilang mga ama.
Nagmamasa ng harina ang mga babae para
gumawa ng tinapay para sa Reyna ng Langit at
nagbubuhos ng alay na inumin para sa mga
dayuhang diyos. Ginagawa nila ito para saktan
ang kalooban ko. 19 Ngunit ako nga ba ang
kanilang sinasaktan? – ang tanong ni Yawe –
Hindi ba sila mismo ang kanilang sinasaktan
hanggang sila ay mahiya?
20 Dahil dito kaya nagsalita si Yawe: "Ang
lagablab ng aking galit ay mabubuhos sa lugar
na ito, sa tao at sa hayop, sa mga puno sa bukid
at sa bunga ng lupa; magkakasunog na hindi
mapapatay.

**Tunay na relihiyon**

• 21 Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng
mga Hukbo: "Idinadagdag lamang ninyo
ang inyong mga sinunog na handog sa
inyong mga alay, at kinakain ninyo ang
laman. 22 Nang ilabas ko ang inyong mga
ninuno mula sa Ehipto, hindi ko sila inu-
tusan tungkol sa mga alay at sinunog na
handog.
23 Isang bagay ang iniutos ko sa kanila:
Pakinggan ninyo ang aking tinig at ma-
giging Diyos ninyo ako at kayo naman
ang bayan ko. Sundin ninyo ang aking
kalooban at sasainyo ako. 24 Ngunit hindi
sila nakinig at nagwalang-bahala; mas
sinunod nila ang hilig ng kanilang matigas
na puso, at tinalikuran nila ako.

25 Mula nang inilabas ko ang kanilang mga
ninuno mula sa Ehipto hanggang sa araw na ito,
patuloy kong isinusugo sa kanila ang aking mga
lingkod – ang mga propeta. 26 Ngunit hindi na-
kinig ang mga taong itong matigas ang ulo.
Nagwalang-bahala sila at mas nagpakasama
kaysa kanilang mga ninuno."
27 "Masasabi mo sa kanila ang lahat ng ito,
pero hindi sila makikinig; matatawag mo sila,
pero hindi sila sasagot. 28 Sabihin mo ito sa
kanila: Ito ang bansang hindi sumunod kay
Yawe o tumanggap ng pagtutuwid; napawi na
ang lahat ng katotohanan sa kanilang mga labi."
29 Gupitin ang inyong buhok at itapon iyon.
Umawit ng panaghoy sa panot na mga burol,
pagkat itinakwil na ni Yawe ang salinlahing ito at
kinasuklaman sila. Ito ang salita ni Yawe.
30 "Ginawa ng kabayanan ng Juda ang kinai-

• 21. Ang tunay na relihiyon ay pakikinig sa Salita ng Diyos!

inisan ko; inilagay nila ang kanilang mga diyus-
diyusan sa santuwaryong tahanan ng aking
Pangalan at nilapastangan iyon. 31 Itinayo nila
ang templo ng Tofet sa Lambak ng Ben Hinom
at doon nila sinunog ang kanilang mga anak na
lalaki at babae – isang bagay na kailanma'y di ko
iniutos o naisip man lamang.
32 Kayat darating ang panahon na hindi na
iyon tatawaging Tofet o Lambak ng Ben Hinom
kundi Lambak ng Patayan, sapagkat ililibing
nila ang mga patay sa Tofet dahil wala nang
ibang lugar. 33 At magiging pagkain ng mga ibon
at hayop ang mga bangkay nila; at walang
sinumang bubugaw sa mga iyon.
34 Sa mga lunsod ng Juda at sa mga daan ng
Jerusalem patitigilin ko ang tuwa at kaligaya-
han, at mga awitin ng mga ikakasal; at magiging
tiwangwang ang lupain.

**8** • 1 Pagsapit ng takdang panahon – si Yawe
ang nagsasalita – dadalhin nila mula sa
mga libingan ang mga kalansay ng mga hari ng
Juda, ang mga buto ng kanilang mga ninuno, ng
mga pari, mga propeta at mga taga-Jerusalem.
2 Ibibilad nila iyon sa Araw at sa Buwan at sa
lahat ng diyos ng kalangitan na kanilang mi-
nahal at pinaglingkuran, sinunod at sinamba.
Hindi na titipunin ang mga buto para ibalik sa
libingan kundi mananatili bilang dumi sa lupa.
3 Mas gugustuhin pang mamatay kaysa ma-
buhay ng mga natira sa baluktot na lahing ito sa
mga lugar na pinagtabuyan ko sa kanila – sabi
ni Yawe ng mga Hukbo.

**Kasalanan at parusa**

4 Sasabihin mo sa kanila: "Ito ang sinasabi ni
Yawe: Hindi ba bumabangon ang nabubuwal?
At hindi ba bumabalik ang umaalis? 5 Kaya bakit
tumatalikod at patuloy na naghihimagsik ang
bayang ito? Ginagawa na nilang kaugalian ang
panlilinlang at tumatangging magsisi.
6 Nakinig akong mabuti; hindi nila sinabi ang
katotohanan at hindi rin pinagsisihan ang kani-
lang mga kasamaan. Walang nagsabi: 'Ano ang
nagawa ko!' Patuloy sila sa nakagawian, gaya
ng mga kabayong papunta sa digmaan. 7 Alam
kahit ng tagak sa langit ang kanyang panahon;
alam ng kalapati, ng layang-layang, ng bakáw
kung kailan babalik, ngunit hindi nakaaalam
ang aking bayan sa iniuutos ni Yawe.
8 Paano ninyo masasabing 'Matalino kami at
nasa amin ang Kautusan ni Yawe' matapos na
gawing kasinungalingan iyon ng sinungaling na
panulat ng mga eskriba?
9 Malalagay sa kahihiyan ang matatalino;
masasaktan lamang sila at patatahimikin. Ma-
tapos nilang hamakin ang salita ni Yawe, nasaan
na ang kanilang talino?
10 Kayat ibibigay ko ang kanilang mga asawa
sa ibang lalaki, ang kanilang mga bukirin sa
mga mananakop, sapagkat mukhampera si-
lang lahat, mula sa pinakahamak hanggang
pinakadakila; mandaraya silang lahat, mula sa
propeta hanggang sa pari.
11 Walang-kabuluhan sa kanila ang paghi-
hirap ng aking bayan sa pagsasabing: 'Kapa-
yapaan, kapayapaan!' gayong wala namang
kapayapaan.
12 Nahihiya ba sila sa kasuklam-suklam
nilang ugali? Wala na silang hiya at hindi na
pinamumulahan ng mukha. Kayat matitisod sila
at babagsak, kasama ang iba, kapag pinaru-
sahan ko sila.
13 Tatapusin ko silang lahat – si Yawe ang
nagsasalita – sapagkat walang ubas ang uba-
san, walang igos ang puno ng igos, maging ang
mga dahon ay lanta na. Ibibigay ko ang mga ito
sa mga nagdaraan."
14 "Bakit tayo tahimik na nakaupo? Magsitin-
dig kayo at pumunta sa mga nakukutaang
lunsod upang doon mamatay.
Tingnan ninyo, ipinapapatay tayo ni Yawe at
binibigyan niya tayo ng tubig na may lason,
sapagkat nagkasala tayo sa kanya.
15 Naghintay tayo ng kapayapaan ngunit
wala siyang ibinigay na mabuti! Sa panahon ng
gamutan, sindak lamang!
16 Narinig namin mula sa Dan ang halinghing
ng mga kabayo; yumayanig ang lupa sa ingay
ng halinghing ng mga kabayo."
"Darating sila at lalamunin ang lupain at lahat
ng naroon, pati ang lunsod at lahat ng naninira-
han doon. 17 Sapagkat ipinadadala ko laban sa

---

• **8.1** Pinagsama sa tatlong kabanatang ito ang iba't bang pahayag na sinabi ni Jeremias sa panahon ni Haring Yoakin.

Wala pa ang ating Biblia nang panahong iyon. Ang mga bahagi nito na naisulat na ay hindi nailalabas sa aklatan ng Templo. Para sa bayan, ang salita ng Diyos ay binubuo ng mga tradisyong iniingatan ng mga pari, at ng kanilang mga pasiya sa pagpapatupad ng Batas ng Diyos; ito rin ay ang mga salita ng mga propeta na nagbibigay ng salita ng Diyos para sa kanilang panahon.

Ngunit nasira ang dalawang bukal na ito ng pananampalataya, at hindi na rin puwedeng malaman pa ang kahulugan ng mga pangyayaring dinaranas ng bansa.

– Sa 8:10-21 inuulit ang nasabi na sa 6:12-15.

– Sa 8:12 at 8:23 naman ay mapapansin natin ang pakikiramay ni Jeremias sa mga kasawian ng kanyang bayan.

inyo ang mga ahas at ulupong na hindi mapa-
aamo, at tutuklawin kayo."
18 Lubha akong nalungkot, pinanghinaan ng
loob. 19 Narinig sa buong lupain ang paghingi ng
tulong ng aking bayan: 'Wala na ba sa Sion si
Yawe? Wala na ba roon ang kanyang Hari?'
20 Tapos na ang pag-aani, lumipas na ang
tag-araw, at hindi pa tayo naliligtas.
21 Nawasak ang aking dibdib dahil sa pag-
hihirap ng aking bayan. Nanlulumo ako at na-
ngingilabot. 22 Wala na bang pamawi ng kirot sa
Galaad? Wala na bang manggagamot doon?
Wala na bang lunas sa aking bayan?
23 Maging balon sana ng tubig ang aking ulo
at bumukal sa aking mga mata ang mga luha, at
iiyakan ko araw-gabi ang mga pinatay sa
dalagang bayan ko.

**9** 1 "Sino ang magpapasilong sa akin sa disyerto
upang maiwan ko muna ang aking bayan
at makalayo sa kanila?
Nakikiapid silang lahat,
isang pangkat ng mga taksil.
2 Nababaluktot nila ang kanilang mga dila gaya ng pana.
Pawang panlilinlang at hindi ang katotohanan
ang naghahari sa lupain.
Sunud-sunod ang kanilang krimen
at hindi na nila ako nakikilala.
3 Naghihinala ang bawat isa sa kanyang kaibigan
at wala nang nagtitiwala sa kanyang kapatid,
pinapalitan ng kapatid ang kanyang kapatid
at naninirang-puri ang bawat kaibigan.
4 Naglolokohan ang magkakaibigan,
wala nang nagsasabi ng totoo.
Nakagawian na nila ang pagsisinungaling;
patuloy na sa pagkakasala at hindi nagsisisi.
5 Nabubuhay ka sa gitna ng panlilinlang
at sa iyong kataksila'y hindi na ako nakikilala.
6 Kaya nga – ang salita ni Yawe ng mga Hukbo –
dadalisayin ko sila at susubukin,
sapagkat ano pa nga ba ang magagawa ko sa aking bayan?
7 Palasong may lason ang kanilang dila,
nagsasalita ng di-totoo.
Kapayapaan ang sinasabi sa kanilang kaibigan
ngunit nakahandang bitag naman ang iniisip nila.
8 Hindi ko ba sila parurusahan?
Hindi ko ba ipaghihiganti ang aking sarili laban sa bansang ito?
9 Ipadadala ko ang pagtangis at pagtaghoy sa
mga bundok, at ang pagluluksa sa mga pastulan
sa ilang, sapagkat sunog na ang mga ito at
iniwan at hindi na naririnig doon ang ingay ng
mga kawan. Nagsitakas at nawala ang mga ibon
sa papawirin at ang mga hayop.
10 "Gagawin kong bunton ng guho ang Jerusalem,
pugad ng mga asong-gubat.
Gagawin kong tiwangwang ang lupain ng Juda
at doo'y wala nang maninirahan."

• 11 Sinong matalino ang makauunawa sa
mga pangyayaring ito? At sino ang kinausap ni
Yawe para ibunyag iyon? Bakit nalupig ang
lupain at naging tiwangwang gaya ng disyerto
na walang nagdaraan?
12 Sumagot si Yawe: "Sapagkat itinakwil nila
ang Batas na bigay ko sa kanila. Hindi sila
nakinig sa akin 13 kundi ginawa ang sarili nilang
gusto; at sumunod sila sa mga Baal, gaya ng
itinuro ng kanilang mga ninuno."
14 Kayat sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: "Pakakainin ko ang bayang ito
ng mapait na pagkain at paiinumin ng tubig na
may lason. 15 Ikakalat ko sila sa mga bansa na
hindi nila kilala o nakilala kaya ng kanilang mga
ninuno, at susundan sila ng tabak hanggang
maubos ko sila."
16 Makinig kayo! Tawagin at paparituhin ang mga babaeng taga-iyak,
ipasundo ang mga dalubhasa!
17 Pagmadaliin sila sa pag-awit para sa patay,
hanggang pati kami ay umiyak,
hanggang mamugto ang aming mga mata.
18 Naririnig sa Sion ang iyakan.
Anong kapahamakan ang sumaatin!
Anong laking kahihiyan na iwan ang lupain
at makitang wasak ang ating mga tahanan!

---

• **9.11.** Gaya ng paliwanag sa 8:8, ang karunungan ng sumasampalataya ay hindi parang alituntunin ng buhay na mababasa ng bawat isa sa iisang paraan sa Biblia at maaaring sundin nang walang kinalaman sa lugar at sa panahon. Ang karunungan ay nasa *pagkaunawa sa mga pangyayari*. Sa bawat panahon ay kailangang sumagot ang bayan ng Diyos sa hamong inihaharap ng Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng mga pangyayari at kalagayan sa kasalukuyan.

Kaya ngayo'y hindi sapat na malaman lamang ang nakatitik sa Biblia: kailangan natin na isangayon ng Iglesya at ng kanyang mga propeta ang salita sa panahong ating ginagalawan.

[19] Kayong mga babae, pakinggan ang salita ni Yawe,
unawain ang kanyang sinasabi.
Ituro ang awit sa patay sa inyong mga anak na babae
at turuan naman nila ang kanilang mga kaibigan:
[20] "Pumasok sa ating bintana ang kamatayan
at sinakop na pati ang mga palasyo,
pinatay ang mga bata sa lansangan
at ang mga binata sa liwasan!
[21] Naiwan ang mga bangkay
na parang dumi sa mga bukid,
o uhay na ginapas ng taga-ani
at walang nagtitipon!"

**Tunay na karunungan**

• [22] Si Yawe ang nagsasalita:
"Huwag ipagmalaki ng pantas ang kanyang karunungan
o ng mandirigma ang kanyang tapang
o ng mayaman ang kanyang salapi!
[23] Ngunit sinumang gustong magmalaki,
ipagmalaki niya ito:
ang pagkaunawa at pagkakilala sa akin.
Ako si Yaweng mahabagin;
makatarungan ako
at pinapaghahari sa sanlibutan ang katwiran.
Ito ang salita ni Yawe:
Sa mga bagay na ito ako nasisiyahan."

[24] "Malapit na ang panahon," sabi ni Yawe,
"na parurusahan ko ang [25] Ehipto, ang mga
taga-Amon, Moab at lahat ng Arabo sa disyerto,
silang lahat na hindi tinuli. Ngunit parurusahan
ko rin ang Juda, sapagkat hindi tinuli ang
kanilang mga puso – ang sambayanan ng Israel."

**Mga diyus-diyusan at tunay na Diyos**

**10** [1] Pakinggan ang salitang sinasabi sa
inyo ni Yawe, bayan ng Israel.
[2] Ito ang sinasabi ni Yawe: "Huwag ninyong
tularan ang mga pagano at huwag katakutan
ang mga tanda sa langit, hindi gaya nila. Hindi
totoo ang Sindak ng mga bansa. [3] Gawa lamang
iyon sa kahoy na pinutol sa isang puno sa gubat,
at hinubog ng sinsel ng tagaukit [4a] Nilagyan ng
palamuting [9] pilak na galing sa Tarsis at ginto ng
Ofir [4b] at ikinabit ng martilyo at pako para hindi
mabuwal. [5] Gaya ng panakot ng ibon sa pakwanan ang kanilang mga diyus-diyusan, na hindi
makapagsalita. Kailangang buhatin sila pagkat
hindi makalakad. Huwag kayong matakot sa
kanila; wala silang magagawang masama at
wala rin namang magagawang mabuti."
[6] Wala kang katulad, Yawe, dakila ka
at dakila ang makapangyarihan mong Pangalan!
[7] Sino ang hindi matatakot sa iyo, Hari ng mga bansa?
marapat lamang na ika'y katakutan.
At wala ring marunong na tulad mo
isa man sa mga pantas sa mga bansa
at sa lahat ng kaharian.
[8] Mga hayop at hangal silang lahat;
katunayan nga ng kanilang kamangmangan
ang kanilang mga diyus-diyusan.
[10] Ngunit si Yawe ang tunay na Diyos,
ang Diyos na buhay
at Hari magpakailanman.

---

• 22. Lubha nating pinahahalagahan ang puwedeng pag-aralan ng kabataan. Maraming magulang ang buong buhay na nagpapakasakit para magkaroon ng isang anak na nakatapos ng kahit bokasyonal man lang o nakapag-aral sa unibersidad. Ipinaaalala sa atin ni Jeremias na hindi ito sapat para magkaroon ng tunay na karunungan. Tiyak na mahihiya tayo kapag ang panahong ginugugol natin sa mga walang kuwentang bagay gaya ng panonood ng telebisyon o pagbabasa ng komiks ay ikinumpara sa panahong inilalaan natin sa pagkilala sa Diyos.

Ang pagkakilala kay Yaweng *mahabagin at makatarungang naghahari sa sanlibutan*, ang paraan para manatiling matatag sa harap ng masama. Ito rin ang magbibigay sa atin ng pagnanais na tularan ang Diyos at iukol ang ating sarili sa paghahatid ng kabutihang-loob, karapatan at katarungan sa mundo.

Niyayanig ng kanyang poot ang sanlibutan
hindi matatagalan ng mga bansa ang kanyang poot.

11 Ito ang sasabihin mo sa kanila: "Mawawala sa daigdig at sa silong ng langit ang mga diyos na hindi naman maygawa sa langit o sa lupa."

12 Nilikha niya ang lupa sa kanyang kapangyarihan
at itinatag ang daigdig sa kanyang karunungan;
at inilatag ang langit sa kanyang pag-unawa.
13 Sa pagdagundong ng kanyang tinig,
natitipon ang mga tubig sa langit.
Tinatawag niya ang mga ulap mula sa dulo ng daigdig;
nagpapadala ng kidlat, kasama ng ulan,
at pinalalabas ang hangin mula sa kanyang mga bodega.

14 Sa pagkakita nito'y tumatahimik ang tao; wala siyang karunungan. Ikinahihiya naman ng platero ang kanyang diyus-diyusang hindi humihinga; 15 mga bagay na walang-saysay, bagay na pinagtatawanan, na nakatakdang mawala pagdating ng panahon ng kaparusahan.

16 Hindi ganoon ang sariling pag-aari ni Jacob;
hinubog nga niya ang sansinukob
at ang Israel na sarili niyang tribu.
Yawe ng mga Hukbo ang kanyang pangalan.

**Sindak sa lupain**

17 Tipunin ninyo ang inyong mga ari-arian at lisanin ang lupain,
kayong mga nakubkob
18 sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe:
"Itatapon ko sa malayo ang sambayanan ng lupaing ito, at pababayaang habulin sila at mahuli."
19 Kawawa ako! Ang bigat na paghihirap!
Sinabi kong: Natitiis ko pa ang sakit. Pero hindi na gagaling ang sugat ko.
20 Wasak ang aking tolda,
lagot nang lahat ang tali.
Iniwan na ako ng aking mga anak at wala na sila,
walang naiwan para itayo ang aking tolda
o magtayo ng aking silungan.
21 Wala ngang isip ang mga pastol
at hindi nila hinanap si Yawe;
hindi na sila sumagana
at nangalat ang kanilang kawan.
22 Pakinggan ang balita! Bigyan ng pansin!
Naririnig sa Hilaga ang malaking ingay;
dumarating sila para gawing disyerto ang mga lunsod ng Juda,
pugad ng mga asong-gubat.

**Panalangin ni Jeremias**

• 23 Alam mo, Yawe, na hindi hawak ng tao ang kanyang buhay at wala rin sa kanya na itakda ang kanyang mga hak-
bang; 24 Itama mo kami, Yawe, nang may hinahon, hindi sa galit, at baka malipol mo kami.

25 Ilaan mo ang iyong poot sa mga bansang hindi kumikilala sa iyo, sa mga taong hindi tumatawag sa iyong Pangalan. Tingnan mo kung paano nila nilalamon ang bayan ng Jacob, at patuloy na inuubos ang kanyang lupain; wala nang kabuluhan ang kanyang tirahan.

**Sinuportahan ni Jeremias ang reporma ni Yosias**

**11** • 1 Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula kay Yawe: 2 "Sumpain ang sinumang hindi makikinig sa itinatadhana ng
tipang ito 3 na iniutos ko sa inyong mga ninuno nang ilabas ko sila mula sa Ehipto na nag-aapoy na tunawan ng bakal. Sinabi ko sa kanila: 4 'Kung
susundin ninyo ang aking tinig at gagawin ang lahat ng iniuutos ko, magiging bayan ko kayo at ako naman ang magiging Diyos ninyo.

5 Kaya tutuparin ko ang pangakong sinumpaan ko sa inyong mga ninuno, na bigyan kayo ng lupaing umaagos sa gatas at pulutpukyutan,' (tulad ngayon)."

Sumagot ako: "Amen, Yawe."

6 Sinabi sa akin ni Yawe: "Ipahayag mo ang sinabi ko sa mga bayan ng Juda at sa mga daan ng Jerusalem, 'Pakinggan ang mga itinatadhana ng tipang ito at sundin.
7 Nang ilabas ko mula sa Ehipto ang inyong mga ninuno, lubos ko silang binalaan at patuloy na pinagsabihan, 'Sundin ninyo ako.'
8 Ngunit hindi nila ako pinakinggan o sinunod ang aking sinabi. Sinunod ng bawat isa ang kanyang sariling suwail na

---

• **10.**23. *Mahinahon mo kaming itama, Yawe.* Biglang nalalahad dito ang puso ni Jeremias. Hindi niya nalilimutang Israelita siya, at hinihiling niya sa Diyos na ibalik ang katarungan, parusahan ang malalakas na bansang iyon na dumarating sa tuwing magugustuhan nilang wasakin ang Juda. Pagkatapos paulit-ulit na sabihing si Yawe mismo ang nagpadala sa Juda ng mga bansang kaaway, naghihimagsik ngayon si Jeremias.

• **11.**1 *Ang kabanatang ito ay isa sa iilang nag-*

puso. Kaya tinotoo ko laban sa kanila ang lahat
ng sinasabi ng tipang ito na iniutos kong sundin
nila pero hindi naman nila sinunod."
9 Sinabi sa akin ni Yawe: "May sabwatan ang
mga kalalakihan ng Juda at ang mga taga-
Jerusalem. 10 Binalikan nila ang mga kasalanan
ng kanilang mga ninunong tumangging sumu-
nod sa akin. Sumunod sila at naglingkod sa mga
banyagang diyos. Sinira ng mga bansa ng Israel
at Juda ang tipang ginawa ko sa kanilang mga
ninuno."
11 Kayat sinasabi ni Yawe sa iyo: "Isang kapa-
hamakang hindi nila matatakasan ang iba-
bagsak ko sa kanila. Tumawag man sila sa akin,
hindi ko sila pakikinggan. 12 Kaya umiiyak na
tatakbo ang mga taga-lunsod ng Juda at ang
mga nasa Jerusalem sa mga diyos na sinasamba
nila, ngunit hindi sila matutulungan ng mga ito sa
panahon ng kasawian. 13 Sapagkat sindami ng
iyong mga lunsod, Juda, ang mga diyos mo at
sindami naman ng mga daan sa Jerusalem ang
mga altar na ginawa mo para kay Baal."
14 Ikaw naman, huwag kang mamamagitan
para sa bayang ito o lumuhog o makiusap para
sa kanila sapagkat hindi ako makikinig kapag
tumawag sila sa akin sa panahon ng kanilang
kagipitan.
15 Ano ang ginagawa ng mahal ko sa aking
Bahay?

Nagbabalak siya ng masasamang gawain.
Mahuhugasan ka ba sa iyong kasamaan
ng iyong mga panata at ng karne ng iyong
mga handog upang magalak?
Tinawag ka ni Yawe
16 'Luntiang Punong Olibo
na maganda at mabunga!'
Ngunit sa daluhong ng unos,
nag-apoy ang mga dahon
at nabali ang mga sanga.

17 At isinadlak ka sa kahihiyan ni Yawe ng
mga Hukbo na nagtanim sa iyo. Sarili nga nila
ang sinaktan ng mga bansa ng Israel at Juda
nang sumamba sila kay Baal at pinag-alab ang
aking galit.

**Tangka laban kay Jeremias**

18 Ibinunyag ito sa akin ni Yawe at nala-
man ko! Ipinakita mo sa akin ang kanilang
pakana: (12[6])"Mag-ingat ka, nagtataksil
sa iyo maging sarili mong mga kapatid at
kaanak at tinutuligsa ka nila sa iyong
likuran. Huwag kang magtiwala sa kanila
sa mahusay na paglapit nila sa iyo."
19 Ngunit para akong maamong tupa na
dinadala sa katayan. Hindi ko alam na
laban sa akin ang kanilang pakana. "Pa-
kainin natin siya ng mga pagsubok at
alisin siya sa lupain ng mga buhay at nang
hindi na mabanggit pa ang kanyang pa-
ngalan."
20 Yawe ng mga Hukbo, makatarungan
kang naghuhukom, at kilala ang bawat
isa sa kanyang puso at mga layunin, ipa-
kita sa akin ang paghihiganti mo laban
sa kanila, sapagkat sa iyo ko ipinagkati-
wala ang aking simulain.
21 Ito ang sinasabi ni Yawe laban sa mga
kalalakihan ng Anatot na pinagbabantaan
ang aking buhay at sinasabi: "Huwag ka
nang magpropesiya pa sa Ngalan ni Yawe
at hindi ka namin papatayin."
22 Sinasabi sa kanila ni Yawe: "Ganito
ko kayo parurusahan: mamamatay sa
tabak ang mga kabataang lalaki; mama-
matay sa gutom ang kanilang mga anak.
23 Walang matitirang buhay sa pagdadala
ko ng kapahamakan sa mga taga-Anatot
sa taon ng kanilang parusa."

**Ba't nananagana ang masama?**

# 12

• 1 Yawe, lagi kang tama
sa pagrereklamo ko sa iyo,
pero, nasaan ang iyong katarungan?

---

*lalahad sa atin ng pangangaral ni Jeremias sa mga taong iyon "pagkadiskubre sa Batas" at ng reporma ni Yosias (tingnan ang 2 Hari 22). Sa paghahangad na magawa ang lahat niyang magagawa sa paglilingkod kay Yawe, nakapukaw si Yosias ng isang bagong sigasig bagamat di naman nagtagal. Ngunit kapag binasa natin ang sinasabi rito ni Jeremias, makikita nating hindi nga at hindi pupuwedeng maging lubos ang pagbabalik-loob na ito.*

Alam ni Jeremias na para maging matapat sa Diyos, ang Diyos ang dapat na magpakilos at bumago sa kanya.

• **12.1** Sa unang pagkakataon ay kinukuwestiyon ni Jeremias ang pananagana ng masasama. Ganito rin

Bakit nananagana ang mga masama?
At panatag na nabubuhay ang mga taksil?

2 Itinanim mo sila at nag-ugat naman sila,
lumaki sila at namunga;
pinararangalan ka nila sa kanilang mga labi,
pero malayo naman sa iyo ang kanilang mga puso.
3 Ngunit kilala mo ako, Yawe, at nakikita mo ako;
sinasaliksik mo ang aking puso – malapit ito sa iyo.
Dalhin silang parang mga tupang kakatayin;
ibukod sila para sa araw ng pagkatay.
4 Hanggang kailan magluluksa ang lupain
at lanta ang damo sa bukid?

Namatay na ang mga ibon at mga hayop
dahil sa kasamaan ng mga naninirahan doon,
pagkat sinasabi nila: 'Hindi nakikita ng Diyos ang ating ginagawa.'
5 "Kung mapagod ka sa pakikipag-unahan sa mga tumatakbo,
paano pa sa mga kabayo?
Kung hindi ka tiwasay sa payapang lupain,
ano ang gagawin mo sa kadawagan ng Jordan?"

**Reklamo ng Panginoon**

7 Pinabayaan ko ang aking bahay,
iniwan ko ang aking mana;
Ipinaubaya sa mga kamay ng kanilang mga kaaway
ang aking pinakamamahal.
8 Kinalaban nila ako na parang leon sa gubat;
inangilan nila ako kaya kinamumuhian ko sila.
9 Sarili kong bayan ang sa aki'y naging ibong mandaragit.
Paligiran sila ng lahat ng ibong mandaragit at salakayin.
Halikayo, lahat kayong mababangis na hayop, at lamunin sila!
10 Maraming pastol ang sumalanta sa aking ubasan;
niyurakan nila ang aking mahal na bukirin
at ginawang lupaing tiwangwang,
11 tigang at luksa sa aking paningin.
Ngunit walang sinumang nagmalasakit!
12 Dumating ang mga magwawasak,
Sa bawat panot na burol sa disyerto,
sapagkat uubusin ng tabak ni Yawe,
ang magkabilang-dulo ng lupain
walang sinumang ligtas!
13 Naghasik sila ng trigo at umani naman ng tinik,
walang-silbi ang kanilang paggawa.
Kahihiyan ang dala ng inyong mga ani
dahil sa galit ni Yawe.

14 Sinasabi ni Yawe: "Dahil sa lahat ng masa-
samang nasa paligid ko na sumakop sa pama-
nang bigay ko sa aking bayang Israel, bubunutin
ko sila sa kanilang lupain at bubunutin ko
naman ang bayan ng Juda mula sa kanila.
15 Kahahabagan ko sila at ibabalik sa kanilang
pag-aari, bawat isa sa sarili niyang lupa.
16 Kung matututuhan nilang mabuti ang mga
daan ng aking bayan at tatawag sa aking pa-
ngalan sa kanilang panunumpa, sila na dati'y
nagturo sa aking bayan na manumpa kay Baal,
makapaninirahan silang kasama ng aking ba-
yan. 17 Ngunit bubunutin kong parang tanim at
wawasakin ang alinmang bansang hindi susu-
nod sa akin – si Yawe ang nagsasalita."

---

ang gagawin ng mga Salmo 73 at 49, at higit sa lahat, ng aklat ni Job. Hindi walang dahilan ang pagtatanong ni Jeremias: sapagkat araw-araw na lamang siyang pinag-uusig.

*Kung mapagod ka sa pakikipag-unahan sa mga tumatakbo, paano pa sa mga kabayo?* Parang marahas ang tugon ni Yawe: nagbabalita lamang ito ng mas malupit pang mga pagsubok kay Jeremias (ito ang kahulugan ng mga berso). Kung nagdadalawang-isip ang tunay niyang mga kaibigan, hindi sila inaaliw ng Diyos; alam niyang sa pagmumungkahi sa kanila ng mga bagong sakripisyo ay muli niyang maihahatid ang kanilang bukas-loob na pagpapaubaya ng sarili.

### Ang sinturong linen

**13** 1 Ito ang sinabi sa akin ni Yawe:
"Hala! Bumili ka ng sinturong linen
at itali sa iyong baywang; huwag mo itong
ilagay sa tubig."
2 Kaya bumili ako ng sinturon gaya ng
iniutos ni Yawe, at itinali sa aking bay-
wang.
3 Muling dumating sa akin ang salita ni
Yawe: 4 "Kunin mo ang sinturong binili
mo, na itinali mo sa iyong baywang;
pumunta ka sa Ilog Para at itago iyon sa
isang butas sa batuhan."
5 Pumunta ako roon at itinago ang sin-
turon, gaya ng iniutos sa akin ni Yawe.
6 Makaraan ang maraming araw, sinabi sa
akin ni Yawe: "Magpunta ka sa Ilog Para at
kunin mo ang sinturon na iniutos kong itago
mo roon." 7 Nagpunta nga ako sa ilog at
hinukay ko ang sinturon pero sira na iyon at
wala nang silbi. 8 At sinabi sa akin ni Yawe:
9 "Ganito ko wawasakin ang kapalaluan
ng Juda at ang dakilang luwalhati ng
Jerusalem. 10 Tumatanggi nga ang masa-
mang bayang ito na sumunod sa aking
mga utos, at humahabol sila sa ibang mga
diyos para paglingkuran at sambahin ang
mga iyon. Matutulad sila sa sinturong ito
na wala nang silbi ngayon.
11 Kung paanong nakatali sa baywang
ang sinturon, nakatali rin sa akin ang mga
sambayanang Israel at Juda – si Yawe ang
nagsasalita – upang maging luwalhati ko
at dangal, ngunit hindi sila nakinig.

### Basag na pitsel ng alak

• 12 Sabihin mo sa kanila ang salitang
ito: "Pupunuin ng alak ang bawat pitsel."
At sasabihin nila: 'Hindi ba namin alam na
mapupuno ng alak ang pitsel?'
13 Isagot mo: "Kayo ang mga pitsel na
pupunuin ni Yawe hanggang malasing
kayo. Lalasingin ko ang lahat ng nasa
lupaing ito – ang mga haring kahalili ni
David, ang mga pari, ang mga propeta at
lahat ng nasa Jerusalem. 14 Pag-uum-
pugin ko sila, mga mag-aama. Hindi ako
maaawa o mahahabag; lilipulin ko sila."

### Pangitain tungkol sa pagkatapon

15 Makinig kayo at magbigay-pansin;
huwag maging palalo, sapagkat nagsalita
na si Yawe!
16 Luwalhatiin si Yaweng inyong Diyos
bago siya maghatid ng kadiliman at ma-
tisod ang inyong mga paa sa dumidilim na
burol.
Naghangad kayo ng liwanag, ngunit
gagawin niya itong karimlan ng kama-
tayan at matinding pighati.
17 Kung hindi ninyo pakikinggan ang
babalang ito, lihim akong tatangis dahil sa
inyong kapalaluan at luluha ako sa pag-
kabihag sa kawan ni Yawe.

18 Sabihin mo sa hari at inang reyna:
"Magpakumbaba kayo,
sapagkat nalaglag na sa inyong ulo ang
korona ng luwalhati.
19 Nakasara na ang mga lunsod ng Negeb
at walang magbubukas ng mga iyon.
Ipinatapon ang buong Juda,
tinangay silang lahat."
20 Tumingala ka, Jerusalem, at tingnan ang
mga dumarating galing sa Hilaga. Nasaan ang
kawang ipinagkatiwala sa iyo, nasaan ang ma-
gaganda mong tupa?
21 Ano ang sasabihin mo sa pagbabalik ng
mga itinuring mong mga kaibigan para apihin
ka? Hindi ka ba masasaktan, gaya ng babaeng
nanganganak?
22 At kapag tinanong mo ang iyong sarili:
"Ba't bumagsak sa akin ang lahat ng kapa-
hamakang ito?" Dahil ito sa matindi mong kasa-
maan kaya nila pinunit ang damit mo at naging
marahas sa iyo.
23 Makapagpapalit ba ng balat ang Etiope o
ng mga batik ang leopardo? At makagagawa ka
ba ng mabuti, ikaw na nasanay nang gumawa ng
masama?
24 Ikakalat ko kayo gaya ng dayaming tina-
tangay ng hangin sa disyerto; 25 ito ang bagay sa
inyo – si Yawe ang nagsasalita – sapagkat kina-

---

• **13.**12. Bubulagin ng Diyos (Jn 9:39) ang mga ayaw makakita. Ang mga humahamak sa kanya ay gagawin ding hamak ng Diyos sa sarili nilang mga bisyo (Rom 1:24). Ang mas gustong sumunod sa daan ng mga loko ay lalasingin ng Diyos upang maligaw sa sarili nilang kalokohan.

limutan ninyo ako at nagtiwala kay Kabulaanan.
26 Ako mismo ang magtataas ng iyong palda hanggang sa mukha mo para malantad kang hubo't hubad.
27 Ang pakikiapid mo, ang iyong mga halinghing, ang kasuklam-suklam mong pagpapapabayad sa lalaki, lahat ng nakita kong nakapandidiring ginawa mo sa mga burol at sa mga bukirin."

Kawawa ka, Jerusalem! Kailan ka pa lilinis?

**Ang matinding tagtuyot**

**14** • 1 Ang salita ni Yawe kay Jeremias tungkol sa tagtuyot:
2 Nagluluksa ang Juda, lupaypay ang mga lunsod,
nangungulilang lugmok sa lupa.
May hiyaw na nanggagaling sa Jerusalem.
3 Nagpakuha ng tubig sa mga dukha ang mayayaman,
ngunit wala silang nakita sa mga balon,
bumalik silang walang laman ang mga banga.
4 Tigang ang lupa
sapagkat sa lupai'y walang ulan;
nasisiraan ng loob ang mga magsasaka,
nagtalukbong silang gaya ng mga nagluluksa.

5 Iniiwan kahit ng inahing usa sa gubat
ang kanyang bagong silang na anak
sapagkat wala nang damo.
6 Nasa panot na burol ang mga asnong-ligaw,
humihingal na parang mga asong-gubat
at nagsipanghina na dahil wala ni isang damo!

7 Kahit na inuusig kami ng aming mga kasalanan,
gumawa ka pa rin, Yawe, sa ikaluluwalhati
ng iyong Pangalan.
Paulit-ulit nga kaming naghimagsik
at matindi ang aming pagkakasala laban sa iyo.

8 O Yawe! Pag-asa ng Israel,
ikaw na tagapagligtas sa kagipitan,
Bakit para kang dayuhan sa lupaing ito
o parang manlalakbay na magdamag lamang dito?
9 Bakit para kang nagulat,
parang mandirigmang di makapagligtas?

---

• **14.**1 Ang tulang nagsisimula rito ay nagwawakas sa 15:4. Si Jeremias ay humaharap kay Yawe gaya ng kinagawian ng mga Judio sa Templo upang harap-harapang ipahayag ang mga kasalanan ng bayan, sa pag-asang bibigyan sila ng mga pari ng nakapagpapasiglang tugon sa ngalan ng Diyos na nagpapatawad. Humaharap si Jeremias na kaisa ng kanyang bayan at ng kanilang mga pagkakasala. Ngunit ayaw siyang pakinggan ng Diyos.

*Huwag kaming pabayaan, O Yawe!* Nababagabag si Jeremias sa kalagayan ng kanyang bayan. Hindi kaya makapagpatawad ang Diyos? Hindi kaya siya makapagligtas? Dito nakakaharap ng tao ang misteryo ng Diyos. Walang makuhang sagot si Jeremias. Si Job man ay wala ring nakuhang sagot. Gayundin si Jesus sa kanyang paghihirap sa halamanan ng Getsemani.

*Dinggin ang sinasabi ng mga propeta: hindi mo katatakutan ang tabak.* Maraming bulaang propetang nagbibigay ng seguridad sa isang lipunang nakatayo sa mga maling prinsipyo. Sa harap nila, si Jeremias ay lumilitaw na mahina at bigo, na hindi makapagbigay ng sagot ni Yawe. Ang tunay na propeta ay hindi kinikilala sa sariling bayan; habang pinupuri naman ang nagbibigay ng opyum sa bayan.

Ngunit kapiling ka namin, Yawe
at sa iyong Pangalan kami pinagpala.
Huwag kaming pabayaan!

**Huwag mong ipanalangin ang bayang ito**

10 Ito ang sinasabi ni Yawe tungkol sa bayang
ito: "Gusto nilang magpagala-gala, walang tigil
kahit saglit man, kaya hindi sila kinagigiliwan ni
Yawe; lagi niyang inaalaala ang kanilang kasa-
maan, at parurusahan sila sa kanilang mga
kasalanan."
11 At sinabi ni Yawe: "Huwag mong ipana-
langin ang bayang ito! 12 Mag-ayuno man sila, di
ko pakikinggan ang kanilang pagdaing; mag-
alay man sila ng mga sinunog na handog at mga
hain ay hindi ko tatanggapin. Sa halip ay lilipulin
ko sila sa tabak, taggutom at salot."
13 At sinabi ko: "O Panginoong Yawe, alam
mo ang sinasabi ng mga propeta sa kanila: Hindi
ninyo masisilayan ang tabak o daranas ng tag-
gutom pagkat bibigyan ko kayo ng tunay na
kapayapaan sa lugar na ito."
14 Ngunit sinabi ni Yawe: "Nagpahayag ang
mga propetang ito ng mga kasinungalingan sa
aking Pangalan. Hindi ko sila isinugo o inatasan
o kinausap. Mga huwad na pangitain, walang-
saysay na panghuhula at mga haka-haka ng
sarili nilang imahinasyon – iyan ang kanilang
propesiya."
15 At sinabi pa ni Yawe: "Ang mga propetang
hindi ko isinugo at nagpopropesiya sa aking
Pangalan sa pagsasabing walang tabak at tag-
gutom na sasagi sa lupaing ito – ang mga
propetang ito ang mamamatay sa tabak at
taggutom.
16 Ang mga tao namang nakikinig sa mga
propetang ito – ihahagis sa mga lansangan ng
Jerusalem ang kanilang mga bangkay. Walang
maglilibing sa kanila o sa kanilang mga asawa't
mga anak pagkamatay nila sa gutom o tabak.
Sapagkat ibubunton ko sa kanila ang sarili ni-
lang kasamaan.
17 Sabihin mo ito sa kanila: Walang tigil nin-
yong padaluyin ang luha sa aking mga mata
gabi at araw, sapagkat nasugatan nang malalim
ang dalagang bayan ko, malubhang sugat.
18 Sa paglabas ko sa parang, nakikita ko ang
mga pinatay ng tabak. Pagpasok ko naman sa
lunsod, nakikita ko ang pahirap ng taggutom.
Sapagkat hindi naintindihan ng propeta at pari
ang nangyayari sa lupain.

**Bagong pamamagitan ni Jeremias**

19 Habang panahon mo na bang tinalikuran
ang Juda? Naiinis ka ba sa Sion? Bakit mo kami
sinugatan at iniwang wala nang pag-asang
gumaling?
Hinintay namin ang kapayapaan pero wala
namang mabuting dumating; naghintay kami
ng paggaling, ngunit sindak ang dumating!
20 Yawe, inaamin namin ang kasamaan na-
min at ng aming mga ninuno, ang mga pagka-
kataong nagkasala kami sa iyo.
21 Huwag mo kaming balewalain alang-alang
sa iyong Pangalan, huwag mong hamakin ang
trono ng iyong Luwalhati. Alalahanin mo kami.
Huwag mong sirain ang iyong pakikipagtipan sa
amin!
22 May makapagpapaulan ba sa mga walang-
kabuluhang diyus-diyusan ng mga bansa, o
makapagpaambon man lang sa langit?
Sa iyo lamang, Yaweng aming Diyos, kami
umaasa, sapagkat ikaw ang gumagawa ng lahat
ng ito.

**15** 1 At sinabi sa akin ni Yawe: "Kahit na
pumarito pa si Moises at si Samuel para
sumamo para sa bayang ito, wala nang habag sa
aking puso. Palayasin sila sa harap ko! Paalisin
sila!
2 At kung sabihin nila: 'Saan kami pupunta?'
sabihin mo sa kanila: Ito ang sinasabi ni Yawe:
Ang isinumpa para sa salot, sa salot; ang para sa
tabak, sa tabak; ang para sa gutom, sa gutom;
ang para sa pagkabihag, sa pagkabihag.
3 Sapagkat padadalhan ko sila ng apat na
klase ng tagapagwasak: ang tabak para puma-
tay, mga aso para manluray, mga ibong manda-
ragit at mabangis na hayop sa lupa para lu-
mamon at lumipol. 4 Gagawin ko silang kakila-
kilabot sa lahat ng kaharian ng daigdig dahil sa
ginawa sa Jerusalem ni Manases na anak ni
Ezekias na hari ng Juda.

**Mga pinsalang hatid ng digmaan**

5 Sino ang maaawa sa iyo, Jerusalem?
Sino ang magluluksa dahil sa iyo?
Sino ang lilingon para kumustahin ka?
6 Ikaw ang nagtakwil sa akin
– salita ni Yawe –
tinalikuran mo ako,
Kaya iniunat ko ang aking kamay upang
durugin ka.
Sawa na akong mahabag!

[7]Tinahipan ko sila sa kalaykay sa mga lunsod ng lupain.
Iniwan kong walang anak ang aking bayan.
Winasak ko sila,
ngunit hindi pa rin sila nagbago ng gawi.
[8]Mas marami pa sa buhangin sa dagat ang
kanilang mga biyuda. Pinalapit ko naman sa ina
ng mga kabataang lalaki ang tagapagwasak sa
katanghaliang tapat. Agad silang pinagharian
ng sindak at takot.
[9]Lito ang inang may pitong anak na lalaki at
nasiraan ng loob; gayong maliwanag pa'y papalubog na ang araw ng kanyang buhay.
At ipapapatay ko sa tabak ang mga malalabi
sa harap ng kanilang mga kaaway – si Yawe ang nagsasalita.
[12]Mababali mo ba ang bakal,
bakal galing Hilaga, o tanso kaya?
[13]Ipasasamsam ko ang iyong mga kayamanan
nang walang bayad,
kundi dahil sa lahat mong kasalanan
sa loob ng iyong mga hangganan.
[14]Ipaaalipin kita sa iyong mga kaaway
sa isang bayang hindi mo alam,
sapagkat nag-aapoy ang aking galit
na siyang tutupok sa iyo.

**Yawe, alalahanin ako!**

• [10]Kawawa ako, Ina, bakit mo pa ako ipinanganak?
Isang lalaking gulo at pagtatalo ang dala sa buong lupain!
Wala naman akong utang sa kanila, at sila man sa akin,
ngunit isinusumpa ako ng lahat!
[11]Sabihin mo Yawe,
kung hindi kita napaglingkurang mabuti!
Hindi ba ako nanikluhod sa iyo para sa aking mga kaaway
sa panahon ng kapahamakan at kagipitan?

[15]Alam mo ang lahat, O Yawe!
Alalahanin mo ako't ipagtanggol,
Ipaghiganti ako sa mga umuusig sa akin.
Alalahanin mo na dumanas ako ng matinding kahihiyan
alang-alang sa iyo.
[16]Nang tanggapin ko ang iyong mga salita,
kinain ko ang mga ito
naging kaligayahan ko at galak ang iyong mga salita,
nalipos nga ako ng iyong Pangalan.
[17]Hindi nga ako nakihalubilo at sumama
sa pangkat ng mga nagtatawa.
Nang patungan ako ng iyong kamay;
umupo akong mag-isa
at pinuno mo ako ng iyong poot.

---

• **15.**10. Isang nakamamanghang teksto ng pagpapahayag ni Jeremias ng personal na krisis.

Hindi madaling maging propeta. Hindi tinatanggap ang salita ng Diyos. Sinumang ipakikipaglaban ang katotohanan ay naliligid ng mga taong naghahangad sa kanya ng masama at nagsisikap siyang ibagsak. Bihira siyang maunawaan kahit na sa sariling tahanan. Mas mahirap pa ang sitwasyon ng propeta ng Diyos. Ibinabahagi sa kanya ni Yawe ang paraan nito ng pagtingin at pagdama sa mga bagay-bagay. Kayat hindi na niya kayang makibahagi sa mababaw na kaligayahan at walang katuturang pag-uusap na pumupuno sa buhay ng marami.

*Ang mga salita mo ang naging kaligayahan ko.* Hatid ng salita ng Diyos ang sarap ng katotohanan, ang kanyang presensya mismo. Pamumuhay na nag-iisa ang kapalit ng kagalakang ito. Nadarama ngayon ng propeta ang presensya ng Diyos na tumutulong sa kanya, ngunit nag-aalinlangan siya bilang tao. Paano kung lumayo na ang Diyos kinabukasan? At siya'y nanlulupaypay.

Hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang kahinaan ng kanyang propeta: *Hanguin mo ang ginto sa dumi* na ibig sabihi'y ang mabuti at dakilang nasa iyo ang papagsalitain mo, at patahimikin ang mga takot at hinaing na bunga ng mahinang kalikasan.

18 Bakit wala nang katapusan ang aking pighati
at wala nang paggaling ang aking sugat?
Bakit mo ako nalilinlang
at para kang bukal na natutuyuan?

19 At kinausap ako ni Yawe:
"Kapag nagbalik ka, muli kitang ibabalik
at paglilingkuran mo akong muli.
Kapag pinili mo ang ginto sa kalawang,
magiging bibig kitang muli.
Palapitin mo sila sa iyo,
at huwag kang lumapit sa kanila.
20 Gagawin kitang moog
pader na tanso sa harap ng bayang ito;
at kalabanin ka nila'y hindi ka nila malulupig.

21 Sumasaiyo ako para palayain ka at iligtas.
Ililigtas kita sa masasama
at palalayain sa kamay ng malulupit."

**Huwag mag-asawa**

16 • 1 Sinabi sa akin ni Yawe:
2 "Huwag kang mag-asawa at
magkaroon ng mga anak sa lugar na ito.
3 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe
tungkol sa mga anak na isisilang dito, at
sa kanilang mga ama at mga ina na mag-
sisilang sa kanila sa lupaing ito:
4 Mamamatay ang lahat dahil sa malub-
hang sakit; walang magluluksa para sa
kanila o maglilibing sa kanila at magiging
dumi sa lupa ang kanilang mga bangkay.
Mamamatay sila sa tabak at gutom at
magiging pagkain ng mga ibong manda-
ragit at mababangis na hayop ang kani-
lang mga bangkay."
5 At sinabi ni Yawe: "Huwag kang pu-
punta sa bahay na may handaan para sa
patay; huwag kang makikiiyak o maki-
kiramay. Sapagkat hindi ko na ibibigay
ang aking kapayapaan, ang aking habag
o awa sa bayang ito. 6 Sa lupaing ito,
kapwa mamamatay ang dakila at hamak
nang walang magluluksa o maglilibing sa
kanila. At walang lalaslas sa sariling balat
at magpapagupit bilang parangal sa yu-
mao. 7 Wala nang pagpiraso ng tinapay sa
pagluluksa o para aliwin ang naiwan sa
pagyao ng ina o ama.
8 Huwag kang papasok sa bahay na
may pagdiriwang, para maupong kasama
nila, at kumain at uminom, 9 sapagkat ito
ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo na
Diyos ng Israel: Sa lugar na ito at sa iyong

• **16.**1 *Huwag kang mag-asawa.* Nadidiskubre ng mga propeta na ang Diyos ang tunay na Asawa. Ang maalab at matapat na pag-ibig ng Diyos sa kanyang bayan ang huwaran ng pag-ibig ng mag-asawa. Dahil ang mga propeta ang naging pinakabibig at kinatawan ng Diyos, lahat ng gawin nila ay nagiging tanda. Kaya hindi sila magkakaroon ng maligayang buhay-may-asawa habang tumatalikod sa kanyang Diyos ang Israel na asawa ni Yawe.

Kaya nga bago pa man kay Jeremias, walang ibang dinanas sa kanyang tahanan ang isa pang propeta, si Oseas, kundi ang paghihirap ng isang asawang pinagtaksilan, at kinailangang patuloy niyang patawarin ang kanyang asawang salawahan (Os 3:1). Nasaksihan ni Ezekiel ang biglang pagkamatay ng kanyang asawa (Ez 24:15). Hindi magkakaasawa si Jeremias ni magkakaanak: hindi para sa kanya ang pag-aasawa sa panahong ang unang tipan ay winawasak. Sa dakong huli, ni si Juan Bautista o si Apostol Juan o si Pablo ay hindi rin mag-aasawa: magiging isang tanda ito. Ganito nila ipauunawa sa atin na para lamang sa darating na kasal ni Kristo at ng kanyang Iglesya kaya sila nabubuhay. At ang pag-aasawa o kasal ay larawan na lamang nito.

mga mata, patatahimikin ko ang lahat ng ingay ng kasiyahan at galak, kahit na ang awit ng mga bagong-kasal."

• 10 Sa pagsasabi mo sa lahat ng ito sa
bayang iyon, itatanong nila: 'Bakit maghahatid si Yawe ng kakila-kilabot na mga kapahamakang ito sa amin? Anong kasamaan o kasalanan ang nagawa namin laban kay Yaweng aming Diyos?'
11 At sasabihin mo sa kanila: 'Sapagkat ini-
wan ako ng inyong mga ninuno at humabol sa ibang mga diyos upang maglingkod at sumamba sa kanila. Binalewala nila ako at tumangging
sumunod sa aking Batas. 12 At masahol pa kayo
kaysa inyong mga ninuno. Nagkanya-kanya kayo ng daan at ayaw sumunod sa akin kundi ang masama at suwail na puso ang sinusunod.
13 Kaya itataboy ko kayo mula sa lupaing ito,
patungo sa lupaing hindi ninyo alam ni ng inyong mga ninuno; at doon ninyo paglingkuran araw-gabi ang ibang mga diyos, sapagkat hindi ko na kayo isasaalang-alang."
14 "Ngunit dumarating ang araw – si Yawe ang
nagsasalita – na hindi na sasabihin ng mga tao... 'Buhay si Yawe, siya ang naglabas sa mga
Israelita mula sa Ehipto,' 15 kundi: 'Buhay si
Yawe, siya ang naglabas sa mga Israelita mula sa lupain sa Hilaga at sa lahat ng mga bansang pinagtapunan niya sa kanila.' Oo, ibabalik ko sila sa lupang ibinigay ko sa kanilang mga ninuno.
16 Isusugo ko ngayon ang maraming mangi-
ngisdang huhuli sa kanila; at pagkatapos ay magpapadala ako ng maraming mangangaso para habulin sila sa lahat ng bundok, burol at
yungib sa batuhan. 17 Ngunit sinabi ni Yawe:
'Nakikita ko ang kanilang mga gawi at hindi lingid sa aking mga mata ang kanilang kasalanan.
18 Sisingilin ko sila nang doble sa kanilang
kasamaan at kasalanan, sa paglapastangan sa aking lupain sa mga bangkay ng kanilang mga diyus-diyusan at sa kanilang nakapandidiring mga gawi.

**Gagawa ba ang tao ng kanyang mga diyos?**

19 Yawe, aking lakas at aking muog,
aking kanlungan sa araw ng kagipitan!
Mula sa pinakadulo ng daigdig
darating sa iyo ang mga bansa at sasabihin:
"Pawang kabulaanan ang namana ng aming mga ninuno,
mga diyus-diyusang walang-silbi.
20 Gagawa ba ang tao ng sarili niyang mga diyos?
Kung gayo'y, hindi sila diyos!
21 Ipakikita ko naman at ipakikilala sa kanila
ang aking kamay at kapangyarihan.
At malalaman nilang Yawe ang aking Pangalan.

**Pagsamba sa diyus-diyusan at ang kaparusahan nito**

17 1 Iniukit ng isang sinsel na bakal at bril-
yante ang kasalanan ng Juda. Nakasulat iyon sa kanilang mga puso, gaya ng nasa mga sungay ng kanilang mga altar.
2 Alalahanin sana iyon ng kanilang mga
anak, huwag nilang limutin ang mga altar na iyon at ang mga banal na poste sa tabi ng bawat
luntiang punungkahoy, 3 sa matataas na burol at
sa kapatagan! Ipaaagaw ko ang iyong mga kayamanan dahil sa iyong kasalanan sa mga altar sa burol ng iyong lupain.
4 Ikaw mismo ang mawawalan ng lupaing
bigay ko sa iyo. Ipaaalipin kita sa iyong mga kaaway sa isang lupaing hindi mo alam, sapagkat pinag-alab mo ang apoy ng aking poot at maglalagablab iyon magpakailanman.

**Mga salita ng karunungan**

5 Ito ang sinasabi ni Yawe,
Isumpa ang lalaking nagtitiwala sa tao at iniaasa ang kanyang buhay sa may kamatayan, samantalang lumalayo ang kanyang puso kay Yawe!
6 Para siyang dawag sa lupang tuyo, sa
tigang at pinabayaang mga lugar sa lupang maalat na walang naninirahan at walang kaligayahan.
7 Maligaya ang nananalig kay Yawe at
sa kanya umaasa!
8 Para siyang punong nakatanim sa
may tubig, na patungo sa ilog ang mga ugat.
Hindi niya pinangangambahan ang pagdating ng init; laging berde ang kanyang mga dahon; wala siyang problema sa taon ng tagtuyot at lagi siyang namumunga.

• 10. Ang sumusunod ay mga bahagi ng mga pahayag na sinabi ni Jeremias sa iba't ibang pagkakataon.

– Mapapansin na matatagpuan din sa iba't ibang salmo, lalo na sa Salmo 1 ang nilalaman ng 17:5-11.
– Ang panalanging 17:14-18.

9 Napakamanlilinlang ang puso: Sino
ang makauunawa nito?
10 Akong si Yawe ang sumisiyasat sa
puso at sumasaliksik sa isipan. Ginagan-
timpalaan ko ang bawat isa ayon sa kan-
yang mga gawi at bunga ng kanyang mga
gawa.
11 Gaya ng pugong lumilimlim sa mga
hindi nito initlog ang nag-iipon ng yaman
mula sa kawalang-katarungan. Sa kala-
gitnaanan ng buhay niya, iiwan siya ng
kanyang kayamanan at sa katapusa'y isa
na lamang siyang hangal.
12 Mula sa simula'y maluwalhati't ipi-
nagkakapuring luklukan ang ating Santu-
waryo!
13 Yaweng pag-asa ng Israel, mapapa-
hiya ang lahat ng magtaksil sa iyo. Mag-
lalaho nga sa iyong lupain ang lumalayo
sa iyo sapagkat itinakwil nila si Yawe, ang
bukal ng tubig na buhay.

**Iligtas mo ako at ako'y maliligtas**

14 Pagalingin mo ako, Yawe, at ako ay gaga-
ling;
iligtas mo ako at ako'y maliligtas,
Ikaw ang aking pag-asa!
15 Sinasabi sa akin:
"Nasaan na ang mga banta ni Yawe?
Maganap nawa ang mga iyon!"
16 Hindi ko hininging magpadala ka ng ma-
sama,
hindi ko nais ang araw ng kasawian;
alam mo ang aking hinihiling
naririnig mo ang aking panalangin.
17 Huwag mong ipadala sa akin ang takot,
maging kanlungan kita sa araw ng kapaha-
makan.
18 Ang mga umuusig sa akin ang mapahiya,
hindi ako!
Sila ang matakot, hindi ako!
Sa kanila mo ipadala ang araw ng kasawian!
Durugin silang durog na durog!

**Mangilin sa Araw ng Pahinga**

• 19 Ito ang sinabi sa akin ni Yawe: "Pu-
munta ka at tumayo sa Pintuan ng Bayan,
na dinaraanan ng mga hari ng Juda
papasok at palabas; 20 at sabihin sa hari at
sa lahat ng taga-Jerusalem: Pakinggan
ninyo, mga hari ng Juda at mga taga-
Jerusalem –
21 Kung gusto ninyong mabuhay, inga-
tan ninyong huwag magdala ng anuman
sa Araw ng Pahinga, o ipasok kaya iyon
sa mga pintuan ng Jerusalem. 22 Huwag
maglabas ng anuman mula sa inyong
mga bahay at huwag magtrabaho sa Araw
ng Pahinga. Pabanalin ito gaya ng iniutos
ko sa inyong mga ninuno.
23 Hindi nila ako sinunod o binigyang-
pansin ang aking sinabi. Matitigas ang
kanilang ulo, at hindi nila ako pinaking-
gan o tinanggap ang aking mga babala.
24 Ngunit kung pakikinggan ninyo ako –
si Yawe ang nagsasalita – pababanalin
ang Araw ng Pahinga, hindi magtatrabaho
o magdadala ng anuman 25 sa mga pin-
tuan ng Jerusalem, makikita ninyo ang
mga hari sa angkan ni David na puma-
pasok sa mga pintuang ito, nakasakay sa
mga karwahe at kabayo, sila at ang kani-
lang mga pinuno, kasama ang mga taga-
Juda at mga nasa Jerusalem; at ito'y ma-
giging lunsod magpakailanman.
26 Manggagaling sa mga lunsod ng
Juda ang mga tao, at sa mga kapaligiran
ng Jerusalem, mula sa lupain ng Benja-
min, mula sa kapatagan at mula sa ka-
bundukan at mula sa Negeb, dala ang
mga susunuging handog, insenso at mga
handog ng pasasalamat sa Bahay ni
Yawe.
27 Ngunit kung hindi kayo makikinig at

---

• **7.19**. *Ingatan ninyong huwag magdala ng anuman sa Araw ng Pahinga.* Malimit tuligsain ni Jeremias ang mga kaugaliang relihiyoso na hiwalay naman sa matuwid na pamumuhay; ngunit hindi dahil minamaliit niya ang paggalang sa Diyos sa ipinapakita sa mga panlabas na gawain.

Ang Batas sa Pamamahinga (ito ang ibig sabihin ng salitang *Sabado* sa Hebreo) ang paraan para sa tao upang mabigyan niya ng lugar ang Diyos sa kanyang buhay. Ang pagtigil sa pagtatrabaho sa araw na iyon ay parang pagsasabing wala sa pagpapaalipin sa kanyang mga trabaho ang higit na kaligayahan ng tao, kundi sa pagbibigay sa Diyos, na makasandaang ibayo namang ibabalik ng Diyos (tingnan ang Gen 2:3; Ex 20:8; Lev 25:20).

hindi pababanalin ang Araw ng Pahinga,
kung magtatrabaho kayo at magdadala
ng anuman sa mga pintuan ng Jerusalem,
sisilaban ko ang mga pintuang iyon; tutu-
pukin nito ang lunsod at walang maka-
papatay rito."

**Sa bahay ng magpapalayok**

**18** • 1 Ito ang salita ni Yawe na dumating
kay Jeremias: 2 "Pumunta ka sa ba-
hay ng magpapalayok; doon mo maririnig
ang aking mga salita."
3 Kaya bumaba nga ako sa bahay ng
magpapalayok at dinatnan ko siyang
nagtatrabaho sa torno. 4 Ngunit nasira ang
ginagawa niyang palayok sa hawak ni-
yang putik; kaya humubog siya ng ilang
palayok ayon sa gusto niya.
5 At ipinahatid naman sa akin ni Yawe
ang kanyang salita:
6 "Bayan ng Israel, hindi ko ba maga-
gawa sa inyo ang ginagawa ng magpa-
palayok na ito? Gaya ng putik sa kamay
ng magpapalayok, gayon din kayo sa
aking mga kamay.
7 May mga pagkakataong binaba-
balaan ang isang bansa o kaharian na
bubunutin ko sila at wawasakin. 8 Ngunit
nagbabago sila at tinatalikuran ang kani-
lang kasamaan, kaya naman nagbabago
ako at hindi ko na itinutuloy ang kapaha-
makang balak ko.
9 Sa ibang pagkakataon naman, may
salita ako para sa isang bansa o kaharian
na ito'y itatayo at itatanim. 10 Ngunit gu-
mawa naman sila ng masama sa aking
paningin at hindi nakinig sa akin; kaya
pagsisisihan ko ang kabutihang ipina-
ngako kong gawin."
11 At sinabi pa ni Yawe: "Sabihin mo sa
bayan ng Juda at sa mga nasa Jerusalem:
Sinasabi sa inyo ni Yawe: 'Makinig kayo,
may inihahanda akong kapahamakan sa
inyo at may binabalak laban sa inyo! Pag-
sisihan ng bawat isa sa inyo ang inyong
masasamang gawi; baguhin ninyo ang
inyong pamumuhay at gawain.' 12 Ngunit
sasagot sila: 'Basta! Itutuloy namin ang
sarili naming mga plano; at susundin ng
bawat isa ang suwail at masama niyang
puso."

**Kinalimutan ako ng aking bayan**

13 Kaya sinasabi ni Yawe:
Itanong mo sa mga bansa,
may nabalitaan na ba silang tulad nito?
Kakila-kilabot ang ginawa ng Birheng Israel.
14 Nawawala ba ang niyebe ng Lebanon sa napakatataas na bundok?
Natutuyo ba ang sariwang tubig ng malalaking ilog?
15 Ngunit nilimot ako ng aking bayan,
at nag-aalay sila ng insenso sa mga diyus-diyusang walang-silbi.
Kaya natisod sila sa kanilang mga daan,
sa halip na lumakad sa dating landas.
Lumalakad sila sa daang walang palatandaan,
liku-likong daan na walang patutunguhan.
16 Maiiwang ulila ang kanilang lupain,
at pagtatawanan magpakailanman.
Magtataka at iiling ang lahat ng daraan.
17 Tulad sa hanging-silangan, ikakalat ko sila
sa harap ng kanilang mga kaaway.
At hindi ang aking mukha kundi ang likod
ang ipakikita ko sa kanila,
sa araw ng kanilang kapahamakan!

**Huwag patawarin ang kanilang kasalanan**

18 Sinabi nila: "Halikayo, magsabwatan tayo
laban kay Jeremias. Hindi nga mapapawi ang
Batas dahil sa pagkawala ng isang pari; hindi

---

• **18.1** Ginagamit sa maraming lugar sa Biblia ang paghahambing sa magpapalayok para sabihin na ang Diyos ang talagang panginoon ng lahat at siyang pumapatnubay sa buhay ng lahat ayon sa kanyang kalooban: bawat isa pati mga bansa (tingnan ang Is 29:16 at Rom 9:20). Ginagamit dito ang paghahambing ding ito sa pagbibigay ng isa pang aral na kapupunan ng nauna: na malaya ang tao.

*Kapag nagbago sila sa kanilang kasamaan, hindi ko na itutuloy ang kapahamakang balak ko.* Makapagbabalik-loob ang sinuman sa lahat ng sandali, at kikilos ang Diyos ayon dito. Walang plano ang Diyos na nakasulat na antemano na obligado tayong isakatuparan, sa pagtutulak sa atin sa mabuti o masama ng kung anong kapalaran o tadhana. Patuloy tayong nililikha ng Diyos sa bawat sandali, at isinasakatuparan niya ang kanyang plano sa mundo habang malaya naman tayong nakakakilos. Itinataguyod ng Biblia ang dalawang pahayag na ito: walang nakatatakas sa Diyos at malaya tayo.

tayo magkukulang ng isang pantas para mag-
payo o ng isang propeta para magsalita. Tayo
na, paratangan natin siya at saktan sa halip na
pakinggan ang kanyang sinasabi."
[19] Pakinggan mo ako, O Yawe!
Dinggin ang sinasabi ng mga nagpaparatang
sa akin.
[20] Sinusuklian ba ng masama ang mabuti?
Bakit sila gumawa ng hukay para sa akin?
Alalahanin mong ipinagdasal ko sila
upang huwag kang mapoot sa kanila.
[21] Kaya pabayaan mo na ngayong magutom
ang kanilang mga anak;
ipaubaya sila sa tabak!
Maging baog at balo nawa ang kanilang mga
babae!
Lipulin nawa ang kanilang mga lalaki
at patayin sa labanan ang mga kabataan!
[22] Marinig nawa ang sigawan sa kanilang mga
bahay
sa bigla mong pagpapadala
sa kanila ng mga sasalakay.
Gumawa nga sila ng hukay upang mabitag
ako
at naglagay ng silo para sa aking mga paa.
[23] O Yawe, alam mo ang lahat nilang paka-
nang patayin ako!
Huwag mo silang patawarin sa kanilang
krimen;
huwag mong kalimutan ang kanilang pagka-
kasala;
durugin sila sa araw ng iyong poot.

**Ang basag na banga**

**19** [1] Ito ang utos ni Yawe kay Jeremias:
"Humayo ka at bumili ng banga sa
magpapalayok. Isama mo ang ilang Matatanda
ng bayan at ilang nakatatanda sa mga pari. [2] At
saka kayo lumabas sa Lambak ng Ben-Hinom
sa may bungad ng Pintuan ng Mga Magpa-
palayok at doon mo ipahayag ang sinabi ko sa
iyo.
[3] Ito ang sasabihin mo: Pakinggan ang salita
ni Yawe, mga hari ng Juda at mga taga-Jerusa-
lem: Si Yawe ng mga Hukbo na Diyos ng Israel
ang nagsasalita. Malapit na akong magpadala
ng kapahamakan sa lugar na ito, at kikilabutan
ang makaririnig. [4] Dito nila ako itinakwil; nag-
alay sila ng insenso sa mga banyagang diyos na
hindi nila kilala, o ng kanilang mga ninuno o ng
mga hari ng Juda; nilapastangan nila ang lugar
na ito at pinuno ng dugo ng mga walang-
kasalanan. [5] Nagtayo sila ng mga altar sa burol
para kay Baal at doon sinunog ang kanilang
mga anak, bagay na hindi ko iniutos o binanggit
kaya o naisip man lamang.
[6] Kaya darating ang araw – sinasabi ni Yawe
– at ang lugar na ito ay hindi na tatawaging Tofet
o Lambak ng Ben-Hinom, kundi Lambat ng
Patayan.
[7] Sisirain ko sa lugar na ito ang mga balak ng
Juda at Jerusalem, at ipapapatay sila sa kani-
lang mga kaaway na naghahangad pumatay sa
kanila. Magiging pagkain ng mga ibon at hayop
ang kanilang mga bangkay. [8] Uulilahin ko ang
lunsod na ito, pagtatawanan ng lahat, at ma-
ngingilabot ang lahat ng daraan at sisipol pag-
kakita sa gayon karaming sugat! [9] Ipakakain ko
sa kanila ang laman ng kanilang mga anak;
magkakainan sila sa panahon ng kagipitan, sa
kapahamakang hatid ng kanilang mga kaaway
na hangad silang patayin.
[10] At basagin mo ang banga sa harap ng mga
sumama sa iyo [11] at sabihin mo sa kanila: Ito ang
sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo:
Ganito ko dudurugin ang mga taong ito at
ang lunsod na ito, gaya ng isang bangang di-
nurog at hindi na mabubuo pang muli. Ililibing
nila ang mga patay sa Tofet sapagkat wala nang
ibang lugar. [12] Ito ang gagawin ko sa Jerusalem
hanggang matulad ito sa Tofet. [13] Lalapasta-
nganin ang mga bahay sa Jerusalem at ang mga
bahay ng mga hari ng Juda, lahat ng bahay kung
saan sila nagsunog ng insenso sa mga bubu-
ngan para sa mga hukbo ng langit, at nagbuhos
ng alay na inumin sa mga banyagang diyos."

**Paghaharap sa templo**

• [14] Pagkatapos ay saka nagbalik si
Jeremias mula sa Tofet na pinagsuguan
sa kanya ni Yawe para magpropesiya, at
tumindig sa patyo ng Bahay ni Yawe.
Doon siya nagsalita sa lahat ng tao, [15] "Pa-
kinggan ninyo ang salita ni Yaweng Diyos
ng Israel: malapit ko nang ipadala sa
lunsod na ito at sa mga karatig-bayan ang
lahat ng kapahamakang sinabi ko, sa-
pagkat matigas ang kanilang ulo at ayaw
nilang makinig sa akin."

---

• **19.**14. Mag-isang nagpopropesiya si Jeremias. Parang walang tumutulong sa kanya, ni sumusunod o mga grupong relihiyoso. Nagsasawa na ang ilan sa pakikinig sa kanya na laging nagbababala. Galit na ang mga pinuno at mga pari sa taong ito na tumutuligsa at sumusumpa sa lipunang pinamumuhayan nila nang walang problema.

20 [1] Narinig ng paring si Pasur na anak
ni Imer, na siyang punong-taga-
pamahala sa Bahay ni Yawe, na nagpo-
propesiya si Jeremias. [2] Ipinabugbog niya
si Jeremias at ipinakadena sa ibabaw ng
Pintuan ni Benjamin, sa may Bahay ni
Yawe.

[3] Kinabukasan, nang palayain siya ni
Pasur, sinabi ni Jeremias: "Hindi na Pasur
ang tawag sa iyo ni Yawe kundi 'Sindak-
sa-lahat-ng-dako.' [4] Sinasabi nga ni Yawe:
Kasisindakan mo mismo ang iyong sarili,
at pati ng iyong mga kaibigan. Makikita
mong mamamatay sila sa tabak ng kani-
lang mga kaaway.

Ibibigay ko ang buong Juda sa mga kamay ng hari ng Babilonia para dalhin sila sa Babilonia o patayin sa tabak.

[5] Ibibigay ko ang lahat ng kayamanan ng lunsod na ito, lahat ng naipon nito, lahat ng mahalaga, lahat ng yaman ng mga hari ng Juda. Aagawing lahat ito ng mga kaaway at tatangayin pa-Babilonia.

[6] At ikaw naman, Pasur, at ang buo mong sambahayan, ay dadalhing bihag sa Babilonia. Doon ka mamamatay at ililibing kasama ng lahat mong kaibigan na nilinlang mo sa pagpopropesiya mo ng kasinungalingan."

**Inakit mo ako**

• [7] Yawe, inakit mo ako at nagpaakit naman ako.
Pinilit mo ako at ikaw ang nanaig.
Maghapon akong pinagtatawanan,
nililibak ako ng lahat.

[8] Wala na akong ibang salita
kundi pahayag ng karahasan at pagnanakaw.
Pag-uyam at paghamak sa buong maghapon
ang hatid sa akin ng salita ni Yawe.

[9] Kaya ipinasya kong limutin siya
at huwag nang magsalita sa ngalan niya.
Ngunit para itong apoy sa aking puso
na nakabilanggo sa aking mga buto.
Pinili kong sikilin ito, ngunit hindi ko magawa.

[10] Maraming bulungan akong naririnig laban sa akin:
"Sindak sa lahat ng dako!
Isuplong siya! Oo, isuplong siya!"

---

• **20.**7. Ginugunita ng "pangungumpisal" na ito ang nasa kabanata 15. Tinanggihan ang Tagapagdala ng Katotohanan at nilibak dahil lamang sa pagsasalita niya sa bisa ng isang personal na misyon na hindi naman tinatanggap ng bayan. Alalahanin nating nabuhay si Jeremias, na anim na dantaon ang kaunahan kay Jesus, at matagal na panahon pa bago nagka-roon ng kaisipan tungkol sa kabilang-buhay. Kaya mas maiintindihan natin ang mga pagtawag niya sa katarungan ng Diyos.

*Pinilit mo ako.* May mas malinaw pa ba, kung ang Diyos ay Pag-ibig?

*Ngunit ang kanyang salita'y parang apoy sa aking puso.* Ang tunay na nakamamangha ay ang di-matutulang lakas ng Salita ng Diyos. Mas mahirap itong tanggihan kaysa harapin ang oposisyon ng mga tao. Sa halos ganito ring paraan sasabihin ni Pablo na hindi niya matatalikuran ang pananagutang ipangaral ang Ebanghelyo (1 Cor 9:16). Inoobliga tayo ng tekstong ito na baguhin at palalimin ang mga napaka-simpleng mga pagkaalam natin tungkol sa ating kalayaan: ang pagiging malaya ay ang pagtupad sa misyong mas hinihingi ng panahon.

Ang sumpang kasunod sa mga bersikulo 14-18 ay titipunin at palalawakin sa ikatlong kabanata ng Job.

Binabantayan ako ng aking mga kaibigan
hinihintay na madulas,
"Baka malinlang siya,
kayat malalamangan natin siya
at tayo'y makapaghihiganti."

11 Ngunit sumasaakin si Yawe na isang malakas na mandirigma.
Kaya madarapa ang mga umuusig sa akin;
hindi sila makapananaig.
Mabibigo sila, lubhang mapapahiya,
at hinding-hindi malilimot ang kanilang kahihiyan!

12 Yawe ng mga Hukbo na sumusubok sa matuwid
at sumusuri sa puso at isipan,
ipakita sa akin ang pagganti mo sa kanila;
sa iyo ko nga iniaasa ang aking usapin.
13 Umawit kay Yawe! Purihin si Yawe!
Iniligtas niya ang dukha sa mga masama!

14 Sumpain ang araw nang isilang ako,
nang ipanganak ako ng aking ina!
Huwag nang pagpalain ang araw na iyon!
15 Sumpain ang nagpaligaya sa aking ama sa pagbabalitang:
May anak ka na! Isang lalaki!
16 Matulad nawa siya sa mga bayang
walang-habag na winasak ni Yawe.
Marinig nawa niya ang sigawan sa umaga
at ang hiyawan ng digmaan sa katanghalian!
17 Dahil hindi pa niya ako pinatay sa sinapupunan
naging libingan ko na sana ang aking ina
at dinala niya ako sa sinapupunan magpakailanman.
18 Bakit ko pa iniwan ang sinapupunan
para mabuhay sa gulo at lungkot,
at magwakas ang aking mga araw sa kahihiyan?

**Ang sagot kay Sedekias**

21 1 Dumating kay Jeremias ang mga salitang ito mula kay Yawe nang ipadala sa
kanya ni Haring Sedekias si Pasur na anak ni
Malakias at ang paring si Sofonias na anak ni
Maasias para sabihin sa kanya: 2 "Sumangguni
ka kay Yawe para sa amin, sapagkat nakikipagdigmaan sa amin si Nabucodonosor na hari ng
Babilonia. Baka sakaling gumawa ng ilang himala si Yawe at paurungin ang mga kaaway."
3 Sumagot si Jeremias: "Ito ang sinasabi ni
Yaweng Diyos ng Israel kay Sedekias: 4 Malapit
ko nang ibaling sa iyo ang mga sandatang
ipinanlalaban mo sa hari ng Babilonia at sa mga
Kaldeo sa labas ng pader; at itatambak ko ang
mga iyon sa gitna ng lunsod.
5 At ako mismo ang makikipaglaban sa iyo
nang may nakaunat na kamay at malakas na bisig, at matinding galit at poot.
6 Tatagain ko ang lahat ng nasa lunsod na ito,
mga tao at mga hayop, at mamamatay sila sa nakakikilabot na salot.
7 Pagkatapos nito – si Yawe ang nagsasalita –
ibibigay ko si Sedekias na hari ng Juda, ang
kanyang mga utusan at ang mga nakaligtas sa
tabak at taggutom. Ibibigay ko sila sa mga
kamay ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia
at sa kanilang mga kaaway na hangad silang
mapatay. Walang awa o habag silang papatayin."
8 At sasabihin mo sa bayang ito: "Ito ang
sinasabi ni Yawe: Inihaharap ko sa inyo ngayon
ang daan ng buhay at ang daan ng kamatayan.
9 Mamamatay sa tabak o gutom o salot ang
mananatili sa lunsod na ito; mabubuhay naman
ang mga lalabas at susuko sa mga Kaldeo na
nakapaligid sa lunsod, at sila lamang ang maliligtas.
10 Sapagkat ipinasya kong pasamain ang
lunsod na ito, hindi pabutihin – salita ni Yawe –
mapapasakamay ito ng hari ng Babilonia na
siyang susunog dito.

**Payo sa angkan ng hari**

11 Sabihin mo ito sa angkan ng mga hari ng Juda:
12 Mga inapo ni David, pakinggan ang salita ni Yawe:

Maggawad ng katarungan tuwing umaga
at iligtas ang mga inaapi sa mga nang-aapi,
kung hindi'y maglalagablab na parang apoy ang aking poot
at walang sinumang makapapatay nito.
13 Ito ang salita ni Yawe: "Pupuntahan ko kayong mga nakatunghay sa lambak,
mga kutang nasa mga bundok,
kayo na nagsasabing 'Sino ang sasalakay sa amin
at papasukin ang kutang ito?'
14 Parurusahan ko kayo
gaya ng nararapat sa inyong mga gawa.
at pasisiklabin ko ang sunog sa inyong gubat,
at tutupukin nito ang lahat ng nakapaligid sa inyo."

**Katarungan muna**

22 • 1 Ito ang salita ni Yawe: "Pumunta ka sa bahay ng hari ng Juda at sabihin ang mensaheng ito: 2 Makinig sa salita ni Yawe, O hari ng Juda, na nakaluklok sa trono ni David, ikaw at ang iyong mga tauhan at lahat ng pumapasok sa mga pintuang ito.
3 Sinasabi ni Yawe:
Maging makatarungan at gumawa nang mabuti.
Palayain sa kamay ng nang-aapi ang kanyang pinagsasamantalahan.
Huwag maltratuhin ang dayuhan, ang ulila o ang biyuda;
huwag maging marahas sa kanila, at huwag padanakin ang dugo ng walang-kasalanan.
4 Kung gagawin ninyo ito, makapapasok sa mga pintuang ito ang mga haring inapo ni David. Darating silang sakay ng mga karwahe at kabayo, kasama ang kanilang mga tauhan at ang mga tao.
5 Ngunit kung hindi ninyo pakikinggan ang aking salita,
isinusumpa ko sa aking sarili:
guguho ang palasyong ito" – si Yawe ang nagsasalita.
6 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe tungkol sa sambahayan ng hari ng Juda:
Para sa akin, tulad ka ng Galaad, ng tuktok ng Lebanon! Ngunit gagawin kitang disyerto, isang lunsod na walang naninirahan.
7 Naghahanda ako ng mga tagapagwasak na sasalakay sa iyo, may hawak na palakol ang bawat isa. Puputulin nila ang mga pili mong sedro at ihahagis sa apoy.
8 Maraming pagano ang daraan sa lunsod na ito at magtatanungan: "Bakit ganito ang ginawa ni Yawe sa dakilang lunsod na ito?"
9 At sasagot sila: "Dahil sinira nila ang kanilang pakikipagtipan kay Yaweng kanilang Diyos, at sumamba sila at naglingkod sa ibang mga diyos!"

**Laban kina Yoakaz at Yoakim**

10 Huwag ninyong iyakan ang patay!
Huwag siyang ipagluksa,
kundi ang ipinatapon ang ipagdalamhati
sapagkat hindi na siya babalik pa o makikita pa ang kanyang bayang sinilangan!
11 Sapagkat ito ang sinabi ni Yawe tungkol kay Salum na anak ni Yosias, na humalili sa kanyang ama bilang hari ng Juda at wala na rito:
12 Hindi na siya babalik pa, kundi mamamatay siya sa lugar na pinagtapunan sa kanya at hindi na makikita pa ang lupaing ito.

---

• **22.**1 Tungkol sa ikalawang pagkubkob sa Jerusalem sa taong 588 ang tula sa 21:1-10. Nasa 22:1-28 naman ang iba't ibang hula laban sa pamilya ng hari bago naganap ang unang pagkubkob sa mga taong 605-598. Tingnan ang 2 Hari 23:31-37 tungkol sa mga haring ito.

Nang mga araw na iyon, ang mga maharlika at taong-gobyerno ng Jerusalem ay namumuhay na gaya ng dati, walang pakialam sa nagaganap na krisis sa kaharian. Ngunit di magtatagal at lahat sila'y papatayin o ipatatapon.

Ganito rin sa ngayon: ang mayayamang bansa at mga mamamayan ay nagpapakaligaya at nabubuhay na walang pakialam sa ibabaw ng isang bulkan. Naaangkop na alalahanin natin ang ilang pananalita ni Monsenyor Helder Camara:

Matagal nang may karahasan. Pero mas laganap siguro ito ngayon kaysa alinmang panahon – sa lahat ng dako at sa maraming anyo: brutal, lantaran, palihim, makulit, bulag, binibigyang-katwiran, pinaplano, pinagkakaisahan, pinag-iibayo, di-kilala, mahirap unawain, iresponsable.

Kung ang mga makapangyarihan sa mahihirap na bansa ay walang lakas ng loob na bitiwan ang kanilang mga pribilehiyo at maggawad ng katarungan sa milyun-milyong mamamayang namumuhay sa di-makataong kalagayan, kung ang mga gobyerno'y sa papel lamang nagsasagawa ng mga reporma, paano natin mapipigil ang mga kabataang natutuksong pumanig sa mga paniwalang nakaugat sa karahasan?

Hanggang kailan natin mas katatakutan ang bomba atomika kaysa bomba ng karukhaan na ginagawa sa sinapupunan ng Ikatlong Mundo?

**Laban kay Yoakim**

13 Kawawa ang nagtatayo ng bahay sa
nakaw na mga gamit, nagtatayo ng mga
palapag sa walang-katarungan!

Kawawa ang nagsasamantala sa kan-
yang kapwa at ayaw magpasuweldo sa
trabaho nito!

14 Ah, nagtatayo ka ng magandang pa-
lasyo na may malalaking kuwarto sa
itaas. Nagpapalagay ka pa ng malalaking
bintana, dinidingdingan pa ng sedro at
pinintahan pa ng pula. 15 Nagiging hari ka
ba sa pagkakaroon ng maraming sedro?
Hindi ba makatarungan at matuwid ang
iyong ama? Kumain nga siya at uminom
at naging maayos naman ang lahat para
sa kanya. 16 Ipinagtanggol niya ang kapa-
kanan ng dukha at nangangailangan.

At itinatanong ni Yawe: “Hindi ba't
pagkilala sa akin ang pagkilos nang ga-
nito?”

17 Ngunit walang hangad ang iyong
mga mata at puso kundi kumita at mag-
padanak ng dugo ng walang-kasalanan,
mang-api at mangikil.”

18 Kaya sinasabi ni Yawe tungkol kay Yoakim
na anak ni Yosias na hari ng Juda: Walang
magdadalamhati para sa kanya: ‘Kawawang
kapatid ko! Kawawa!’ Walang magdadalamhati:
‘Kawawang panginoon ko! Kawawa ang kan-
yang kamahalan!’ 19 Ililibing siyang parang
asno, kakaladkarin at ihahagis sa labas ng mga
pintuan ng Jerusalem.

20 Umahon sa Lebanon at sumigaw;
humiyaw sa kaburulan ng Basan
sumigaw sa Abarim,
sapagkat nalipol na ang iyong mga manlili-
gaw.

21 Kinausap na kita noong nakaririwasa pa,
ngunit sinabi mo: ‘Hindi ako makikinig.’
Ganito na ang ugali mo mula pa sa iyong
kabataan,
na di pinakikinggan ang aking salita.

22 Ikakalat ng hangin ang iyong mga pastol
at mabibihag ang iyong mga manliligaw;
at mas mahihiya ka pa kaysa kanila.

23 Ikaw na tumatawag ng ‘Lebanon’ sa iyong
bahay,
at mga tablang sedro ang ginawang pugad,
gaano na ang pagdaing mo pagdating ng
hapis,
gaya ng hirap ng babaeng nanganganak!

**Laban kay Yekonias**

24 Isinusumpa ko – sabi ni Yawe – na kung si
Yekonias man na anak ni Yoakim, na hari ng
Juda ang sinsing na pantatak sa aking kanang
kamay, huhugutin ko pa rin siya! 25 Ibibigay nga
kita sa mga nagtatangka sa buhay mo, sa mga
kinatatakutan mo, kay Nabucodonosor na hari
ng Babilonia, at sa mga Kaldeo. 26 At ihahagis
kita at ang inang nagsilang sa iyo sa ibang lupain
na hindi ninyo sinilangan, at doon kayo ma-
mamatay. 27 Sapagkat hindi na kayo babalik pa
sa lupaing pinananabikan ninyong balikan!

28 Ang Yekonias bang ito'y palayok na basag
at walang silbi, at walang sinumang may gusto?
Bakit siya itinapon, siya at ang kanyang angkan,
sa isang lupaing hindi nila alam?

29 Lupa, lupa, lupa! Pakinggan ang sinasabi ni
Yawe. 30 Ito ang kanyang mga salita” “Italang
walang anak ang lalaking ito, bigo sa kanyang
buhay!” Wala isa man sa kanyang lahi ang
magtatagumpay! Wala isa man ang luluklok sa
trono ni David at maghahari sa Juda.

**Ang mabuting pastol**

**23** • 1 “Kawawang mga pastol na nag-
liligaw at nagpapangalat sa mga
tupa ng aking pastulan!” Si Yawe ang nag-
sasalita.

---

• **23.**1 *Kawawang mga pastol na nagliligaw at nagpapangalat!* Ang bagong atakeng ito laban sa mga masamang pinuno ay pinakasimula sa ilang salita ng pag-asa.

*Titipunin ko mismo ang nalalabi sa aking mga tupa.* Ang pagkawasak ng “pisikal” na Israel ay paghahanda sa pagdating ng “espirituwal” na Israel. Nasanay na ang mga tao na makitang inaabuso ng mga lider ang kanilang kapangyarihan at nagpapayaman naman ang mga pinuno. Ngunit may inihahandang pastol ang Diyos para sa kanyang bayan, na magaalaga sa mga tupa.

*Tatawagin nila siyang Yaweng-aming-Katarungan:* isa itong paraan para ipakita ang kaibahan niya sa hari noon na nagngangalang Sedekias na ang ibig sabihi'y Si-Yawe-ang-Aking-Katarungan.

*Maglalagay ako ng mga pastol na mangangalaga sa kanila.* Bukod sa makatarungang hari, nakikita rin ni Jeremias ang iba pang mga pastol: bukod sa tanging Pastol na si Kristo, may lugar pa rin para sa mga taong desididong maging responsable para sa kanilang mga kapatid.

*Hindi na sila matatakot.* May ipinangangakong kapayapaang walang hanggan ang Diyos. Ang bagong

2 Ito ang mensahe ni Yaweng Diyos ng
Israel sa mga pastol na nagpapastol sa
aking bayan: “Pinangalat ninyo ang aking
mga tupa at itinaboy sila sa halip na ala-
gaan. Kaya parurusahan ko kayo dahil sa
inyong masasamang gawa.

3 Titipunin ko mismo ang nalalabi sa
aking mga tupa mula sa bawat lupaing
pinagtabuyan ko sa kanila at muli ko si-
lang ibabalik sa kanilang pastulan. Magi-
ging mabunga sila at dadami. 4 Bibigyan
ko sila ng mga pastol na titingin sa kanila
at mangangalaga. Hindi na sila matatakot
o masisindak. Wala nang mawawala.”

5 Ito ang sinasabi ni Yawe: “Darating
ang araw na magpapalitaw ako kay David
ng isang matuwid na supling, isang haring
buong-karunungang mamumuno at pai-
iralin sa lupain ang katarungan at pag-
kamatuwid. 6 At tatamasahin ng Juda ang
kapayapaan at panatag na mabubuhay
ang Israel. At ito ang pangalang itatawag
sa kanya: Yaweng-aming-Katarungan!

7 Kayat darating ang panahon – ito ang salita
ni Yawe – na hindi na sasabihing “Purihin si Yawe
na naglabas sa mga anak ng Israel mula sa
Ehipto,” 8 kundi: “Purihin si Yawe na nagbalik sa
mga inapo ng Israel mula sa lupain sa Hilaga at
mula sa lahat ng lupaing pinagtabuyan niya sa
kanila, upang mamuhay na muli sa sariling
lupain!”

**Mga propetang sinungaling**

• 9 Tungkol sa mga propeta:
Nadudurog ang aking puso,
nanginginig ang aking mga buto.
Para akong lasing na nadaig ng alak
dahil kay Yawe at sa mga banal niyang salita.
10 Puno ng mga nakikiapid ang lupain. Kaya
isinumpa ko ang lupain; nagluluksa ito, at na-
tuyo ang mga pastulan sa ilang. Daan ng kasa-
maan ang tinatahak nila, namamayani ang
paggawa ng kawalang-katarungan. 11 Nasusu-
hulan din ang mga pari at mga propeta; kahit na
sa Bahay ko'y natuklasan ko ang kanilang ka-
samaan – ito ang salita ni Yawe.

12 Kaya dudulas at didilim ang kanilang lan-
das, matitisod at madarapa sila sa paghahatid
ko ng kapahamakan sa kanila sa taon ng ka-
nilang kaparusahan.

13 Nakita ko ang kahangalan ng mga propeta
ng Samaria na nagpopropesiya sa ngalan ni
Baal at nagliligaw sa aking bayang Israel.
14 Ngunit sa mga propeta naman ng Jerusalem,
kasuklam-suklam ang nakita ko: nakikiapid sila
at nabubuhay sa kasinungalingan!

Pinalalakas nila ang loob ng mga gumagawa
ng masama kayat wala isa mang tumatalikod sa
kasamaan. Tulad sila sa Sodom sa paningin ko,
at tulad naman sa Gomorra ang mga karani-
wang tao.

15 Kaya nagsasalita si Yawe ng mga Hukbo
laban sa mga propeta: pakakanin ko sila ng
mapait na pagkain at paiinumin ng tubig na
may lason, sapagkat kumalat ang kasamaan sa
buong lupain mula sa mga propeta ng Jerusa-
lem.

16 Ito ang babala ni Yawe: “Huwag pakinggan
ang sinasabi ng mga propeta. Maling pag-asa
ang ibinibigay nila sa inyo, at mga pangitain ng
kanilang imahinasyon ang sinasabi, at hindi ang
mula sa bibig ni Yawe.

17 Malakas ang loob nilang sabihin sa mga
bumabalewala sa akin: ‘Nagsalita na si Yawe,
sumainyo ang kapayapaan’; at sinasabi naman
nila sa mga sumusunod sa kanilang suwail na
puso: ‘Walang kasawiang-palad na darating sa
inyo!’

18 Sino nga ba ang nakabilang sa sanggunian
ni Yawe? Sino ang nakakita at nakarinig sa
kanyang salita? Sino ang nakapagbigay-pansin
sa kanyang salita at naisalin ito sa iba?

19 Sumilakbo ang unos ng poot ni Yawe at
nagwala ang ipuipo sa mga ulo ng mga lapas-

---

bayan ng Diyos ay magiging higit pa kaysa pagpapatuloy lamang ng matandang kaharian ng Israel, at ang bagong hari ay magiging higit kaysa mga hari sa lupa (tingnan kung paano tinatalakay ni Jesus ang puntong ito sa Jn 10).

Umaasa ang sangkatauhang magkakaisa sa Kapayapaan, at ang misyon ngayon ng Iglesya ay magbigay ng isang larawan ng iba't ibang bayang natitipon kay Kristo. Ngunit magkakatotoo lamang ito sa makalangit na Jerusalem (Pagbubunyag 21:22).

Sa ibang mga dako'y ganito ring pag-asa ang ipinahahayag ni Jeremias, lalo na sa 33:15-18. Ganito ring paglalarawan sa Mabuting Pastol ang nasa Ezekiel 34 na naghahanda para sa sasabihin ni Jesus sa Juan 10, Lucas 15:4 at Mateo 9:36.

• **23.9**. Tingnan din ang Dt 13:6 at 18:22 at ang Jer 28 tungkol sa *mga bulaang propeta*.

Ang mga hindi ganap na nakauunawa sa kanilang pananampalataya ay namamangha sa mga pangitain at mga panaginip; nalilimutan nilang lubhang mapalinlang lalo na ang mga pangarap.

tangan! 20 Hindi maglulubag ang poot ni Yawe
hanggang hindi niya natutupad at natototoo ang
sarili niyang mga balak. Lubos n'yo itong ma-
uunawaan sa darating na panahon.
21 Hindi ko isinugo ang mga propetang ito,
ngunit patakbo silang umalis. Hindi ako nagsa-
lita pero nagpropesiya sila! 22 Naroon ba sila sa
aking sanggunian? Salita ko sana ang ipahayag
nila sa aking bayan at pinalayo sila sa ma-
sasama nilang mga daan at gawa.
23 Diyos lamang ba ako sa malapit – si Yawe
ang nagsasalita – at hindi na sa malayo? 24 May
makapagtatago ba sa mga lihim na lugar at
hindi ko siya makikita? – sabi ni Yawe – Di ba't
ako ang nasa langit at nasa lupa rin?
25 Pinakinggan ko ang sinasabi ng mga pro-
petang nagpopropesiya ng mga kasinunga-
lingan sa aking pangalan. Sinasabi nila: Nana-
ginip ako! Nanaginip ako!
26 Hanggang kailan magkakaroon ng mga
propeta ng kasinungalingan na nagpapahayag
ng sarili nilang ilusyon? 27 Gusto nilang mali-
mutan ng mga tao ang aking Pangalan sa pa-
mamagitan ng mga panaginip na sinasabi nila
sa isa't isa, kung paanong nilimot ng kanilang
mga ninuno ang aking Pangalan nang sumunod
sila kay Baal. 28 Panaginip lamang ang prope-
siya ng propetang nanaginip, ngunit katotoha-
nan naman ang ipinahahayag ng tumatanggap
sa aking salita.
Puwede bang ipagkamali ang dayami sa
trigo? – si Yawe ang nagsasalita – 29 Di ba't
parang apoy ang aking salita, parang masong
dumudurog sa bato?
30 Kaya laban ako sa mga propetang nagsa-
sabing mga salita ko raw ang ninakaw nila sa
isa't isa. 31 Laban ako sa mga propetang nagpo-
propesiya sa pagpapapagalaw lamang ng dila.
32 Laban ako sa mga propeta na sa mga pana-
ginip na kasinungalingan ibinabatay ang kani-
lang propesiya at iniliigaw ang aking bayan sa
kanilang panlilinlang at pagkukunwari. Hindi ko
sila isinugo o inutusan, kaya wala silang silbi sa
aking bayan – ito ang salita ni Yawe.
33 At kung tanungin ka ng mga taong ito,
propeta man o pari: Ano ang 'Pasanin' ni Yawe?
Sagutin mo sila: 'Kayo ang pasanin at lilipulin ko
kayo. Ito ang salita ni Yawe.' 34 At parurusahan
ko ang mga propeta o pari o mga karaniwang
tao na nagsasabing: 'Pasanin' ni Yawe, pati ang
kanilang sambahayan.
35 Ito ang dapat sabihin ng bawat isa sa
kanyang kaibigan o kapatid: "Ano ang sagot ni
Yawe?" o "Ano ang sabi ni Yawe?" 36 Ngunit di
dapat banggitin ang 'Pasanin' ni Yawe sapagkat
magiging pasanin ito sa nagsasabi nito. 37-38 At
kung gusto ninyong malaman, ito ang sinasabi
ni Yawe:
39 Dahil ginagamit ninyo ang salitang ito
gayong iniutos kong huwag ninyong gamitin,
palalayasin ko kayo at ilalayo sa aking paningin,
kayo at ang lunsod na bigay ko sa inyo at sa
inyong mga ninuno. 40 Ibubuhos ko sa inyo ang
walang-hanggang kahihiyan, bahid na di ma-
papawi habang panahon.

### Dalawang kaing ng igos

**24** • 1 Ipinakita sa akin ni Yawe ang dala-
wang kaing ng igos na inilagay sa harap
ng Templo. Nangyari ito matapos ipatapon ni
Nabucodonosor na hari ng Babilonia si Yekonias
na anak ni Yoakim, na hari naman ng Juda,
kasama ang mga pinuno ng Juda, ang mga
panday at mga platero, at dinala sila sa Babilo-
nia, malayo sa Jerusalem.
2 Mga piling igos ang nasa isang kaing, pa-
rang mga unang bungang hinog sa puno, at
napakasasamang igos naman ang nasa isa
pang kaing, napakasama kayat hindi makain.
3 Sinabi sa akin ni Yawe: "Ano ang nakikita mo,
Jeremias?" Sumagot ako: "Mga igos. Napaka-
husay ng magagandang igos at napakasama
naman ng mga bulok na igos at hindi na maka-
kain!"
4 Noon dumating sa akin ang salita ni Yawe.
5 Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel:
"Gaya ng nakikita kong mabubuting igos ang
mga taga-Juda na itinapon sa lupain ng mga
Kaldeo. 6 Titingnan ko ang kanilang kapakanan
at ibabalik sila sa lupaing ito. Patatatagin ko sila
at hindi na wawasakin, itatanim at hindi bubu-
nutin. 7 Bibigyan ko sila ng pusong kikilala sa
akin na ako si Yawe. Sila ang magiging bayan ko
at ako ang magiging Diyos nila, pagkat buong
puso silang magbabalik sa akin."
8 Ngunit tulad ng ginagawa sa masasamang

---

• **24.**1 Naganap sa taong 598 ang unang pag-kubkob sa Jerusalem, ang pagsuko ni Haring Yoakim at ang unang pagpapatapon. Sa sumunod na sampung taon, ang bagong haring si Sedekias at ang mga natirang mamamayan ay kumilos na parang walang nangyari. Bagamat talunan at dukha, ipinalagay ng mga taga-Jerusalem na mas nakaluluwag sila at kailangan lamang nilang itangis ang sinapit ng mga ipinatapon. Tinatanggihan ni Jeremias ang ganitong opinyon. Mahalaga sa Diyos ang mga ipinatapon sapagkat sila ang simula ng bagong sambayanan sa hinaharap. Sa kabilang dako, may mas masamang mangyayari sa mga naiwan sa Jerusalem.

igos, napakabulok at hindi na makain – si Yawe
ang nagsasalita – gayon din ang gagawin ko kay
Sedekias na hari ng Juda, sa kanyang mga
pinuno at sa mga nalabi sa Jerusalem, ang mga
nanatili sa lupain at sa mga nanirahan sa Ehipto.
9 Gagawin ko silang kasuklam-suklam sa
lahat ng kaharian sa lupa. At magiging halim-
bawa sila ng kabiguan, paksa ng usapan, biruan
at sumpa sa lahat ng bansang pagtatabuyan ko
sa kanila.
10 At ipadadala ko sa kanila ang tabak, gutom
at salot hanggang malipol sila sa lupaing bigay
ko sa kanila at sa kanilang mga ninuno.

**Pitumpung taon na pagkabihag**

25 • 1 Ito ang salitang dumating kay Jere-
mias tungkol sa buong bayan ng Juda
sa ikaapat na taon ng paghahari sa Juda ni
Yoakim na anak ni Yosias, sa unang taon ni
Nabucodonosor, na hari ng Babilonia. 2 At sinabi
niya sa buong bayan ng Juda at sa lahat ng nasa
Jerusalem:
3 Mula sa ikalabintatlong taon ni Yosias na
anak ni Amon at hari ng Juda hanggang sa araw
na ito, dalawampu't tatlong taon nang duma-
rating sa akin ang salita ni Yawe at patuloy
naman akong nagsasalita sa inyo, 4 pero hindi
kayo nakinig. Paulit-ulit na isinusugo sa inyo ni
Yawe ang kanyang mga lingkod na propeta,
ngunit hindi ninyo sila pinakinggan o binigyang-
pansin.
5 Sinabi nila: Talikuran ninyo ang inyong
masasamang daan at gawain upang maka-
panirahan kayo sa lupang bigay ni Yawe sa
inyo at sa inyong mga ninuno magpakailan-
man. 6 Huwag kayong humabol sa ibang mga
diyos para maglingkod at sumamba sa kanila.
Huwag ninyo akong galitin sa mga bagay na
gawa ng inyong mga kamay, at hindi ko kayo
sasaktan. 7 Ngunit ayaw ninyong makinig – si
Yawe ang nagsasalita – at ginalit ako sa mga
diyus-diyusang gawa ninyo na naghatid ng
sariling kapahamakan.
8 Kaya nga sinasabi sa inyo ni Yawe ng mga
Hukbo: Dahil ayaw ninyong makinig sa sinabi
ko, 9 ipatatawag ko ang lahat ng angkan sa
Hilaga at sasalakayin nila ang lupaing ito at ang
mga naninirahan dito. Ganap ko silang lilipulin
at gagawin silang sanhi ng takot at biruan at
guho sa habang panahon. 10 Papawiin ko sa
kanila ang lahat ng ingay ng galak at kaliga-
yahan, ang awit ng mga bagong-kasal, at ang
ingay ng gilingan at ang ilaw sa lampara.
11 Magiging guho ang buong lupain at pitum-
pung taon silang aalipinin ng hari ng Babilonia.
12 (Ngunit pagkatapos ng pitumpung taon,
parurusahan ko ang bansang ito dahil sa kani-
lang pagkakasala – si Yawe ang nagsasalita – at
gagawin kong tiwangwang ang lupaing iyon
magpakailanman.)
13 Tototohanin ko sa lupaing ito ang lahat ng
ipinahayag ko, lahat ng nasusulat sa aklat na ito.
14 Aalipinin sila ng mga makapangyarihang
bansa at hari! Gagantihan ko sila ayon sa kani-
lang mga gawa at sa ginawa ng kanilang mga
kamay.

**Ang kalis ng poot ng Diyos**

15 Ito ang sinabi sa akin ni Yaweng Diyos ng
Israel: "Kunin mo ang kalis na ito ng alak at
painumin dito ang lahat ng bansang pagsu-
suguan ko sa iyo. 16 Iinom sila at susuray at
maliligalig sa tabak na ipadadala ko sa kanila."
17 Kaya kinuha ko ang kalis sa kamay ni Yawe
at pinainom dito ang lahat ng bansang pinag-
suguan sa akin: 18 ang Jerusalem at ang mga
bayan ng Juda, ang kanilang mga hari at mga
pinuno upang maging guho at halimbawa ng
bayang bigo, hinamak at isinumpa, gaya ng
kalagayan nila ngayon. 19 At ibinigay ko iyon
kay Paraong hari ng Ehipto, sa kanyang mga
tagapamahala, mga opisyal at buo niyang
bayan, sa lahat ng mga bansa sa Kanluran, 20 sa
lahat ng hari ng Us, sa lahat ng hari ng mga
Pilisteo; sa Askalon, Gaza, Ekron at sa nalabi sa
Asdod, 21 sa Edom, Moab at Amon; 22 sa lahat ng
hari ng Tiro at Sidon, sa mga hari sa mga
baybayin sa kabilang ibayo ng dagat; 23 sa
Dedan, Tema, Buz, 24 sa lahat ng hari ng Arabia
at mga hari sa Kanluran na nasa disyerto; 25 sa
mga hari ng Zimri, Elim at Media, 26 sa lahat ng
hari sa Hilaga, sa malapit at malayo, sunud-
sunod sila; sa lahat ng kaharian sa balat ng lupa!
At pagkatapos nilang lahat, iinom din ang hari
ng Babilonia!
27 Sabihin mo sa kanila: "Ito ang mensahe ni
Yawe ng mga Hukbo at Diyos ng Israel: Uminom
kayo, magpakalasing, magsuka, mabuwal

• **25.**1 *Pinagsasama sa kabanatang ito ang:*
25:1-13. Isang introduksiyong tiyak na nauna sa mga propesiya ni Jeremias laban sa bayan ng Juda at ngayo'y bumubuo sa mga kabanata 1-24 ng kanyang aklat. Pansinin sa tekstong ito ang propesiya tungkol sa pitumpung taong itatagal ng pagkatapon ng mga Judio sa Babilonia. Isa itong makahulugang bilang dahil may dalawang pagkatapon, noong 598 at 587, at marami pang nagsialis pagkalipas ng taong 538.
*25:14-38. Isang introduksiyong tiyak na nauna sa mga propesiya laban sa mga nagkakatipong bangyagang bansa sa mga kabanata 46-51.*

upang hindi na tumindig pang muli dahil sa
tabak na ipadadala ko laban sa inyo."
28 Ngunit kung ayaw nilang kunin ang kalis sa
iyong kamay para uminom, sabihin mo sa
kanila: "Si Yawe ng mga Hukbo ay nagsalita na:
Dapat din kayong uminom. 29 Pag nakita mong
una kong pinarurusahan ang lunsod na pina-
nanahanan ng aking Pangalan, akala mo ba'y di
ka parurusahan?
Hindi, sapagkat ako mismo ang magpa-
pababa sa tabak sa lahat ng nasa lupa – si Yawe
ng mga Hukbo ang nagsasalita."
30 Ihatid mo sa kanila ang lahat ng ito at
sabihin sa kanila: "Umuungol si Yawe sa itaas;
sumisigaw siya mula sa Kanyang banal na
tirahan at malakas ang dagundong ng kanyang
tinig sa kanyang tirahan sa pagbababala niya sa
lahat ng nasa daigdig. Dumadagundong ang
kanyang tinig sa dulo ng daigdig dahil may
sakdal si Yawe sa mga bansa. 31 Hinahatulan
niya ang bawat tao, at pinababayaan niyang
mamatay sa tabak ang masasama – ito ang
salita ni Yawe."
32 Sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: "Tingnan,
lumalaganap na ang kapahamakan sa bawat
bansa. May bagyong lumilitaw sa dulo ng daig-
dig." 33 Sa araw na iyon, ikakalat ang mga pina-
tay ni Yawe sa magkabilang dulo ng daigdig.
Hindi sila ipagluluksa, titipunin o ililibing – magi-
ging para silang dumi sa lupa!
34 Mga pastol, humagulgol at managhoy!
Gumulong sa alabok, kayong mga pinuno ng
kawan sapagkat dumating na ang araw ng pag-
patay at pangangalat sa inyo at babagsak ka-
yong parang mga pinatabang tupa.
35 Walang matatakbuhan ang mga pastol,
walang matatakasan ang mga pinuno ng ka-
wan.
36 Sumisigaw ang mga pastol at humaha-
gulhol ang mga pinuno ng kawan sapagkat
winasak ni Yawe ang mga damuhan 37 at tahimik
na mga pastulan dahil sa nag-aapoy na poot ni
Yawe.
38 Iniwan niyang tulad ng batang leon ang
kanyang yungib at sinisira ang lupain dahil sa
kanyang poot.

**Inaresto at hinatulan si Jeremias**

**26** • 1 Sa simula ng paghahari ni
Yoakim na anak ni Yosias, na hari
ng Juda, dumating kay Jeremias ang sa-
lita ni Yawe: 2 Ito ang sinasabi ni Yawe:
"Tumindig ka sa patyo ng Bahay ni Yawe
at sabihin sa lahat ng dumarating mula sa
mga bayan ng Juda para sumamba sa
Bahay ni Yawe ang lahat ng ipinasasabi
ko sa iyo: huwag bawasan ng kahit ano!
3 Baka makinig sila sa iyo, at talikuran ng
bawat isa ang masasama niyang gawi. At
hindi ko na ipadadala ang parusang iniisip
kong ipadama sa kanila dahil sa masama
nilang mga gawa.
4 Sabihin mo sa kanila: Ito ang sinasabi
ni Yawe:
Hindi ninyo ako sinunod at hindi kayo
namuhay ayon sa aking Batas na iniharap
ko sa inyo. 5 Hindi ninyo pinakinggan ang
aking mga lingkod na mga propeta, na
lagi kong isinusugo sa inyo. Kung mag-
pupumilit kayo na di makinig sa kanila,
6 itutulad ko ang Bahay kong ito sa san-
tuwaryo sa Silo, at ang Jerusalem bilang
halimbawa: makikita ng lahat ng bansa sa
lupa na isinumpa ko ito."
7 Narinig ng mga pari, mga propeta at
ng lahat ng tao ang sinabi ni Jeremias sa
Bahay ni Yawe. 8 Pagkasabi ni Jeremias sa
iniutos sa kanya ni Yawe, dinakip siya ng
mga pari at mga propeta at sinabing:
"Mamamatay ka!" 9 Paano ka nakapag-

---

• **26.**1 Mababasa sa 7:1-15 ang pahayag laban sa mga umaasa sa Templo. Binubuod dito ng sekretaryo ni Jeremias na si Baruc ang pahayag na ito at sinasabi niya sa atin ang mabigat na dating nito.

– Ipinagtatanggol ng bayan si Jeremias laban sa mga pari at mga propeta.

– Matatag si Jeremias sa kanyang paninindigan: hindi siya makapagpakita ng pruweba o milagro para patibayan ang kanyang sinasabi. Iniligtas siya ng pagbabalik-loob ng sambayanan: kinikilala nila ang tinig ng katotohanan.

– Ginugunita nila ang mga salita ni Propeta Mikeas (3:12) sa nakaraang dantaon.

– Sa wakas ng kabanata, binabanggit ang pamilya ni Safan, ang sekretaryo ng hari na panig sa panrelihiyong reporma ni Haring Yosias (tingnan ang 2 H 22:8). Maraming beses na ipagtatanggol ni Safan at ng kanyang angkan si Jeremias.

Hindi nagkataon lamang ang paghaharap na ito ni Jeremias at ng mga pari. Malimit salungatin ng mga pari na mga tagapag-ingat ng salita ng Diyos ang mga propeta ng kanilang kapanahunan. Binale-wala ng mga pari si Juan Bautista at si Jesus naman ay kanilang hinatulan. Ito ang dahilan: kadalasa'y ang iniisip ng mga ministro ng relihiyon unang-una ay ang papanatilihin ang mga institusyon at sistema na sila ang mga

sasalita sa Ngalan ni Yawe na wawasakin
ang Bahay na ito gaya ng Silo, at iiwang
guho ang lunsod na ito?" At pinaligiran ng
lahat ng tao si Jeremias sa Bahay ni Yawe.
10 Nang mabalitaan ito ng mga pinuno
ng Juda, nagpunta sila sa Bahay ni Yawe
mula sa palasyo ng hari at lumuklok sa
kanilang mga upuan sa bungad ng Ba-
gong Pintuan. 11 At sinabi ng mga pari at
mga propeta sa mga pinuno ng bayan:
"Patayin ang lalaking ito dahil nagprope-
siya siya laban sa lunsod na ito gaya ng
narinig ng inyong mga tainga!"
12 Sumagot si Jeremias: "Isinugo ako ni
Yawe para magpropesiya laban sa Bahay
na ito at sa lunsod na ito, tulad ng inyong
narinig. 13 Ituwid ninyo ngayon ang inyong
mga daan at mga gawa, at sumunod kay
Yaweng inyong Diyos, at kahahabagan
niya kayo at hindi na ipahahamak.
14 Ako nama'y nasa inyong mga ka-
may; gawin ninyo sa akin ang tama at
makatarungan sa palagay ninyo. 15 Ngu-
nit alamin ninyong wala akong kasalanan
at kung papatayin ninyo ako, kayo ang
pumipinsala sa inyong sarili, sa lunsod na
ito at sa mga tao. Ang totoo'y si Yawe ang
nagsugo sa akin para sabihin ang lahat ng
sinabi ko na narinig ninyo."
16 Kaya sinabi ng mga pinuno at ng
mga tao sa mga pari at mga propeta:
"Hindi siya nararapat mamatay; nagsalita
nga siya sa atin sa Ngalan ni Yawe."
17 Tumindig ang ilan sa Matatanda ng
lupain at nagsalita: 18 "Nagpropesiya noon
sa bayan si Mikeas ng Morasti sa panahon
ni Ezekias na hari ng Juda: 'Matutulad sa
bukirin ang Sion, at magiging isang tam-
bak naman ng guho ang Jerusalem. Magi-
ging gubat ang burol na kinatatayuan ng
Templo.'
19 Pinatay ba siya ni Ezekias na hari ng
Juda, o ng mga taga-Juda? Sa halip ay
nagkaroong-pitagan sila kay Yawe at
hiningi ang kapatawaran. Kaya nagbago
ng loob si Yawe at hindi na sila ipina-
hamak. Paano natin magagawa ang kri-
meng ito?"
20 May isa pang lalaki na nagpropesiya
sa Ngalan ni Yawe, siya si Urias na anak ni
Semaya na taga-Kiryat-yearim. Nagpropesiya
siya laban sa lunsod na ito at sa lupain gaya ni
Jeremias. 21 Nang marinig ito ni Haring Yoakim
at ng lahat ng pinuno, ipinasya nitong patayin
siya. Nalaman ito ni Urias at takot na tumakas
pa-Ehipto. 22 Ngunit pinapunta ni Haring Yoa-
kim sa Ehipto si Elnatang anak ni Akbor,
kasama ang ilan pa. 23 Inilabas nila si Urias mula
sa Ehipto at iniharap kay Haring Yoakim, na
nagpapatay sa kanya at itinapon naman ang
kanyang bangkay sa libingan ng mga kara-
niwang tao.
24 Kinampihan naman ni Ahikam na anak
ni Safan si Jeremias, at hindi siya nahulog sa
kamay ng mga taong gustong pumatay sa
kanya.

**Ang pamatok ni Nabucodonosor**

27 1 Sa simula ng paghahari ni Sedekias
na anak ni Yosias, dumating ang sali-
tang ito ni Yawe kay Jeremias: 2 "Gumawa ka ng
mga lubid at pamatok para sa iyo, at ilagay sa
iyong leeg. 3 At ipasabi mo sa mga hari ng Edom,
Moab, Amon, Tiro at Sidon, sa kanilang mga
sugo na dumating sa Jerusalem para humarap
kay Sedekias na hari ng Juda. 4 Ibigay mo sa
kanila ang pasabing ito para sa kanilang mga
panginoon:
Ito ang salita ni Yawe ng mga Hukbo na
ipararating ninyo sa inyong mga panginoon:
5 Sa malakas kong kapangyarihan at nakaunat
na bisig, ako ang may gawa sa lupa at sa mga
tao at sa mga hayop na naririto, at ibinibigay ko
ito kung kanino ko gusto. 6 Naibigay ko na
ngayon ang lahat ng lupaing ito sa mga kamay
ng aking lingkod na si Nabucodonosor na hari
ng Babilonia at ipaiilalim ko rin sa kanya pati
mga hayop sa gubat. 7 Maglilingkod sa kanya
ang lahat ng bansa, at sa kanyang anak at apo
hanggang sumapit ang panahon para sa kan-
yang lupain, at sasakupin siya ng malalakas na
mga bansa at makapangyarihang mga hari.
8 Para naman sa bansa o kahariang ayaw
maglingkod kay Nabucodonosor na hari ng
Babilonia, parurusahan ko ito sa tabak, taggu-
tom at salot – ito ang salita ni Yawe – hanggang
malipol ito ng kanyang kamay.
9 Kaya huwag ninyong pansinin ang inyong
mga propeta, manghuhula, tagaintindi sa pana-
ginip, astrologo o espiritista na nagsasabing
'Huwag kayong paiilalim sa hari ng Babilonia.'
10 Sapagkat mga propeta sila ng kabulaanan
kaya itataboy kayo mula sa inyong lupain. Ako
mismo ang magtataboy sa inyo para malipol.

11 Ngunit ang bansang paiilalim sa pamatok
ng hari ng Babilonia at maglilingkod sa kanya
ang iiwan ko sa kanilang sariling lupain – ito ang
salita ni Yawe – upang bungkalin iyon at doon
manirahan."
12 Ibinigay ko ang salita ring ito kay Sedekias
na hari ng Juda: "Pailalim kayo sa pamatok ng
hari ng Babilonia. Paglingkuran ninyo siya at
ang kanyang bayan at mabubuhay kayo. 13 Ba't
ka mamamatay pati na ang iyong bansa sa
tabak, taggutom at salot, tulad ng banta ni Yawe
sa alinmang bansang hindi maglilingkod sa
hari ng Babilonia?" 14 Huwag kayong makinig
sa mga propetang nagsasabing "Huwag ka-
yong maglingkod sa hari ng Babilonia." Sapag-
kat kasinungalingan ang kanilang propesiya.
15 Hindi ko sila isinugo, sabi ni Yawe, at nagpo-
propesiya sila ng kabulaanan sa aking Panga-
lan. Kung hindi'y palalayasin ko kayo at ma-
lilipol kayo kasama ang inyong propeta.
16 At kinausap ko naman ang mga pari at mga
tao: "Sinasabi ni Yawe: Huwag ninyong pa-
kinggan ang mga propetang nagsasabi: 'Sa
lalong madaling panaho'y ibabalik mula Babilo-
nia ang mga kagamitan ng Bahay ni Yawe.'
Nagpopropesiya sila ng mga kabulaanan. 17 Hu-
wag kayong makinig sa kanila, kundi pagling-
kuran ang hari ng Babilonia at kayo'y mabu-
buhay. Huwag nawang maging guho ang lunsod
na ito.
18 Kung mga propeta sila at nasa kanila ang
salita ni Yawe, mananalangin sana sila ngayon
kay Yawe ng mga Hukbo na huwag ipadala sa
Babilonia ang mga gamit na nalalabi sa Bahay
ni Yawe at sa palasyo ng hari at sa Jerusalem.
19 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe tungkol
sa mga haligi, sa Dagat-dagatang tanso at sa
mga naililipat na mga patungan, at sa iba pang
mga gamit sa lunsod na ito 20-21 na hindi dinala
ng hari ng Babilonia nang ipatapon nito si
Yekonias sa Babilonia mula sa Jerusalem:
22 "Dadalhin sa Babilonia ang mga iyon at doon
mananatili hanggang sa araw na mamahala ako
para kunin ang mga iyon. At ibabalik ko ang
mga iyon sa lugar na ito."

**Jeremias at Ananias**

28 • 1 Sa simula ng paghahari ni Se-
dekias na hari ng Juda, sa ikali-
mang buwan ng ikapat na taon, kinausap
ako ng propetang si Ananias na anak ni
Asur na taga-Gibeon. Sinabi niya sa akin
sa Bahay ni Yawe sa harap ng mga pari at
ng mga tao:
2 "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel:
Wawasakin ko ang pamatok ng hari ng
Babilonia. 3 Sa loob ng dalawang taon iba-
balik ko sa lugar na ito ang lahat ng bagay
na inalis ni Nabucodonosor na hari ng
Babilonia mula sa Bahay ni Yawe at dinala
sa Babilonia. 4 Ibabalik ko rin si Yekonias
na anak ni Yoakim, na hari ng Juda at ang
lahat ng iba pang bihag mula sa Juda na
ipinatapon sa Babilonia. Talaga ngang
wawasakin ko ang pamatok ng hari ng
Babilonia – salita ni Yawe."
5 Ngunit sinagot ni Jeremias si Ananias
sa harap ng mga pari at ng lahat ng tao:
6 "Amen! Gawin sana ni Yawe at magka-
totoo ang mga sinabi mo tungkol sa pag-
babalik dito galing Babilonia ng mga ka-
gamitan ng Bahay ni Yawe at ng lahat ng

---

taga-ingat at nagbibigay sa kanila ng kabuhayan, samantalang ang mga propeta nama'y nag-aanyaya sa atin na sumulong at isaalang-alang ang mahalaga.

• **28.**1 Gaya ng nakita natin sa 22:1, ang sampung taong nasa pagitan ng dalawang pagkubkob sa Jerusalem, mula 598 hanggang 588, ay panahon ng kabaliwan at mga maling ilusyon. Laging may mga taong humuhula sa pagbagsak ng imperyo ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia, at sa pagbabalik ng mga itinapon. Buong tapang na sinasalungat ni Jeremias ang ganitong maling pag-asa at inihuhula ang pagsuko kay Nabucodonosor, kaya itinuring siya ng mga pinunong Judio bilang kaaway ng bansa.

Hinaharap ni Jeremias ang mga bulaang propeta. Kung hindi nagkakaisa ang mga propeta, paano malalaman ng bayan kung sino ang tunay na propeta? Tingnan ang Dt 13:6 at 18:22 tungkol dito. *Ang propetang nagpropesiya ng kapayapaan ay hindi kikilalanin hangga't hindi nagkakatotoo ang kanyang ipinahayag.* Higit pa sa Deuteronomio ang sinasabi ni Jeremias. Magmula sa panahon ni Elias (tingnan ang 1 H 19:18), ang misyon ng mga propeta ay ang ihula ang patuloy na pagbagsak ng kaharian ng Israel at ipahayag ang isa pang kahariang darating. Inihula nila ang ilang tagumpay ngunit sa gitna ng patuloy na pagkabulid sa pagkawasak. Kaya, mas hindi dapat pinagtiwalaan ng mga Judio si Ananias na nagpapahayag ng kasaganaan kaysa kay Jeremias na ang iginigiit ay ang mga banta ni Yawe.

Ang mga propeta ay ipinadala sa isang makasalanang bayan para hubugin ang kanilang konsiyensiya tungkol sa kasalanan at hindi para patulugin. Kung nabubuhay tayo sa gitna ng kawalang-katarungan, hindi tayo dapat magtiwala sa mga nangangako ng kasaganaan.

ipinatapon. 7 Ngunit pakinggan mo ang
sasabihin ko sa iyo, sa harap ng lahat.

8 Mula pa noo'y digmaan na, kapaha-
makan at salot ang propesiya sa mara-
ming bansa at makapangyarihang mga
kaharian ng mga propetang nauna sa iyo
at sa akin. 9 Kayat kung may propetang
nagpopropesiya ng kapayapaan, hindi
siya kikilalaning talagang sugo ni Yawe
hanggang hindi nagkakatotoo ang kan-
yang mga ipinahayag."

10 Ngunit kinuha ni Ananias ang pa-
matok sa leeg ni Jeremias at sinira iyon,
11 at sinabi sa harap ng lahat: "Ito ang
sinasabi ni Yawe: Ganito ko rin wawasakin
ang pamatok ni Nabucodonosor sa leeg
ng lahat ng bansa sa loob ng dalawang
taon." At umalis na si propeta Jeremias.

12 Pagkatapos ay dumating kay Jere-
mias ang salita ni Yawe: 13 "Pumunta ka at
sabihin kay Ananias: Ito ang sinasabi ni
Yawe: Sinira mo ang pamatok na kahoy,
kaya pinapalitan ko iyon ng isang pama-
tok na bakal.

14 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe
ng mga Hukbo at Diyos ng Israel: Lalag-
yan ko ng pamatok na bakal ang leeg
ng lahat ng bansa para maglingkod sila
kay Nabucodonosor na hari ng Babilonia,
at maglilingkod nga sila. Ibibigay ko sa
kanya pati ang kapangyarihan sa maba-
bangis na hayop."

15 At sinabi ni Jeremias kay Ananias:
"Makinig ka, Ananias! Hindi ka sinugo ni
Yawe, pero nalinlang mo na ang bayang
ito, napaasa mo sila sa iyong mga kasi-
nungalingan. 16 Kaya ito ang sinasabi ni
Yawe tungkol sa iyo: Malapit na kitang
alisin sa balat ng lupa. Mamamatay ka
dahil nagpayo ka ng paghihimagsik laban
kay Yawe."

17 At sa ikapitong buwan ng taong iyon,
namatay si Ananias.

## *MGA PROPESIYA NG PAGPAPALA*

**Ang sulat sa mga ipinatapon**

**29** • 1 Ito ang liham na ipinadala ni Propeta
Jeremias mula sa Jerusalem sa mga
Matatanda, mga pari, mga propeta at sa lahat
ng ipinatapon ni Nabucodonosor sa Babilonia.
2 Noo'y umalis na sa Jerusalem si Haring Yeko-
nias, kasama ang inang reyna, ang mga opisyal,
mga pinuno ng Juda at Jerusalem, at mga
panday at platero.

3 Ipinagkatiwala naman ang liham kina Ela-
sang anak ni Safan at Gamarias na anak ni
Elcias, na isinugo ni Sedekias na hari ng Juda
kay Haring Nabucodonosor sa Babilonia. Ito ang
nasa liham:

4 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel sa lahat ng
ipinatapon sa Babilonia mula sa Jerusa-
lem:

5 "Magtayo ng mga bahay at doon
manirahan, magtanim ng mga puno at
kanin ang bunga ng mga ito, mag-asawa
at magkaroon ng mga anak, 6 ikuha ng
mapapangasawa ang inyong mga anak
na lalaki, at papag-asawahin ang inyong
mga anak na babae para magkaanak din
sila. Magpakarami kayo roon at huwag

---

• **29.**1 Nang mga taong 598-587, habang palala nang palala ang kabulagan ng mga taga-Jerusalem, hangad ni Jeremias na bigyang-direksyon ang mga ipinatapon. Natutukso silang maniwala na pupuwedeng maibalik sa dati ang mga bagay-bagay. May mga propeta pa nga sa kanila na nagpapanatili sa ilusyon ng nalalapit at agad na pagkagapi ng Babilonia. Isa sa mga ito ang nagpadala ng mga sulat sa Jerusalem para ipabilanggo si Jeremias (24-28).

Ang totoo'y dapat nilang tanggapin ang pagkatalo para makita nila ang kanilang kataksilan kay Yawe, na sanhi ng kanilang pagkapahiya; dapat silang magbago ng pananaw. Nang panahon ding iyon, isa pang tunay na propeta, si Ezekiel, ang nangungusap sa gayon ding paraan.

Isang mabagal na transpormasyon ang magaganap sa mga pari, sa mga maharlika, mga taong-sining at mga taong-gobyerno na ipinatapon at pagkaraan ng pitumpung taong pagkatapon, babalik sa Jerusalem ang kanilang mga anak bilang "mga dukhang naghahanap kay Yawe."

mangaunti. 7 Pagkaabalahan ang ikasasa-
gana ng lupaing pinagdalhan ko sa inyo at
mamagitan kay Yawe alang-alang sa ka-
pakanan nito, sapagkat kapakanan din
ninyo ang kapakanan niyon."
10 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Pagkatapos
ng pitumpung taon sa Babilonia, da-
dalawin ko kayo upang tuparin ang aking
salita ng kagandahang-loob ko sa inyo at
ibabalik kayo sa lugar na ito. 11 Sapagkat
maganda ang balak ko para sa inyo, at
hindi masama. Bibigyan ko nga kayo ng
kinabukasan at pag-asa."
12 At sinasabi pa rin ni Yawe: "Kapag
tumawag kayo sa akin, pakikinggan ko
kayo. 13 Hahanapin ninyo ako at matatag-
puan ako kung buong puso ninyo akong
hahanapin."
14 Sapagkat sinasabi ni Yawe: "Ha-
hayaan kong matagpuan ninyo ako at
titipunin ko kayo mula sa lahat ng bansa
at sa lahat ng lugar na pinagtabuyan ko sa
inyo at ibabalik sa lugar na pinagmulan
ninyo nang kayo'y ipatapon."

15 Akala ninyo'y isinugo sa inyo ni Yawe sa
Babilonia ang ilang propeta. 8 Huwag kayong
palinlang sa mga propeta at mga manghuhu-
lang nasa piling ninyo. Huwag kayong maniwala
sa kanilang mga panaginip. 9 Nagsinungaling
sila sa kanilang pagsasalita sa aking Pangalan;
hindi ko nga sila isinugo. 16 At tungkol naman sa
haring nakaluklok sa trono ni David at sa lahat
ng nasa lunsod na ito (ang inyong mga kamag-
anak na hindi sumama sa inyo sa pagka-
tapon), 17 ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo: "Magpapadala ako ng tabak, taggutom
at salot laban sa kanila. Gagawin ko silang
parang napakasasamang igos, napakabulok at
hindi na makakain pa. 18 Hahabulin ko sila ng
tabak, taggutom at salot. Gagawin ko silang
kasuklam-suklam sa lahat ng kaharian sa lupa,
at isang halimbawa ng bayang bigo, hinamak at
isinumpa sa lahat ng bansang pagtatabuyan ko
sa kanila. 19 Sapagkat hindi nila pinakinggan ang
aking mga salita nang paulit-ulit kong isugo sa
kanila ang aking mga lingkod na mga propeta.
Ayaw nilang makinig."

20 At kayo namang mga itinapon, na pina-
layas ko sa Jerusalem patungong Babilonia,
pakinggan ninyo ang salita ni Yawe.
21 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel tungkol kina Ahab at Sedekias:
"Ibibigay ko sila sa hari ng Babilonia at papa-
tayin sila sa inyong harapan." 22 Ito ang pagsi-
simulan ng isang sumpa na malimit gamitin ng
mga bihag na taga-Juda na nasa Babilonia:
'Gawin sana sa iyo ni Yawe ang ginawa niya kina
Sedekias at Ahab, na sinunog nang buhay ng
hari ng Babilonia!'
23 Sapagkat kasuklam-suklam ang mga gi-
nawa nila sa Israel: nakiapid sila sa mga asawa
ng iba, at nagsinungaling sa aking Pangalan, na
hindi ko naman iniutos sa kanila. Alam ko iyon
at nasaksihan," sabi ni Yawe.

**Reaksyon sa sulat ni Jeremias**

24 Pagkatapos nito, si Semaya ng Nehelam
25 ay nagpadala ng mga liham sa sarili niyang
pangalan sa lahat ng nasa Jerusalem at kay
Sofonias na anak ng paring si Maasias: 26 "Hini-
rang ka ni Yawe bilang paring kahalili ni Yoyada
upang maging tagapamahala sa Bahay ni Yawe
para dakpin ang sinumang baliw na propeta at
ikulong at ikadena. 27 Kaya bakit di mo pinag-
bawalan si Jeremias na taga-Anatot na maging
propeta sa piling ninyo? 28 Sa buwang ito, ipina-
dala niya sa amin ang mensaheng ito sa Babilo-
nia: Tatagal iyon! Magtayo kayo ng bahay at
doon manirahan; magtanim ng mga puno at
kanin ang bunga ng mga ito."
29 Pagkabasa ng paring si Sofonias sa liham
na ito nang naririnig ni Propeta Jeremias,
30 dumating kay Jeremias ang salita ni Yawe:
31 "Ipadala mo ang pasabing ito sa lahat ng
ipinatapon: Ito ang sinasabi ni Yawe tungkol kay
Semaya ng Nehelam: Nagpropesiya si Semaya
gayong hindi ko siya isinugo at pinaasa niya
kayo sa mga kabulaanan. 32 Kaya parurusahan
ko si Semaya at ang kanyang mga inapo; wala
isa man sa kanila ang matitira para makita ang
kabutihang gagawin ko sa aking bayan, sa-
pagkat itinulak niya ang aking bayan na mag-
himagsik laban kay Yawe."

**Muling itatayo ang Kaharian sa Hilaga**

**30** • 1 Ito ang isa pang salita ni Yawe na
dumating kay Jeremias: 2 Sinasabi ni
Yaweng Diyos ng Israel: "Isulat mo sa isang aklat
ang lahat ng sinabi ko sa iyo, 3 sapagkat malapit

• **30.**1 Pinababalik tayo ng mga kabanata 30 at 31 sa maliligayang araw ni Haring Yosias. Bukod sa pagpapasigla sa pananampalataya at pagsamba kay Yawe, nasakop din niya ang isang bahagi ng dating kaharian ng Israel at ngayo'y probinsiya na ng Asiria matapos bumagsak ang Samaria.

na ang panahon na babaguhin ko ang kapalaran
ng aking bayang Israel, ibabalik ko sila sa
lupang bigay ko sa kanilang mga ninuno bilang
ari-arian nila." 4 Narito ang mga salitang sinabi
ni Yawe sa Israel:
5 Mga sigaw ng takot ang naririnig,
sindak, at hindi kapayapaan!
6 Magtanong at tumingin:
Nanganganak ba ang isang lalaki?
Kung gayo'y bakit nakikita kong hawak ng
mga matipunong lalaki ang kanyang tiyan,
at parang babaeng nanganganak
at namumutla ang kanilang mga mukha?
7 Napakasama ng araw na iyon!
Wala na iyong makakatulad!
Panahon ng kapahamakan para kay Jacob
ngunit siya'y maliligtas.
8 "Sa araw na iyon – sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo – sisirain ko ang pamatok sa kanyang
leeg at wawasakin ang kanyang mga gapos.
Kayat hindi na sila aalipinin ng mga dayuhan;
9 kundi kay Yaweng kanilang Diyos sila magli-
lingkod, at kay David na kanilang hari na ita-
talaga ko para sa kanila."
10 Sinasabi ni Yawe: "Jacob, aking lingkod,
huwag kang matakot. Huwag kang mangamba,
Israel, sapagkat ililigtas kita at ang iyong mga
inapo mula sa lupaing pinag-alipinan sa kanila.
Babalik si Jacob at makatatagpo ng kapaya-
paan at kapanatagan at hindi na guguluhin
ninuman.
11 Sumasainyo ako para iligtas kayo. Ganap
kong wawasakin ang lahat ng bansang pinag-
kalatan ko sa inyo. Kayo lamang ang hindi ko
lilipulin, kundi susupilin nang may katarungan
at hindi ko kayo pababayaang di naparuru-
sahan."
12 Sinasabi ni Yawe:
"Hindi na gagaling ang sugat mo,
malubha ang pinsala mo.
13 Wala nang magmamalasakit sa iyo.
ni gamot na magpapagaling sa iyo.
14 Nilimot ka na ng lahat mong mangingibig;
wala na silang pakialam sa iyo.
Hinampas nga kita gaya ng isang kaaway,
at buong-lupit na pinarusahan
dahil sa bigat ng iyong kasalanan
at kasamaan ng iyong pagkakasala.
15 Bakit ka sumisigaw ngayong nasasaktan
ka?
Wala bang lunas para sa iyong sakit?
Dahil sa iyong mabigat na krimen at pagka-
kasala kaya ko ito ginagawa sa iyo.
16 Lalamunin ang lahat ng lumalamon sa iyo,
at bibihagin ang mga umaapi sa iyo; at sasam-
saman ang nananamsam sa yaman mo at haha-
makin ang mga humahamak sa iyo. Sapagkat
tinawag kang 'Itinakwil, Sion, na walang nagma-
malasakit,' 17 ibabalik ko ang iyong kalusugan at
pagagalingin ang iyong mga sugat" – sabi ni
Yawe.
18 Sinasabi ni Yawe: "Ibabalik ko ang mga
bihag sa mga tolda ni Jacob at kaaawaan ang
kanyang mga tirahan. Muling itatayo ang lunsod
sa ibabaw ng mga guho at ang palasyo sa dating
kinatatayuan nito. 19 Manggagaling mula sa ka-
nila ang mga awit ng pasasalamat at ang ingay
ng pagsasaya.
Pararamihin ko sila at hindi sila mangang-
unti. 20 Matutulad sa dati ang kanilang mga anak
at itatayo sa harap ko ang kanilang pamayanan.
Parurusahan ko naman ang mga umaapi sa
kanila.
21 Isa sa kanila ang mamumuno sa kanila at
magmumula sa kanila ang kanilang pinuno.
Ilalapit ko siya sa akin sapagkat sino nga ba ang
magkakalakas-ng-loob na lapitan ako? 22 (Kayo
ang magiging bayan ko at ako ang inyong ma-
giging Diyos.)"
23 Tingnan ninyo ang unos ni Yawe, na si-
siklab sa poot, parang nagwawalang ipuipo na
umiikot sa mga ulo ng masasama. 24 Hindi nga
lalayo ang poot ni Yawe hanggang hindi niya
nagagawa at natutupad ang niloloob ng kan-
yang puso.
Mauunawaan ninyo ito sa darating na pana-
hon.

**Uuwi ang Israel sa sariling bayan**

31 1 "Sinasabi ni Yawe: Sa panahong iyon,
ako ang magiging Diyos ng lahat ng
angkan ng Israel at sila ang magiging bayan ko."
2 Ito ang sinasabi ni Yawe:
"Ang bayang nakaligtas sa tabak
ay nakatagpo ng biyaya sa disyerto;
palapit na ang Israel sa kanyang kapahi-
ngahan.

---

*Malapit na ang panahon na babaguhin ko ang kapalaran ng aking bayang Israel.* Pinalayas sa lupaing ito ang mga Israelita at nagsipangalat. Wala sila rito ngayon para makinig kay Jeremias, pero sila ang kinakausap nito, na hindi limitado ng lugar at panahon. Mahalaga rin sa Juda ang sinasabi niya sa kanila, dahil ito naman ang susunod na wawasakin at pangangalatin.

Ngayo'y nagsasalita si Yawe na parang Ama sa waldas na anak. Inaalala niya ang nakaraang mga pagkakasala na nagtutulak sa kanya na magparusa. At ipinangangako niyang pababalikin niya ang kanyang nangalat na mga anak. Ganito ring mga pangako ang nilalaman ng mga kabanata 40-55 ng aklat ni Isaias.

3 Napakita si Yawe mula sa malayo, at sinasabi:
Inibig kita ng walang hanggang pag-ibig;
kaya patuloy ang aking kagandahang-loob sa iyo.
4 Muli kitang itatayo at matatayo kang muli,
O Birheng Israel!
Muli mong kukunin ang iyong mga tamborin,
at sasayaw kasama ng mga nagagalak.
5 Muli kang magtatanim sa mga ubasan
sa mga bundok ng Samaria;
magtatanim ang mga magsasaka,
at pakikinabangan ang bunga.
6 Darating nga ang araw na sisigaw
ang mga bantay sa kabundukan ng Efraim:
'Tayo na't umakyat sa Sion,
kay Yaweng ating Diyos.'
7 Sinasabi ni Yawe:
"Umawit dahil sa Jacob,
at ipagbunyi ang pinakadakila sa mga bansa;
Ihayag ang inyong papuri at sabihin:
'Iniligtas ni Yawe ang kanyang bayan,
ang nalabi sa Israel.'
8 Masdan, ibabalik ko sila buhat sa lupain sa Hilaga,
at titipunin mula sa mga dulo ng daigdig,
kasama ang mga bulag at pilay,
mga inang may anak
at mga babaeng nanganganak –
isang makapal na pangkat ang magbabalik.
9 Umalis silang lumuluha
ngunit pababalikin ko silang nagagalak.
Aakayin ko sila sa tabi ng mga batis,
sa patag na landas na hindi nila katitisuran;
sapagkat ako ang ama ng Israel,
at si Efraim ang aking panganay.

**Tinitipon na ang Israel ng nagpangalat sa kanya!**

10 Dinggin ang salita ni Yawe, O mga bansa,
ipahayag ito sa malalayong pulo;
sabihin: Tinitipon na ang Israel ng nagpangalat sa kanya,
at binabantayan niya gaya ng pastol ang kanyang kawan.
11 Sapagkat tinubos ni Yawe ang Jacob,
at pinalaya sa mga kamay ng mas malakas kaysa kanya.
12 Darating silang umaawit sa galak sa Sion
at magagalak sila sa kabutihan ni Yawe,
trigo, alak at langis,
mga anak ng tupahan at bakahan;
matutulad sila sa isang alagang hardin,
at hindi na sila muling maghihirap.

13 Magdiriwang at sasayaw ang kadalagahan,
at magsasaya rin ang mga kalalakihan.
Pasasayahin ko ang kanilang pagluluksa,
aaliwin ko sila at paliligayahin sa kanilang kalungkutan.
14 Bubusugin ko sa taba ang mga pari
at bibigyang-kasiyahan ang aking bayan sa aking kabutihan
– salita ni Yawe.

15 Ito ang sinasabi ni Yawe:
"May naririnig sa Rama –
pagluluksa at malakas na iyakan;
Iniiyakan ni Raquel ang kanyang mga anak
at ayaw paaliw dahil wala na sila."

16 Ito ang sinasabi ni Yawe:
Pigilin mo ang iyong pagtangis at mga luha
sapagkat may bayad-pinsala ang dalamhati mo;
magbabalik sila buhat sa lupain ng kaaway.

17 May pag-asa ang iyong kinabukasan,
at magsisiuwi ang iyong mga anak sa kani-kanilang bayan.

18 Naririnig ko ang daing ni Efraim:
'Sinupil mo akong parang guyang di-supil,
at ako'y nasupil.
Ibalik mo ako at ako'y magbabalik,
sapagkat ikaw si Yaweng aking Diyos.
19 Matapos akong maligaw ay nagsisi ako;
nauunawaan ko na ngayon, at dinadagukan ang aking dibdib.
Nahihiya ako at napahiya,
pagkat taglay ko ang kahihiyan ng aking kabataan.'

20 Di ba't si Efraim ang mahal kong anak,
ang kinalulugdan kong anak na lalaki?
Madalas ko siyang binabantaan,
ngunit inaalala ko pa rin siya
at pinananabikan siya ng aking puso.
Talagang kahahabagan ko siya,
sabi ni Yawe.

21 Maglagay kayo ng mga pananda sa daan,
at gumawa ng mga posteng pamatnubay
tingnang mabuti ang daan,
ang landas na inyong nilakad.
Magbalik Ka, O Dalagang Israel,
magbalik sa iyong mga lunsod sa pagsisisi.
22 Hanggang kailan ka ba magpaparoo't parito,
O taksil na anak na babae?
Sapagkat lumilikha si Yawe ng isang bagong bagay sa lupa:
muling ipinagtatanggol ng babae ang kanyang asawa.

**Muling itatayo ang Juda**

23 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: "Kapag ibinalik ko ang mga
bihag sa lupain ng Juda at sa mga bayan nito,
muling babanggitin ang mga salitang ito: 'Pagpalain ka nawa ni Yawe, O tirahan ng katarungan, O banal na bundok!'
24 Doon maninirahan ang buong Juda at mga
lunsod nito, ang mga magsasaka at ang mga
gumagalang kasama ang kanilang mga kawan.
25 Pagiginhawain ko ang mga nahahapo at pasiglahin ang mga nanlulupaypay."
26 Nagising ako at tumingin sa paligid, at
naging maginhawa ang tulog ko.
27 "Malapit na ang mga panahon, sabi ni
Yawe, na hahasikan ko ang bayan ng Israel at
ang bayan ng Juda ng binhi ng tao at ng hayop.
28 At kung paano ko sila binantayan para bunutin at ibuwal, wasakin at pinsalain, gayon ko rin
sila babantayan sa darating na panahon upang
itayo sila at itanim, sabi ni Yawe.
29 At hindi na nila sasabihin sa mga araw na
yaon: 'Ang mga ama ang nagsikain ng maasim
na ubas at nangilo ang ngipin ng mga anak.'
30 Ngunit mamamatay ang bawat isa sa sarili
niyang kasalanan; ang kumain ng maasim na
ubas ang siyang pangingiluhan ng ngipin.

**Ang bagong pakikipagtipan**

• 31 Malapit na ang panahon, sabi ni Yawe, na gagawa ako ng bagong kasunduan sa sambayanan ng Israel (at sa sambayanan ng Juda).

---

• **31.**31. Dapat bigyang-diin dito ang talata 31:31-34, kung saan ipinahahayag ni Jeremias ang pinakatanyag niyang propesiya. Sa masaklap na mga araw na dinaranas ng bayang Judio, ipinahahayag ng Diyos at ibinabalita naman ni Jeremias ang Bago at Walang Hanggang Tipan ng Diyos at ng mga tao.

*Gagawa ako ng bagong kasunduan.* Para itong pagsasabi na ang Tipan sa Sinai na nagpaging bayan ng Diyos sa Israel ay luma na o di sapat. Ibinuklod ng Diyos ang kanyang sarili sa isang angkan (sa angkan ni Abraham), na naging bayan sa pamumuno ni Moises. At lumilitaw na mas pang-komunidad kaysa pang-indibidwal ang mga pangako ng Diyos.

*Sinira nila ang aking kasunduan.* Sa totoo'y bigo

32 Hindi katulad ng kasunduang ginawa
ko sa kanilang mga ninuno nang akayin
ko sila palabas mula sa Ehipto. Sinira nila
ang aking kasunduan gayong ako ang
May-ari sa kanila, sabi ni Yawe.
33 Subalit ito ang kasunduang gagawin
ko sa sambahayan ng Israel makalipas
ang panahong iyon, sabi ni Yawe:
Ilalagay ko ang aking batas sa kanilang
kalooban, at isusulat sa kanilang mga
puso; at ako ang magiging Diyos nila at
sila naman ang magiging bayan ko.
34 At hindi na kailangang magturuan pa
ang bawat isa – magkakapitbahay o mag-
kakapatid sa pagsasabing: 'Kilalanin mo
si Yawe,' sapagkat makikilala ako nilang
lahat mula sa pinakamaliit hanggang sa
pinakamalaki, sabi ni Yawe. Sapagkat pa-
tatawarin ko ang kanilang kasamaan at
hindi na aalalahanin pa ang kanilang ka-
salanan."

**Mananatili ang Israel**

35 Ito ang sinasabi ni Yawe:
na siyang naglagay sa araw para mag-
liwanag sa maghapon at nag-uutos sa buwan at
mga bituin para tumanglaw sa gabi,
na siyang nagpapagalaw sa dagat para umu-
gong ang mga alon nito – Yawe ng mga Hukbo
ang kanyang pangalan.
36 At sinasabi ni Yawe: "Kung maglalaho ang
kaayusang ito sa harap ko, titigil din sa pagiging
bansa sa harap ko ang lahi ng Israel magpa-
kailanman.
37 Sinasabi rin ni Yawe: "Kung masusukat ang
mga langit sa itaas, at masasaliksik ang mga
pundasyon ng lupa sa ibaba, itatakwil ko ang
lahi ng Israel dahil sa lahat nilang ginawa."
38 Parating na ang mga araw, sabi ni Yawe, na
muling itatayo para kay Yawe ang lunsod mula
sa Tore ni Hananeel hanggang sa Panulukang

---

ang pagtitipang ito ni Yawe at ng Israel sa Sinai, hindi dahil sa pagkukulang ni Yawe kundi dahil sa Israel. Ngunit hindi ito pagpapanibagong-tipan na gaya ng maraming beses na ginawa nina Josue, Samuel, Ezekias at Yosias. Hindi rin ito pagdiriwang ng iba pang tulad nito, dahil napatunayan na ang kahinaan ng matandang tipang ito: ang tao ay makasalanan at hindi makatatakas sa kanyang kasalanan. Bukod dito, walang mga batas o pagbubuklod ng tao o anumang uri ng edukasyon na makapaghahatid sa lahat sa biyaya ng Diyos at makapagpapanatili sa kanila sa pananampalataya. Hindi magkakaroon ng tunay na sumasampalataya kung walang personal na pagtanggap sa Katotohanan ng Diyos. Hindi maipagkakamali ang tunay na bayan ng Diyos sa alinmang bayan o komunidad ng tao: tanging ang mga isinilang na muli ang magiging bahagi ng bayan ng Diyos.

*Ilalagay ko ang aking Batas sa kanilang kalooban.* Alam ni Jeremias ang sekreto ng Bagong Tipan. Sapagkat alam ni Jeremias ang pagbabagong naganap sa kanya nang gawin siyang propeta ni Yawe. Nadiskubre niya ang isang matalik na pakikipag-ugnay sa Diyos na ibang-iba sa relihiyong pawang mga gawain lamang.

*Gagawa ako ng ibang kasunduan sa Israel.* Ibinabalita ni Jeremias ang araw ng pagpapakilala ni Yawe sa lahat ng sumasampalataya, tulad ng ginawa niya sa kanyang mga dakilang propeta. Mapapasapuso nila ang batas at pananatilihin sila ng kamay ng Diyos sa tamang landas, tulad ni Jeremias nang ito'y nag-aalinlangan.

*Patatawarin ang kanilang kasamaan.* Magaganap ang Bagong Tipan sa pagkamatay ni Kristo sa krus para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Sa pagdiriwang ni Jesus sa Huling Hapunan ay sinabi niya: "Ito ang kalis ng Bagong Tipan sa aking dugo" (Lc 22:20).

Ipaliliwanag ng sumulat sa Liham sa mga Hebreo ang kahulugan ng bagong tipan (tingnan ang Heb 8:8 at 10:16).

Lilinawin din ng Ebanghelyo ni Juan (6:45) ang *Ako'y makikilala nilang lahat:* sa pananampalatayang Kristiyano, hindi lahat ay tumatanggap ng personal na pagbubunyag ng Diyos, ngunit bawat isa'y pinapatnubayan ng Ama kay Kristo na kinatatagpuan ng lahat ng yaman ng kaalaman at karunungan.

Hindi rin marahil nakita ni Jeremias ang buong kahihinatnan ng pagbubunyag na ito, pero talagang binibigyang-liwanag nito ang kasaysayan ng Israel. Nauunawaan nating ang pangangaral ng Diyos, ang kanyang pag-akay at pagtuturo sa kanyang bayan sa pamamagitan ng mga pangyayari, ay isang edukasyon, patungo sa pangwakas na katotohanan na ibibigay sa pamamagitan ni Kristo at ng kaloob na Espiritu. Kaya nga lagi na lamang ginugunita ni Jesus at ng kanyang mga apostol ang mensahe ng mga propeta upang bigyang-katwiran ang rebolusyon ng Ebanghelyo at ang pagsilang ng Iglesya na nakaugat sa bayang Judio ngunit malaya na ngayon sa pambansang kasaysayan nito.

Sasalungatin naman ang propetikong mensaheng ito ng nakararaming mga Judio sapagkat hindi sila naniwala kay Jesus. Sa katunayan, mula pa sa simula ng Iglesya, hindi na pinahalagahan o tuluyan nang binale-wala ng mga Judio ang mga kasulatang propetiko ng Biblia. Ang pinagtuunan nila ng pansin ay ang "mga aklat ni Moises" kung saan ang pananampalataya at relihiyon ay matalik na iniuugnay sa pagkakaroon ng bansang Judio sa Palestina. Ipinaliliwanag nito ang maraming kamalian at mga akto ng karahasan na ginagawa sa ngalan ng "Sionismo" sa layuning muling magtatag ng bansang Judio sa lahat ng teritoryong inokupa ng kanilang mga ninuno sa loob ng maikling panahon sa kapanahunan nina David at

Pinto. 39 At aabot ang pising panukat hanggang sa burol ng Gareb at nakaliliko sa Goa. 40 Pababanalin naman ang buong lambak na pinagtapunan ng mga bangkay at abo, hanggang sa kapaligiran ng Batis Kidron at sa panulukan ng Pinto ng mga Kabayo sa silangan, at itatalaga kay Yawe. Hindi na ito bubunutin o masisira."

**Bumili ng bukid si Jeremias**

**32** • 1 Ito ang salitang dumating kay Jeremias mula kay Yawe sa ikasampung taon ni Sedekias, hari ng Juda, na siya namang ikalabingwalong taon ni Nabucodonosor. 2 Noo'y kinukubkob ang Jerusalem ng hukbo ng hari ng Babilonia at nakakulong naman si Jeremias na propeta sa Patyo ng mga Bantay sa palasyo ng hari ng Juda.

3 Ipinabilanggo siya ni Sedekias na hari ng Juda, na ang sabi'y: "Bakit ka nagpopropesiya nang ganito? At sinasabi mong 'Ito ang sinasabi ni Yawe: Ibibigay ko ngayon ang lunsod na ito sa kamay ng hari ng Babilonia at sasakupin niya ito.' 4 Si Sedekias naman na hari ng Juda ay hindi makatatakas sa kamay ng mga Kaldeo; tiyak na mapapasakamay ng hari ng Babilonia, at harap-harapang makikipag-usap at makikipagkita sa kanya. 5 Dadalhin niya si Sedekias sa Babilonia at doon siya mamamalagi hanggang dalawin ko siya, sabi ni Yawe. At kahit na labanan n'yo ang mga Kaldeo, hindi kayo magtatagumpay."

6 Dumating kay Jeremias ang salita ni Yawe: 7 "Tingnan mo: Pupuntahan ka ni Hananeel na anak ni Selum, na pinsan mo at sasabihin sa iyo: 'Bilhin mo ang bukid ko sa Anatot sa lupain ng Benjamin dahil ikaw ang may karapatang tumubos at magmay-ari niyon.' 8 Dumating nga ang pinsan kong si Hananeel sa may Patyo ng mga Bantay, ayon sa salita ni Yawe, at sinabi sa akin, 'Bilhin mo ang bukid ko sa Anatot dahil ikaw ang may karapatang tumubos at magmay-ari niyon; bilhin mo na iyon para sa iyo.'

Kaya nalaman kong kay Yawe galing ang bagay na ito. 9 Binili ko nga sa pinsan kong si Hananeel ang bukid sa Anatot at nagtimbang ako ng pilak para sa kanya, labimpitong siklong pilak. 10 Pinirmahan ko at tinatakan ang katibayan, pinasaksihan ito at nagtimbang ng pilak. 11 Kinuha ko ang may tatak na kopya ng katibayan ng bilihan na naglalaman ng mga itinatakda at kundisyon pati ang bukas na kopya. 12 At sa harap ni Hananeel na pinsan ko at ng mga saksing lumagda sa katibayan at sa lahat ng Judiong nangakaupo sa Patyo ng mga Bantay, ibinigay ko ang katibayan kay Baruc na anak ni Nerias na anak naman ni Masias.

13 Noo'y ipinagbilin ko kay Baruc sa kanilang harapan: 14 Kunin mo ang mga dokumentong ito, ang may tatak na katibayan ng pagkabili at ang bukas na kopya nito, at ilagay sa isang banga para tumagal nang mahabang panahon. 15 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at Diyos ng Israel: Bibilhing muli sa lupaing ito ang mga bahay, mga bukid at mga ubasan."

**Panalangin ni Jeremias**

16 Pagkabigay ko ng katibayan ng pagkabili kay Baruc na anak ni Nerias, nanalangin ako kay Yawe: 17 "A, Yaweng Diyos! Ikaw ang may gawa ng langit at lupa sa dakila mong kapangyarihan at nakaunat na bisig! Walang imposible sa iyo! 18 Nagpapakita ka ng pagmamahal sa libu-libo ngunit naghahatid ng parusa sa mga anak dahil sa sala ng kanilang mga magulang. O dakila at makapangyarihang Diyos, O Yawe, 19 dakila sa iyong mga balak at makapangyarihan sa iyong mga gawa. Tinititigan mo ang lahat ng asal ng tao, ginagantimpalaan ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawi at sa bunga ng kanyang mga gawa.

20 Gumawa ka ng mga tanda at kababalaghan sa lupain ng Ehipto at hanggang ngayon sa Israel at sa sangkatauhan at pinatanyag mo ang iyong pangalan hanggang sa araw na ito.

21 Ikaw ang naglabas sa iyong bayang Israel mula sa Ehipto nang may mga tanda at kababalaghan, nang may malakas na kamay at nakaunat na bisig, at may hatid na malaking takot.

22 Ibinigay mo sa kanila ang lupaing ito na ipinangako mo sa kanilang mga ninuno, lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan. 23 Pumasok sila at inangkin ito. Ngunit hindi sila nakinig sa iyong tinig o sumunod sa iyong Batas; hindi nila ginawa ang iniutos mo sa

---

Solomon. Ngunit ipinakikita ni Jeremias na hindi maaaring pagpalain ng Diyos ang muling pagtatatag ng matandang Israel, kahit na papanatilihin pa ang ilang gawang panrelihiyon upang mapapanatili ang pambansang pagkakakilanlan.

• **32.**1 Sa ikalawang paglusob at bago nawasak ang Jerusalem, bumili si Jeremias ng bukid para patunayang hindi nga nawalan ng halaga ang lupa; balang araw ay muling babangon ang bansang bumagsak. Sa wakas ng kabanata (32:37), sinasariwa sa Juda ang gayunding pangako ng bagong tipang inihula ni Jeremias para sa Israel nang nagdaang ilang taon (kabanata 30 at 31:31).

kanila. Kaya dinala mo sa kanila ang lahat ng
kapahamakang ito.
24 At ngayon, narito na ang mga kukubkob sa
lunsod para sakupin ito, at dahil sa tabak, gutom
at salot, ang lunsod ay mapapasakamay ng mga
Kaldeong sumasalakay rito.
Kaya natupad at pinatunayan ang ipinaha-
yag mo, at ikaw mismo ang nakakakita nito.
25 Ngunit sinabi mo sa akin, O Yaweng Diyos:
'Bayaran mo ng pilak ang bukid at pasaksihan
ang bilihan' – kahit na mapapasakamay ng mga
Kaldeo ang lunsod."

**Ang sagot ng Diyos**

26 At dumating ang salita ni Yawe kay Jere-
mias: 27 Ako si Yaweng Diyos ng sangkatauhan;
may imposible ba sa akin? 28 Kaya ito ang sina-
sabi ni Yawe: Ibibigay ko ngayon ang lunsod na
ito sa kamay ng mga Kaldeo at ni Nabucodono-
sor na hari ng Babilonia na siyang sasakop dito.
29 Darating ang mga sumasalakay na Kaldeo sa
lunsod na ito at susunugin nila at tutupukin ito
pati ang mga bahay kung saan sinunog sa mga
bubong ang insensong alay kay Baal at ibinuhos
ang mga inuming handog sa ibang mga diyos
para galitin ako.
30 Sapagkat wala nang ginawa ang mga anak
ng Israel at mga anak ng Juda kundi kasamaan
sa aking paningin sapul pagkabata.
31 Mula pa nang itayo ang lunsod na ito hang-
gang ngayon, ginalit na ako nito at pinapag-
apoy ang aking poot kaya papawiin ko ito sa
aking paningin. 32 Ginalit ako ng mga anak ng
Israel at mga anak ng Juda, ng kanilang mga
hari, mga pinuno, mga pari at mga propeta, ng
mga taga-Juda at ng mga nasa Jerusalem sa
lahat ng kasamaang ginawa nila.
33 Tinalikuran nila ako sa halip na humarap sa
akin; at kahit na paulit-ulit ko silang tinuturuan,
ayaw nilang makinig o matuto ng leksyon.
34 Inilagay nila ang kanilang mga kasuklam-
suklam na diyus-diyusan sa Bahay na nag-
tataglay ng aking Pangalan at nilapastangan ito.
35 Gumawa sila ng mga altar sa burol para kay
Baal sa Lambak ng Ben Hinom at inialay nila
roon kay Molok ang kanilang mga anak, bagay
na di ko iniutos, ni sumagi man sa aking isipan
ang gayong kasuklam-suklam na bagay para
magkasala ang Juda.

**Ibabalik ko sila**

36 "Kaya ito ang sinasabi ni Yaweng
Diyos ng Israel tungkol sa lunsod na ito.
Sinabi mo: 'Ibibigay na ito sa kamay ng
hari ng Babilonia sa tabak, gutom at
salot.'
37 Ngunit tingnan mo: titipunin ko sila
mula sa lahat ng lupaing pinagtabuyan ko
sa kanila dahil sa aking inis, galit at poot;
ibabalik ko sila sa lugar na ito upang ma-
muhay nang panatag. 38 Sila ang magi-
ging bayan ko at ako naman ang ma-
giging Diyos nila. 39 Bibigyan ko sila ng
ibang puso at pamumuhay, upang lagi
nila akong igalang para sa kanilang ka-
butihan at ng kanilang mga anak.
40 Walang hanggang kasunduan ang
gagawin kong pakikipagtipan sa kanila,
hinding-hindi ko sila tatalikuran at ilala-
gay ko sa kanilang mga puso ang pag-
galang sa akin upang di nila ako talikuran.
41 Sadya kong ikaliligaya nang buo
kong puso na gumawa sa kanila ng kabu-
tihan upang manirahan sila sa lupaing ito
nang buong katapatan.
42 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: "Kung
paano ko dinala sa bayang ito ang mala-
king kasamaang ito, ganoon ko rin dadal-
hin sa kanila ang lahat ng kabutihang
ipinangako ko sa kanila. 43 Muling bibilhin
ang mga bukid sa lupaing ito na sinasabi
mong: Tiwangwang, walang tao o hayop;
napasakamay na ito ng mga Kaldeo.
44 Babayaran ng pilak ang mga bukid at
pipirmahan ang mga katibayan, tatatakan
at sasaksihan sa lupain ng Benjamin, sa
palibot ng Jerusalem, sa mga bayan ng
Juda, sa mga bayan ng Kabundukan, sa
mga bayan ng Sefela, at sa mga lunsod ng
Negeb; sapagkat ibabalik ko ang kanilang
mga binihag, sabi ni Yawe."

**Isa pang pangako ng pagpapanumbalik**

33 1 Nang nakakulong pa si Jeremias sa
Patyo ng mga Bantay, muling dumating
sa kanya ang salita ni Yawe: 2 Siya na may gawa
sa lupa, siya na humugis at nagtatag nito, siya
na Yawe ang pangalan, ay nagsasalita sa iyo:
3 "Tawagin mo ako at sasagot ako. Ibubunyag
ko sa iyo ang mga dakila at lihim na bagay na
hindi mo alam. 4 Sapagkat ito ang sinasabi ni
Yaweng Diyos ng Israel: Nakikita mo ang nang-
yari sa mga bahay sa lunsod na ito at sa mga
palasyo ng hari ng Juda na iginuho at ginamit na
tanggulan 5 laban sa sumalakay na mga Kaldeo.

Napuno ang mga iyon ng mga bangkay ng mga
taong pinatay ko sa pag-aapoy ng aking galit
nang talikuran ko ang lunsod na ito dahil sa
kasamaan nito.
6 Ngunit palulusugin ko ito ngayon at paga-
galingin. Gagamutin ko sila at ipatatamasa ang
kapayapaan at katotohanan.
7 Ibabalik ko ang Juda at Israel mula sa pag-
kabihag at muli silang itatatag, tulad ng dati.
8 Huhugasan ko sila sa kanilang pagkakasala sa
akin at sa kanilang paghihimagsik. 9 Ang lunsod
na ito ay magiging sanhi ng galak, papuri at
luwalhati sa harap ng lahat ng bansa sa lupa,
kapag nabalitaan ng mga ito ang lahat ng kabu-
tihang ginagawa ko sa aking bayan. Matatakot
ang mga ito at manginginig sa lahat ng kasaga-
naan at kapayapaang ibinibigay ko sa aking
bayan."
10 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sinasabi ninyong
tiwangwang ang lunsod na ito – walang tao o
hayop. Ngunit kahit pawang guho na ang mga
bayan ng Juda at mga daan ng Jerusalem at
walang tao o hayop, 11 muling maririnig ang
ingay ng pagsasaya at kaligayahan, ang awit ng
mga bagong-kasal. At maririnig din ang mga
nananalangin: 'Purihin si Yawe ng mga Hukbo;
talagang mabuti si Yawe at magpakailanman
ang kanyang pag-ibig!' Maririnig sa Bahay ni
Yawe ang tinig ng mga nagpupuri kapag ibinalik
ko ang mga binihag sa lupain, sabi ni Yawe.
12 Sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo tungkol sa
lugar na ito at sa lahat ng bayan nito na winasak
at wala nang tao o hayop: Muling magkakaroon
ng mga pastol na mag-aalaga sa kanilang mga
kawan. 13 Sa mga bayan sa kabundukan, sa
Sefela at sa Negeb, sa lupain ng Benjamin at sa
mga kanayunan sa paligid ng Jerusalem at sa
mga bayan ng Juda, muling magkakaroon ng
mga kawan at ng bumibilang sa kanila – ito ang
salita ni Yawe.

**Mga pangako kay David**

14 Malapit na ang panahon na tutuparin ko
ang aking pangako sa Israel at Juda.
15 Sa mga araw na iyon at sa panahong iyon,
isang matuwid na Usbong mula sa angkan ni
David ang pasisibulin ko; magiging makata-
rungan siya at paiiralin ang matuwid sa lupain.
16 Maliligtas ang Juda at magkakaroon ng ka-
payapaan ang Jerusalem sa mga araw na iyon,
kaya tatawagin siyang Yaweng-Aming-Kataru-
ngan."
17 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe: "Hindi
mawawalan si David ng inapong luluklok sa
trono ng Israel, 18 at ang mga pari at mga Levita
ay hindi naman mawawalan ng inapong laging
tatayo sa aking harapan upang mag-alay ng
mga sinunog na handog, magsunog ng mga
alay na butil at iba pang mga handog."
19 Dumating kay Jeremias ang salita ni Yawe:
20 "Kung masisira ang pakikipagtipan ko sa araw
o ang pakikipagtipan ko sa gabi, kayat di na
umaaraw o gumagabi sa takdang sandali, 21 ma-
sisira rin ang pakikipagtipan ko kay David at
hindi siya magkakaroon ng inapong uupo sa
kanyang trono at ng pari o Levitang magliling-
kod sa akin.
22 Pararamihin ko ang mga inapo ni David na
aking lingkod at ang mga Levitang naglilingkod
sa akin – di-mabilang gaya ng mga bituin sa
langit at ng mga buhangin sa dalampasigan."
23 Muling dumating kay Jeremias ang salita ni
Yawe: 24 "Hindi mo ba napansin ang sinasabi ng
mga taong ito: 'Itinakwil ni Yawe ang dalawang
kahariang pinili niya'? Kaya hinahamak nila ang
aking bayan at hindi na itinuturing na bansa.
25 Ngunit sinasabi ni Yawe: Kung hindi ko na-
pagtibay ang pakikipagtipan ko sa araw at gabi,
kung hindi ko naitakda ang mga batas ng langit
at lupa, 26 itatakwil ko rin ang mga inapo ni
Jacob at ni David na aking lingkod, at hindi pipili
ng isa sa kanila na mamumuno sa mga inapo
nina Abraham, Isaac, at Jacob. Talagang iba-
balik ko ang mga binihag sa kanila at kaha-
habagan ko sila."

**Ang sasapitin ni Sedekias**

34 • 1 Ito ang salita ni Yawe na ipinahayag
kay Jeremias habang nakikipaglaban
sa Israel at sa lahat ng lunsod ng Juda si Nabu-
codonosor na hari ng Babilonia, at ang kanyang
hukbo at lahat ng kaharian na nasa kanyang
paghahari:
2 Ito ang salita ni Yaweng Diyos ng Israel:
"Pumunta ka at sabihin kay Sedekias na hari ng
Juda: Tingnan mo, malapit ko nang ibigay ang

---

• **34.1** Kasama sa kabanatang ito ang dalawang pangyayari mula sa ikalawang pagsalakay sa Jerusalem.

34:1-7: Inaanyayahan ni Jeremias si Sedekias na sumuko sa mga Kaldeo gaya ng ginawa ni Yoakim noong unang paglusob. Isinasalaysay rin ang paguusap na ito sa 21:1-7.

34:9-22: Tungkol sa pagpapalaya sa mga alipin. Hindi pinapayagan ng Biblia na talagang mawalan ng kalayaan ang sinumang miyembro ng bayan ng Diyos. Kung dahil sa utang ay ipagbili ng isa ang sarili at siya'y manilbihan sa pinagkakautangan, ito ay hindi dapat humigit sa pitong taon. Pagkakapitong taon ay ipinapahayag ang Taon ng Pahinga (tingnan ang Dt 15:12)

lunsod na ito sa hari ng Babilonia at susunugin
niya ito. 3 Hindi ka makatatakas sa kanyang
mga kamay kundi tiyak na mabibihag at mapa-
pasakamay niya. Makikita mo siya't maka-
kausap nang harapan, at pupunta ka sa Babilo-
nia."
4 Pakinggan mo, Sedekias na hari ng Juda,
ang salita ni Yawe! Ito ang sinasabi ni Yawe
tungkol sa iyo: 'Hindi ka mamamatay sa tabak,
5 mapayapa kang mamamatay. Gaya ng pag-
susunog ng mga pabango sa libing ng iyong
mga ninuno at mga hari noon, magsusunog din
sila sa iyong karangalan at mananaghoy, 'Ka-
wawang panginoon ko!' – ako mismo ang nag-
sasabi nito – salita ni Yawe."
6 Sinabi naman ni Propeta Jeremias ang lahat
ng ito kay Sedekias na hari ng Juda sa Jerusa-
lem. 7 Nakikipagdigmaan noon ang hukbo ng
hari ng Babilonia laban sa Jerusalem at sa iba
pang nalalabing lunsod ng Juda – ang Lakis at
Azeka. Ang mga ito na lamang ang nalalabing
napapaderang lunsod sa Juda.

**Tungkol sa mga aliping pinalaya**

8 Ito ang salita ni Yawe na dumating kay
Jeremias matapos makipagkasundo si
Haring Sedekias sa buong bayan ng Jeru-
salem para palayain ang mga alipin. 9 Pa-
lalayain ng bawat isa ang kanyang aliping
Hebreo, lalaki at babae, kayat walang si-
numang aalipin sa kapwa Judio.
10 Sumang-ayon ang mga pinuno at
mga taumbayan; pinagtibay nila ang
kasunduan, at pinalaya ang mga alipin.
11 Ngunit pagkatapos ay nagbago sila ng
isip at muling kinuha ang mga pinalayang
alipin at muling inalipin.
12 At dumating kay Jeremias ang salita
ni Yawe: 13 "Ito ang sinasabi ni Yaweng
Diyos ng Israel: Nakipagtipan ako sa in-
yong mga ninuno sa araw na inilabas ko
sila mula sa Ehiptong bahay ng pagka-
alipin, at sinabi ko:
14 Sa katapusan ng pitong taon, pa-
lalayain ninyo ang inyong kapatid na
Hebreo na ipinagbili ang sarili sa inyo.
Pagkapaglingkod niya sa inyo sa loob ng
anim na taon, paalisin siyang malaya.
Ngunit hindi ako pinakinggan ng inyong
mga ninuno at hindi nila pinansin.
15 Kamakaila'y nagsisi kayo at ginawa
ang tama sa paningin ko nang ipahayag
ng bawat isa ang paglaya ng kanyang
alipin at nakipagtipan kayo sa akin sa
Bahay na pinananahanan ng aking Pa-
ngalan. 16 Ngunit binawi ninyo ngayon ang
inyong salita at nilapastangan ang aking
Pangalan. Ibinalik ninyo ang inyong mga
aliping lalaki at babae, na pinalaya na
ninyo, at muli na naman ninyong inalipin.
17 Kaya sinasabi ni Yawe: Dahil hindi
ninyo ako sinunod sa paghahayag ng ka-
layaan para sa inyong mga kapatid at
kapwa, ipinahahayag ko ngayon ang 'ka-
layaan' para sa inyo, kalayaang mamatay
sa tabak, salot at gutom. At gagawin ko
kayong kasuklam-suklam sa lahat ng ka-
harian. 18 Ang mga lumabag sa aking ti-
pan, at hindi tumupad sa mga itinatadhana
ng kasunduang ginawa nila sa harap ko, ay
ituturing kong parang guyang biniyak nila
at nilakaran sa pagitan. 19 Ang lahat ng
pinuno ng Juda, mga opisyal, mga pari at
lahat ng taong malaya, 20 ay ibibigay ko sa
kanilang mga kaaway. Magiging pagkain
ng mga ibon sa langit at mga hayop sa lupa
ang kanilang mga bangkay.
21 Ibibigay ko sa kamay ng kanilang
mga kaaway si Sedekias at ang kanyang
mga pinuno. Nakita ninyo na umuurong
sa inyo ang hukbo ng hari ng Babilonia.
22 Ngunit iniuutos ko ngayon na bumalik
sila sa lunsod na ito. Sasalakayin nila ito,
sasakupin at susunugin. Wawasakin ko
naman ang mga bayan ng Juda at wala
nang maninirahan doon."

---

at pinalalaya ang mga aliping buhat sa mga angkang Hebreo.

Ang totoo'y hindi gaanong sinusunod ang mga panlipunang batas nang panahong iyon. Kaya nga, bago pa ibinabala ang paglusob, naunawaan na ng pinakamatapat na mananampalataya sa mga taga-Jerusalem na pinakamabuting paraan sa pagtatamo ng pagpapala ng Diyos ang pagsunod sa mga panlipunang batas ng Biblia at ang pagpapalaya sa kanilang mga alipin.

Pinapanigan ni Yawe ang mga api: kung kinakailanga'y wawasakin niya ang kanyang sariling bayan para parusahan ang humahamak sa kanilang mga kapatid.

**Ang halimbawa ng mga Rekabita**

**35** 1 Ito ang salitang dumating kay Jere-
mias mula kay Yawe sa panahon ni
Yoakim na anak ni Yosias, na hari ng Juda:
2 "Puntahan mo ang angkan ng mga Rekabita;
kausapin mo sila at dalhin sa isang kuwarto sa
Bahay ni Yawe at doon sila painumin ng alak."
3 Kayat sinundo ko si Yezonias na anak ni
Jeremias na anak naman ni Habsanias, at ang
kanyang mga kapatid at kanilang mga anak at
ang buong angkan ng mga Rekabita. 4 Dinala ko
sila sa Bahay ni Yawe, sa silid ng mga anak ni
Hanan na anak ni Igdalias na tao ng Diyos.
Katabi iyon ng silid ng mga pinuno na nasa itaas
ng silid ni Masias na anak naman ni Selum na
bantay-pinto. 5 Naglagay ako ng mga pitsel at
mga kopang puno ng alak sa harap ng mga
lalaki ng angkang Rekabita at sinabi sa kanila:
"Uminom kayo ng alak!"
6 Ngunit sumagot sila: "Hindi kami umiinom
ng alak dahil iniutos sa amin ng aming ninunong
si Yonadab na anak ni Rekab na 'Huwag kayong
iinom ng alak, kayo o ang inyong mga anak;
7 huwag din kayong magtatayo ng bahay o mag-
pupunla ng binhi; huwag kayong magtanim o
mag-ari ng ubasan. Ngunit tumira kayo sa mga
tolda sa buong buhay ninyo, at mabubuhay
kayo nang matagal sa lupaing pinakikipama-
yanan ninyo!'
8 Sinunod namin ang lahat ng iniutos sa amin
ng aming amang si Yonadab na anak ni Rekab;
hindi kami umiinom ng alak, pati ang aming
mga maybahay at mga anak. 9 Hindi kami
nagtayo ng bahay na tirahan at wala kaming
ubasan, bukirin o pananim. 10 Nakatira kami sa
mga tolda, at ganap na sinusunod ang lahat ng
iniutos sa amin ng aming ninunong si Yonadab.
11 Ngunit nang salakayin ni Nabucodonosor na
hari ng Babilonia ang lupaing ito, sinabi namin:
'Tayo na, pumunta tayo sa Jerusalem para
makatakas sa hukbo ng mga Kaldeo at sa hukbo
ng mga Arameo. Ito ang dahilan kaya nakatira
kami sa Jerusalem."
12 Muling nagsalita si Yawe kay Jeremias:
13 "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: Pumunta ka at sabihin sa ka-
lalakihan ng Juda at sa mga nasa Jerusalem:
Maging aral nawa ito kung paano susundin ang
aking mga salita! – sabi ni Yawe. 14 Inutusan ni
Yonadab na anak ni Rekab ang kanyang mga
anak na huwag iinom ng alak, at nasunod ang
kanyang mga salita; hanggang sa araw na ito'y
sinusunod nila ang kanilang ninuno sa hindi
pag-inom ng alak. Ngunit paulit-ulit ko na
kayong kinausap, pero hindi ninyo ako sinunod.
15 Paulit-ulit ko nang isinugo sa inyo ang aking
mga lingkod na mga propeta, sa pagsasabing:
'Layuan ng bawat isa ang kanyang masamang
gawi at magbago ng pamumuhay. Huwag
sumunod sa ibang mga diyos para maglingkod
sa kanila, at mananatili kayo sa lupaing ibinigay
ko sa inyo at sa inyong mga ninuno.'
Ngunit hindi kayo sumunod o nakinig sa
akin. 16 Sinunod ng mga inapo ni Yonadab na
anak ni Rekab ang utos ng kanilang ama pero
hindi ako sinunod ng bayang ito."
17 Kaya sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel:
"Ibabagsak ko sa Juda at sa bawat isang nasa
Jerusalem ang lahat ng kapahamakang binig-
kas ko, sapagkat nagsalita ako at hindi sila
nakinig, tumawag ako at hindi sila sumagot."
18 Sinabi naman ni Jeremias sa angkan ng
mga Rekabita: "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel: 'Sinunod ninyo ang
inyong amang si Yonadab, at tinupad ang lahat
niyang tagubilin, at kumilos ayon sa kanyang
utos, 19 kaya ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel – hindi mawawalan si
Yonadab na anak ni Rekab ng inapong laging
nasa harap ko."

## *MGA PAGHIHIRAP NI JEREMIAS*

**Sinunog ang rolyo**

**36** • 1 Sa ikapat na taon ni Yoakim na
anak ni Yosias at hari ng Juda, duma-
ting ang salitang ito ni Yawe kay Jeremias:
2 "Kumuha ka ng rolyong masusulatan at
isulat doon ang lahat ng sinabi ko sa iyo tungkol
sa Jerusalem, Juda at sa lahat ng bansa, mula
sa unang araw na magsalita ako sa iyo sa
panahon ni Yosias hanggang sa araw na ito.
3 Baka maunawaan ng mga taga-Juda ang mga
kapahamakang balak kong ipadala sa kanila;
kayat tatalikuran ng bawat isa ang masama
niyang gawi at patatawarin ko ang kanilang
kasamaan at pagkakasala."

---

• **36.**1 Maaaring pamagatang "Mga Pagdurusa ni Jeremias" ang mga kabanata 36-44. Sinasabi rito kung ano ang sinapit ng propeta nang lusubin ang Jerusalem noong 598 at 587 at matapos wasakin iyon.

Ito ang mga huling araw ng kaharian ng Juda. Ang

[4]Kaya tinawag ni Jeremias si Baruc na anak ni Nerias, at habang idinidikta ni Jeremias ang lahat ng sinabi sa kanya ni Yawe, isinulat naman ito ni Baruc sa rolyo.

[5]At sinabi ni Jeremias kay Baruc:
"Nakakulong ako at hindi makakapunta
sa Bahay ni Yawe. [6]Kaya ikaw ang pu-
punta sa Bahay ni Yawe sa araw ng pag-aayuno at babasahin mo sa mga tao ang lahat ng isinulat mo sa rolyo gaya ng idinikta ko. Basahin mo rin ito sa lahat ng taga-Juda na galing sa kani-kanilang
mga bayan. [7]Baka manikluhod sila kay
Yawe at talikuran ng bawat isa ang kanyang kasamaan, sapagkat matindi ang poot ni Yawe at ang banta niyang parusa sa bansang ito.

[8]Ginawa nga ni Baruc na anak ni Nerias ang lahat ng iniutos ni Propeta Jeremias tungkol sa pagbasang ito sa Bahay ni Yawe.

[9]Sa ikasiyam na buwan ng ikalimang taon ni Yoakim na anak ni Yosias at hari ng Juda, isang pag-aayuno sa harap ni Yawe ang ipinahayag sa lahat ng nasa Jerusalem at lahat ng taga-Juda.

[10]Noon binasa ni Baruc sa Bahay ni Yawe ang mga salita ni Jeremias sa kasulatan mula sa silid ni Gemarias na kalihim na anak ni Safan sa itaas na palapag sa bungad ng Bagong Pintuan sa Bahay ni Yawe.

[11]Nang marinig ni Mikeas na anak ni Gemarias na anak naman ni Safan ang

---

mga pangyayaring bahagyang isinasalaysay sa katapusan ng ikalawang Aklat ng mga Hari ay nagkakaroon ng bagong kahulugan dito sapagkat may dumaranas nito nang may mas malinaw na pagkaunawa. Sa gitna ng masang naghihirap na dinakauunawa, alam ni Jeremias kung ano ang mga plano ng Diyos. Dapat mawala ang mga materyal na ilusyon ng bayang ito na di naniniwala o sumusunod kay Yawe. At kasunod nila'y magkakaroon ng mas malalim na pananampalataya ang pinakamabuti sa kanilang mga anak.

Pero dinudurog pa rin si Jeremias ng kapahamakan ng kanyang bayan. Matapos magdusa dahil sa kanilang kasalanan, nagdurusa naman siya ngayon kasama nila at nagiging larawan ng nagdurusang Tagapagligtas na si Kristo.

Si Baruc na anak ni Nerias ay *sekretaryo* (36:26), para siyang isang opisyal ng hari. Sekretaryo rin siya ni Jeremias, at maaaring siya ang *nag-edit* sa mga kabanatang ito.

36: Tungkol sa sinunog na rolyo na tinatayang naganap sa unang pagkubkob. Alalahanin natin na nang mga panahong iyo'y mga katad ng kambing o tupa ang sinusulatan, at nirorolyo ang mga ito.

37: Iginagalang ni Sedekias si Jeremias. Ang totoo'y sunud-sunuran siya sa kanyang mga opisyal. Dito, tulad sa Paghihirap ni Jesus, hindi ang mga pinuno ang namumuno kundi sumusunod lamang sila sa kagustuhan ng nakararami.

*TRAYDOR BA SI JEREMIAS?*

Lubhang kakaiba ang saloobin ni Jeremias sa digmaang itong pinagpapakamatayan ng mga Judio sa pagtatanggol sa kanilang kalayaan!

Inaakusahan ni Jeremias ang kanyang bayan at hindi ang mga Kaldeo na nakikita niyang instrumento lamang ng Diyos.

Pagsuko at pagpapasailalim sa kapangyarihan ng dayuhan ang payo ni Jeremias. Inaanyayahan pa niya ang mga Judiong itinapon na makipagtulungan tungo sa kasaganaan ng kanilang mga mananakop.

At hindi natin masasabing mali o may pagkukulang ang propeta dahil hindi maihihiwalay sa kanyang mensahe ang kanyang saloobin. Dalawang kadahilanan ang nagbibigay-liwanag sa posisyon ni Jeremias:

– Sa isang banda, hindi alam ng mga makabayang Judio kung ano ang gustong gawin ng Diyos sa Israel sa hinaharap. Ang tanging nakikita nila ay pagkagapi at pagkaalipin kayat mas gusto nilang lumaban hanggang kamatayan. Pero alam ni Jeremias ang ekstraordinaryong hinaharap na inilalaan ni Yawe para sa Israel. Taglay ng Israel ang mga pag-asa ng darating na daigdig kaya hindi ito dapat malipol sa isang walang pag-asang pakikilaban.

– Sa kabilang banda naman, ang pananaw ng mga pinunong Judio ay sa panlabas na kalayaan lamang at pagkamakabayan nakatuon. Para sa kanila, lahat ay mawawala kung susuko sila sa kapangyarihan ng mga dayuhan. Pero sa kalooban naman ng tao nakatuon ang paningin ni Jeremias. Ang pagiging Judio ay pagpapanatili sa mga layunin at kadahilanan ng Israel para mabuhay; ang pagiging malaya ay paglilingkod lamang kay Yawe. Kaya napakahalaga sa kanya na ang kanyang mga kababayan ay hindi nagpapahawa sa mga diyos at mga maling pagpapahalaga ng mga Kaldeo. At bilang paghahambing, parang di gaanong mabigat ang pagpapasailalim sa pamatok ng pinakapanginoong Kaldeo. Ibinabahagi rin ni Jeremias ang mga kaisipang inihahayag lalo na sa aklat ng Mga Hukom: kung mananatiling matapat ang Israel sa pananampalataya nito at pagsunod sa Batas ni Yawe, di magtatagal at mababawi nito ang kanyang kalayaan at uuwi sa kanyang lupain.

Sa makabagong termino, may dalawang aral sa saloobin ni Jeremias:

– Huwag ipagpilitang ipakipaglaban ang mga simulain o institusyong wala nang katuturan sa isang daigdig na bunga ng mga pagbabagong di na maibabalik pa sa

lahat ng salita ni Yawe na nasa kasulatan,
12 bumaba siya sa silid ng kalihim sa ba-
hay ng hari na kinaroroonan ng lahat ng
pinuno – sina Elisamang kalihim, Dalaias
na anak ni Semaya, si Elnatan na anak ni
Akbor, si Gemarias na anak ni Safan, si
Sedekias na anak ni Ananias at ang iba
pang mga pinuno. 13 Sinabi sa kanila ni
Mikeas ang narinig nito nang basahin ni
Baruc sa mga tao ang nasa kasulatan.

14 At pinapunta ng lahat ng pinuno si
Yehudi na anak ni Natanias, na anak
naman ni Selemias, na anak ni Kusi, para
sabihin kay Baruc: "Dalhin mo ang kasu-
latang binasa mo sa lahat ng tao at puma-
rito ka!" Kaya pinuntahan sila ni Baruc,
dala ang kasulatan. 15 Pinaupo nila siya at
sinabing basahin sa kanila ang kasulatan,
at binasa naman iyon ni Baruc.

16 Nang marinig nila ang lahat ng ito,
nagtinginan sila sa takot, at sinabi: "Sasa-
bihin namin ito sa hari."

17 At tinanong nila si Baruc kung paano
niya naisulat iyon at sinabi niya: 18 "Idi-
nikta sa akin ni Jeremias ang mga sali-
tang ito, at isinulat ko naman ng tinta."
19 Sinabi naman ng mga pinuno kay
Baruc: "Magtago kayo ni Jeremias at hu-
wag ipaalam kaninuman kung nasaan
kayo."

20 Inilagay nila ang kasulatan sa silid ni
Elisamang kalihim, at pinuntahan ang
hari sa patyo, at sinabi sa kanya ang
lahat.

21 Kaya ipinakuha ng hari kay Yehudi
ang kasulatan. Kinuha nga iyon ni Yehudi
sa silid ni Elisama at binasa sa hari at sa
lahat ng pinunong nakatayo sa tabi niya.
22 Ikasiyam na buwan noon at nakaupo
ang hari sa harap ng apuyan dahil tag-
lamig noon. 23 Pagkakabasa ni Yehudi ng
tatlo o apat na hanay sa rolyo, pinipilas
iyon sa kutsilyo ng kalihim at itinatapon
sa apoy hanggang masunog ang buong
kasulatan.

24 Hindi natakot ang hari at ang kan-
yang mga pinuno at hindi nila winarak ang
kanilang damit nang marinig nila ang
lahat ng salitang ito. 25 Sa kabila ng paki-
usap nina Elnatan, Dalaias at Gemarias sa
hari na huwag sunugin ang kasulatan,
hindi pa rin siya nakinig.

26 At inutusan ng hari sina Heramiel na
isang anak ng hari, Seraias na anak ni
Azriel at Selemias na anak ni Abdeel na
dakpin si Baruc na kalihim at si Jeremias
na propeta. Ngunit itinago sila ni Yawe.

27 Matapos sunugin ng hari ang kasulatang
idinikta ni Jeremias at isinulat naman ni Baruc,
dumating kay Jeremias ang salita ni Yawe:
28 "Kumuha ka ng panibagong rolyo at isulat
doon ang lahat ng salitang nasa unang kasula-
tan na sinunog ni Yoakim. 29 At sabihin mo kay
Yoakim ang salita na ito ni Yawe: Sinunog mo
ang kasulatan at sinabing: Pinangahasan ng
lalaking ito na isulat na wawasakin nga ng hari
ng Babilonia ang lupaing ito at lilipulin ang mga
tao at mga hayop dito! 30 Kayat ito ang salita ni
Yawe laban kay Yoakim na hari ng Juda: Wala
isa man sa kanyang mga inapo ang uupo sa
trono ni David. Malalantad naman ang kanyang
bangkay sa init ng araw at lamig ng gabi.
31 Parurusahan ko siya, ang kanyang mga
anak at mga tauhan sa kanilang kasamaan.
Ibabagsak ko sa kanila at sa mga nasa Jeru-
salem at sa bayan ng Juda ang lahat ng kapa-
hamakang binigkas ko laban sa kanila,
sapagkat hindi sila nakinig."
32 At kumuha si Jeremias ng isa pang rolyo at
ibinigay iyon sa kalihim na si Baruc na anak ni
Nerias. Isinulat ni Baruc dito ang lahat ng salita
ng kasulatang sinunog ni Yoakim na hari ng
Juda, at dinagdagan pa niya ng mga katulad na
salita.

**Kinonsulta ni Sedekias si Jeremias**

**37** 1 Hinirang ni Nabucodonosor na hari
ng Babilonia si Sedekias bilang hari ng
Juda at kahalili ni Yoakin na anak ni Yoakim.

---

dati at dito tayo tinatawag ng Diyos sa isang naiibang misyon.

– Alaming kalayaang pangmoralidad at pangkultura ang tunay na kalayaan ng isang bayan. Mas grabe para sa isang bayan kung sa pagkasilaw sa banyagang pamumuhay ay isakripisyo ng kanilang mga anak ang mga tradisyunal na pagpapahalagang pangmoralidad at buong pagpapaaliping yakapin ang mga pamantayan at paraan ng pagpapaunlad na iginigiit buhat sa labas.

2 Ngunit hindi siya nakinig sa mga salita ni Yawe
na ipinahayag ni Propeta Jeremias. Hindi rin
nakinig ang kanyang mga tauhan o ang mga tao
sa lupain.
3 Pinapunta ni Haring Sedekias kay Jeremias
si Hukal na anak ni Selemias kasama ang paring
si Sofonias na anak ni Maasias para sabihin:
"Mamagitan ka kay Yaweng ating Diyos para sa
amin!"
4 Nang panahong iyon, malaya pang naka-
paglilibot si Jeremias sa mga tao at hindi pa
naikukulong. 5 Lumabas na sa Ehipto ang hukbo
ng Paraon at nang mabalitaan iyon ng mga
Kaldeo, nagsiurong ang mga ito mula sa Jerusa-
lem.
6 Kaya dumating ang salita ni Yawe kay
Propeta Jeremias: 7 "Nagsalita na si Yaweng
Diyos ng Israel. Sabihin mo sa hari ng Juda na
nagsugo sa iyo para sumangguni sa akin: Mala-
pit nang umuwi sa Ehipto ang hukbo ng Paraon
na umalis para tulungan ka, 8 at babalik naman
ang mga Kaldeo para salakayin ang lunsod na
ito. Makukubkob nila ito at susunugin.
9 Huwag ninyong dayain ang inyong sarili sa
pagsasabing tiyak na iiwan kayo ng mga Kal-
deo. Hindi sila aalis! 10 Matalo man ninyo ang
buong hukbo ng mga Kaldeo at walang nalabi sa
kanila kundi mga sugatang kawal, lalabas pa rin
silang lahat sa kanilang mga tolda at susunugin
ang lunsod na ito."

**Si Jeremias sa balon**

11 Samantalang umuurong ang hukbo ng
mga Kaldeo mula sa Jerusalem dahil sa hukbo
ng Paraon, 12 umalis naman si Jeremias sa
Jerusalem papunta sa lupain ng Benjamin para
tumanggap ng mana roon. 13 Ngunit pinahinto
siya ng bantay sa Pintuan ng Benjamin na
nagngangalang Irias na anak ni Selemias na
anak naman ni Ananias at sinabi: "Tumatakas
ka para sumapi sa mga taga-Babilonia!"
14 "Hindi totoo iyan!" sabi ni Jeremias, ngunit
hindi siya pinakinggan ni Irias. Dinakip nito si
Jeremias at iniharap sa mga pinuno. 15 Nagalit
sila kay Jeremias, ginulpi at ibinilanggo sa
bahay ni Yonatang kalihim na ginawa nang
kulungan.
16 Ikinulong si Jeremias sa seldang nasa
ilalim ng lupa, at matagal siyang nanatili roon.
17 Ipinasundo siya ni Haring Sedekias at lihim na
inusisa sa bahay nito: "May salita ka ba mula kay
Yawe?" Sumagot si Jeremias: "Mayroon nga!" at
idinugtong, "Mapapasakamay ka ng Hari ng
Babilonia!"
18 At sinabi ni Jeremias kay Haring Sedekias:
"Anong kasalanan ang nagawa ko sa iyo, sa
iyong mga pinuno o sa bayang ito at ikinulong
mo ako? 19 Nasaan na ang inyong mga propeta
20 na nagpropesiyang: 'Hindi darating ang Hari
ng Babilonia para salakayin kayo at wasakin
ang lupaing ito? Makinig ka sa akin, panginoon
kong hari! Pakinggan mo ang aking kahilingan
at huwag akong ibalik sa bahay ni Yonatang
kalihim, kung hindi'y mamamatay ako roon!"
21 Kaya iniutos ni Haring Sedekias na ilipat si
Jeremias sa Patyo ng mga Bantay at pinabigyan
siya ng isang tinapay araw-araw mula sa kalye
ng mga panadero hanggang maubos ang
tinapay sa lunsod.
Kaya nanatili si Jeremias sa Patyo ng mga
Bantay.

**38** 1 Narinig nina Sefatias na anak ni
Matan, at Gedalias na anak ni
Pasur na anak naman ni Malkias ang
sinabi ni Jeremias sa mga tao 2 sa Ngalan
ni Yawe: "Mamamatay sa tabak, taggutom
at salot ang sinumang manatili sa lunsod
na ito; ngunit makatatakas ng buhay ang
susuko sa mga Kaldeo, at mabubuhay
siya. 3 Sapagkat sinasabi ni Yawe: Nai-
bigay ko na ang lunsod na ito sa hari ng
Babilonia at sasakupin niya ito."
4 At sinabi ng mga pinuno sa hari: "Da-
pat patayin ang taong ito. Wala siyang
ginagawa kundi papanghinain ang loob
ng mga sundalong naiwan sa lunsod na
ito, pati ang lahat ng tao. Hindi kaligtasan
ng bayan ang hangad niya kundi ang
kasamaan nito sa pagpopropesiya niya."
5 Sumagot si Haring Sedekias: "Bahala
kayo sa kanya; hindi kayo hahadlangan
ng hari."
6 Kaya dinakip nila si Jeremias at itina-
pon sa balon ni Malkias na anak ng hari sa
Patyo ng mga Bantay. Ibinaba nila sa
balon si Jeremias sa pamamagitan ng
mga lubid. Wala iyong tubig kundi putik
lamang ang nasa balon ng tubig at lumu-
bog sa putik si Jeremias.
7 Ngunit nabalitaan ni Ebedmelek na
isang pinunong Etiope sa bahay ng hari
na inilagay nila si Jeremias sa balon.
Samantalang nakaupo ang hari sa may
Pintuan ng Benjamin, 8 nilapitan siya ni
Ebedmelek at sinabi: 9 "Aking pangi-

noong hari! Masama ang ginawa ng mga
taong iyon kay Propeta Jeremias. Inihulog
nila siya sa balon kung saan siya mama-
matay."
10 Kaya iniutos ng hari kay Ebedmelek
na Etiope: "Magsama ka ng tatlong lalaki
at iahon si Jeremias sa balon bago siya
mamatay."
11 Isinama ni Ebedmelek ang mga lalaki
at nagpunta sa silid ng kabangyaman sa
bahay ng hari. Kumuha siya roon ng mga
basahan at lumang damit at inihugos ang
mga ito kay Jeremias sa balon sa pama-
magitan ng mga lubid. 12 Sinabi ni Ebed-
melek kay Jeremias: "Isapin mo ang mga
basahan at lumang damit sa pagitan ng
iyong kilikili at ng mga lubid." Gayon nga
ang ginawa ni Jeremias. 13 At iniahon nila
si Jeremias mula sa balon sa paggamit ng
mga lubid, at nanatili siya sa Patyo ng
mga Bantay.
14 Ipinatawag naman ni Haring Sede-
kias si Propeta Jeremias at pinapunta sa
ikatlong pintuan sa Bahay ni Yawe, at
sinabi niya roon sa kanya: "May itatanong
ako sa iyo; huwag kang maglilihim sa akin
kahit ano!" Sinabi ni Jeremias kay Sede-
kias: 15 "Kung may sabihin ako sa iyo,
hindi mo ba ako ipapapatay? At kung big-
yan kita ng payo, hindi ka naman maki-
kinig." 16 Lihim na sumumpa si Haring
Sedekias kay Jeremias: "Isinusumpa ko
kay Yawe na nagbigay sa atin ng hininga,
hindi kita ipapapatay at di ibibigay sa mga
gustong pumatay sa iyo."
17 Sinabi ni Jeremias kay Sedekias: "Ito
ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: Kung susuko ka sa mga
pinuno ng hari ng Babilonia, maliligtas ka
at hindi susunugin ang lunsod. Maliligtas
ka at ang buo mong sambahayan. 18 Ngu-
nit kung hindi ka susuko sa hari ng Ba-
bilonia, mahuhulog ang lunsod na ito sa
kamay ng mga Kaldeo at susunugin nila
ito. At ikaw mismo'y hindi makatatakas."
19 Sinabi ni Haring Sedekias kay Jere-
mias: "Natatakot ako sa mga taga-
Judang kumampi sa mga Kaldeo. Baka
ibigay ako ng mga Kaldeo sa kanila at
bastusin naman nila ako." 20 Sinabi ni
Jeremias: "Hindi ka nila ibibigay. Paking-
gan mo ang sinasabi sa iyo ni Yawe sa
pamamagitan ko: makabubuti iyon sa iyo
at mabubuhay ka. 21 Ngunit kung tatanggi
kang sumuko, ito naman ang ipinahayag
ni Yawe sa akin:
22 Ihaharap sa mga opisyal ng hari ng
Babilonia ang lahat ng babaeng maiiwan
sa iyong palasyo at aawitin nila ito: "Di-
naya ka ng iyong mga kaibigan at napa-
paniwala ka. Nang lumubog na sa putik
ang iyong mga paa, iniwan ka nila!'
23 Ilalabas ang lahat mong babae at
mga anak sa mga Kaldeo at hindi ka
makatatakas sa kanila. Mabibihag ka ng
hari ng Babilonia at susunugin ang lunsod
na ito!"
24 Sinabi ni Sedekias kay Jeremias:
"Huwag mong ipaaalam kaninuman ang
ating pinag-usapan, kung hindi'y mama-
matay ka. 25 Kapag nabalitaan ng mga
pinuno na nakipag-usap ako sa iyo at
nilapitan ka nila at itinanong kung ano
ang sinabi ko sa iyo, kahit na pag-bantaan
ka man nila, 26 sabihin mo sa kanila: Na-
kiusap ako sa hari na huwag akong ibalik
sa bahay ni Yonatan para doon mamatay."
27 Lumapit kay Jeremias ang lahat ng
mga pinuno at tinanong siya. Sumagot
naman siya ayon sa iniutos sa kanya ng
hari, kayat wala na silang sinabi sa kanya
sapagkat wala namang nakarinig sa
kanilang pag-uusap.
28 Ngunit nanatili si Jeremias sa Patyo
ng mga Bantay hanggang sa araw na
masakop ang Jerusalem.

**Ang pagbagsak ng Jerusalem at ang sinapit ni Jeremias**

**39** 1 Sa ikasampung buwan ng ikasiyam
na taon ni Sedekias na hari ng Juda,
dumating si Nabucodonosor na hari ng Babi-
lonia kasama ang buo niyang hukbo at kinub-
kob ang Jerusalem. 2 Sa ikasiyam na araw ng

ikapat na buwan sa ikalabing-isang taon ni
Sedekias, nabuwag ang pader ng lunsod. 3 Pu-
masok ang lahat ng pinuno ng hari ng Babilonia
at pumusisyon sa Gitnang Pintuan: sina Nergal-
Sereser ng Samgar, Nebo-Sarsekim na punong-
opisyal, Nergal-Sareser na mataas na opisyal at
lahat ng opisyal ng hari ng Babilonia.
4 Nang makita ito ni Sedekias na hari ng Juda
at ng lahat niyang sundalo, tumakas sila kinaga-
bihan mula sa lunsod, sa pagdaraan sa hardin ng
hari sa pintuang nasa pagitan ng dalawang pader,
patungong Araba. 5 Hinabol sila ng hukbo ng mga
Kaldeo at inabutan si Sedekias sa kapatagan ng
Jerico. Binihag siya at iniharap kay Nabuco-
donosor na hari ng Babilonia na nasa Ribla sa
lupain ng Hamat, at doon siya hinatulan nito.
6 Doon sa Ribla ipinapatay ng hari ng Babilo-
nia ang mga anak na lalaki ni Sedekias at lahat
ng maharlika ng Juda sa kanyang harapan.
7 Ipinadukit niya ang mga mata ni Sedekias at
ipinakadena siya sa tanikalang tanso at ipina-
dala sa Babilonia.
8 Sinunog ng mga Kaldeo ang palasyo ng hari
at ang mga bahay ng mga tao at giniba ang mga
pader ng Jerusalem. 9 Idineport naman sa Babi-
lonia ni Nebuzardang pinuno ng mga bantay ang
nalalabi pang mga tao sa lunsod, pati ang mga
sumama sa kanya at ang ilang manggagawang
naroroon pa. 10 Iniwan naman ni Nebuzardan sa
lupain ng Juda ang mga pinakadukha na walang
ari-arian, at binigyan niya ang mga ito ng mga
ubasan at bukirin.
11 Nagpalabas din ng utos si Nabucodonosor
na hari ng Babilonia kay Nebuzardang pinuno ng
mga bantay ukol kay Jeremias: 12 "Kunin mo si
Jeremias at alagaan; huwag mo siyang sasak-
tan kundi pakitunguhan siya ayon sa sasabihin
niya sa iyo."
13 Ipinakuha nina Nebuzardang pinuno ng
mga tanod, Nebusasbang punong-opisyal, Ner-
gal-Sareser na mataas na opisyal at lahat ng iba
pang opisyal ng hari ng Babilonia 14 si Jeremias
mula sa Patyo ng mga Bantay, at inilipat kay
Gedalias na anak ni Ahikam na anak naman ni
Safan. Kaya nanatili siya sa piling ng bayan.

**Gantimpala kay Ebedmelek**

• 15 Dumating ang isang salita ni Yawe kay
Jeremias nang nakabilanggo pa siya sa Patyo
ng mga Bantay: 16 "Magpapunta ka kay Ebed-
melek na Etiope, at sabihin sa kanya: Ito ang
sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at Diyos ng
Israel: Makikita mo sa araw na iyon na tutuparin
ko ang sinabi kong kapahamakan at hindi
kasaganaan sa lunsod na ito.
17 Ngunit ililigtas kita sa araw na iyon – salita
ni Yawe – at hindi ka mahuhulog sa mga taong
kinatatakutan mo. Tiyak na ililigtas kita at hindi
ka mamamatay sa tabak. 18 Makatatakas kang
buhay sapagkat nanalig ka sa akin – si Yawe ang
nagsasalita."

**Pinalaya si Jeremias**

**40** 1 Dumating kay Jeremias ang salita ni
Yawe matapos siyang palayain sa Rama
ni Nebuzardang pinuno ng mga bantay. Kinuha
siya nito na nakakadena, kasama ng mga idi-
nideport sa Babilonia mula sa Jerusalem at
Juda.
2 Inihiwalay nga ng pinuno ng mga bantay si
Jeremias at sinabi sa kanya: "Ibinabala ni
Yaweng iyong Diyos ang kapahamakang ito
para sa lugar na ito. 3 At ngayo'y isinagawa ni
Yawe ang kanyang ibinabala sapagkat nag-
kasala ka sa kanya at hindi siya pinakinggan.
4 Ngunit pinalalaya kita ngayon mula sa mga
kadenang ito sa iyong mga kamay. Sumama ka
sa akin sa Babilonia kung gusto mo at ako ang
bahala sa iyo, pero kung ayaw mo, manatili ka
sa bayang ito. Pumunta ka kung saan mo gusto
at makabubuti sa palagay mo." 5 Sinabi pa ni
Nebuzardan: "Ba't di ka bumalik kay Gedalias
na anak ni Ahikam na anak naman ni Safan na
siyang hinirang ng hari ng Babilonia para ma-
mahala sa mga bayan ng Juda? Puwede kang
mabuhay kasama niya sa piling ng iyong bayan;
o pumunta saan mo man gusto." Binigyan siya
ng pinuno ng pagkain at regalo, at saka pinaalis.
6 Kaya pinuntahan nga ni Jeremias si Gedalias
na anak ni Ahikam sa Mispa at nakituloy sa
kanya sa piling ng mga taong naiwan sa lupain.

**Si Gedalias na gobernador**

• 7 Nabalitaan naman ng lahat ng pinuno ng
hukbo at ng kanilang mga sundalo na nasa labas
ng bayan na hinirang ng hari ng Babilonia si
Gedalias na anak ni Ahikam bilang gobernador
ng bayan at siyang mamahala sa mga lalaki, mga
babae at mga bata, sa mga pinakadukha na hindi
ipinadeport sa Babilonia. 8 Pinuntahan nila si

• **39.**15. Tulad ni Jesus sa kanyang paghihirap, may maibibigay na ganti si Jeremias sa mga taong nakiramay sa kanya.

• **40.**7. Ginawa ng mga Kaldeo na probinsya ng kanilang kaharian ang Juda. Hinirang nilang gobernador nito ang isang Judio, si Gedalias na buhat sa angkan ni Safan, na laging panig kay Jeremias. Pinatay siya ng pangkat ng mga rebelde, bagay na walang ibinunga kundi panibagong pangangalat sa mga Judio.

Gedalias sa Mispa: sila'y sina Ismael na anak ni
Natanias, Yohanan at Yonatan na mga anak ni
Karea, Serayas na anak ni Tanhumet, ang mga
anak ni Efai na taga-Netofat, at si Hezonias na
anak ng taga-Maacat, at ang kanilang mga
tauhan..
9 Nangako sa kanila at sa kanilang mga
tauhan si Gedalias na anak ni Ahikam na anak
naman ni Safan: "Huwag kayong matakot na
maglingkod sa mga Kaldeo; manatili kayo sa
lupaing ito, maglingkod sa hari ng Babilonia at
mapapabuti kayo. 10 Mananatili naman ako sa
Mispa bilang kinatawan ng mga Kaldeo sa lugar
na ito. Magtipon kayo ng alak, prutas at langis;
iimbak sa inyong mga sisidlan at manatili sa
mga bayang nasakop ninyo."
11 Nabalitaan ng mga Judio sa Moab, Amon,
Edom at iba pang lupain na may iniwang bahagi
ng sambayanan ang hari ng Babilonia, at si
Gedalias na anak ni Ahikam na anak naman ni
Safan ang ginawang gobernador sa kanila.
12 Kaya nagbalik ang lahat ng Judiong ito mula
sa mga lugar na pinagkalatan sa kanila at
pinuntahan si Gedalias sa Mispa sa lupain ng
Juda. At nakaipon sila roon ng maraming alak at
prutas.

**Pinatay si Gedalias**

13 Pumunta naman kay Gedalias sa Mispa si
Yohanang anak ni Karea at lahat ng pinuno ng
mga gerilya 14 at sinabi: "Hindi mo ba alam na
ipinapapatay ka ni Baalis na hari ng mga Amo-
nita kay Ismael na anak ni Natanias?" 15 Ngunit
hindi siya pinaniwalaan ni Gedalias na anak ni
Ahikam.
Lihim na kinausap ni Yohanan si Gedalias sa
Mispa: "Aalis ako para patayin si Ismael na anak
ni Natanias, nang walang sinumang nakaaalam.
Di ka niya dapat mapatay, kundi'y mangangalat
ang mga Judio na nagtipong kasama mo, at
baka malipol pa ang nalalabi sa Juda?" 16 Ngunit
sinabi ni Gedalias na anak ni Ahikam kay Yo-
hanang anak ni Karea: "Huwag mong gawin
iyan dahil hindi totoo ang sinabi mo tungkol kay
Ismael."

**41** 1 Sa ikapitong buwan, dumating si
Ismael na anak ni Natanias na anak
naman ni Elisama ng angkan ng hari at naging
opisyal ng hari. May kasama siyang sampung
lalaki at pinuntahan sa Mispa si Gedalias na
anak ni Ahikam na anak naman ni Safan. Ha-
bang magkasalo silang kumakain, 2 tumindig si
Ismael at ang kanyang mga kasama, at pinatay
si Gedalias na hinirang ng hari ng Babilonia
bilang gobernador ng lupain.
3 Pinatay din ni Ismael ang mga Judiong
kasama ni Gedalias sa Mispa, at ang mga kawal
na Kaldeo roon.
4 Dalawang araw makaraan ang asasinasyon
kay Gedalias at bago mabalitaan ninuman, 5 du-
mating ang walumpung lalaki mula sa Sikem,
Silo at Samaria, na ahit ang balbas, warak ang
mga damit at hiwa-hiwa ang katawan. May dala
silang alay at insenso sa Bahay ni Yawe.
6 Umalis sa Mispa si Ismael na anak ni Na-
tanias at umiiyak na sumalubong sa kanila.
Sinabi niya sa mga lalaki: 7 "Tayo na kay Geda-
lias na anak ni Ahikam." Ngunit pagdating nila
sa gitnang-bayan, pinatay ni Ismael na anak ni
Natanias at ng mga kasama niya ang mga lalaki,
at inihagis ang mga bangkay sa balon. 8 Ngunit
sinabi kay Ismael ng sampu sa mga lalaking ito:
"Huwag mo kaming patayin pagkat may naka-
tago kaming pagkain sa bukid: trigo at sebada,
langis at pulutpukyutan." Hindi pinatay ni Is-
mael ang mga ito.
9 Ang balon namang pinagtapunan ni Ismael
sa mga bangkay ng mga taong ito ay ang
Malaking Balong ipinagawa ni Haring Asa nang
magtanggol siya laban kay Baasang hari ng
Israel. Pinuno iyon ni Ismael na anak ni Natanias
ng mga bangkay.
10 Binihag ni Ismael ang maliit na bilang ng
mga tao sa Mispa, ang mga anak na babae ng
hari na iniwan ni Nebuzardang pinuno ng mga
bantay sa pangangalaga ni Gedalias. Iniutos ni
Ismael sa mga ito na sumunod sa kanya at
nagpunta sila sa lupain ng mga Amonita.

**Laban kay Ismael**

11 Nang mabalitaan ni Yohanang anak ni
Karea at ng kasama niyang mga pinuno ng
hukbo ang mga krimen ni Ismael, tinipon nila
ang kanilang mga tauhan para labanan si
Ismael. 12 Inabutan nila ito sa may malaking
deposito ng tubig sa Gibeon.
13 Natuwa ang mga pilit na isinama mula sa
Mispa ni Ismael na anak ni Natanias nang ma-
kita nila si Yohanang anak ni Karea at ang
kasama niyang mga pinuno ng hukbo. 14 At

---

Ipinakikita ng mga kabanata 42-44 si Jeremias na nakikipaglaban sa kanyang mga kababayan sa huling pagkakataon. Wala ni isang pangkat na nakikinig sa propeta. Ang mga panig sa paglaban sa mga Kaldeo pati ang mga tagapagtanggol sa pagsuko ay kapwa kumikilos ayon sa sariling kagustuhan at tumatangging sumunod kay Yawe.

sumama silang lahat kay Yohanan. 15 Tumakas
naman si Ismael kay Yohanan; kasama niya ang
walong tauhan, at nagpunta sa mga Amonita.

16 Tinipon naman ni Yohanan at ng mga
pinuno ng hukbo ang mga taong nailigtas niya
kay Ismael – mga lalaki, mga babae at mga bata
at mga opisyal ng palasyo. Ibinalik sila ni Yoha-
nan mula sa Gibeon 17 at tumigil sila sa Gerut-
kimham na malapit sa Betlehem. Balak nilang
magpa-Ehipto 18 dahil sa takot sa mga Kaldeo
sapagkat pinatay ni Ismael si Gedalias na hini-
rang ng hari ng Babilonia bilang gobernador.

**Ang pagtakas pa-Ehipto**

42 1 Pinuntahan si Jeremias ng mga pinuno
ng hukbo, kasama na si Yohanang anak
ni Karea, at si Azarias na anak ni Hosias, at lahat
ng tao, mula sa pinakahamak hanggang sa
pinakadakila. 2 At sinabi nila kay Jeremias: "Pa-
kinggan mo ang aming pakiusap at idalangin
kay Yaweng iyong Diyos, kaming maliit na
nalabi, sapagkat kakaunti na nga kami gaya ng
iyong nakikita. 3 Ituro sana sa amin ni Yaweng
iyong Diyos, ang daang dapat naming puntahan
at ang dapat naming gawin."

4 Sumagot si Propeta Jeremias: "Narinig ko
kayo. Oo, kakausapin ko si Yawe gaya ng in-
yong pakiusap. At ipaaalam ko sa inyo anuman
ang maging salita ni Yawe na hindi naglilihim ng
anuman."

5 Sinabi nila kay Jeremias: "Maging totoo at
tapat na saksi nawa si Yawe laban sa amin kung
hindi namin susundin ang bawat salitang sasa-
bihin sa amin ni Yaweng iyong Diyos sa pama-
magitan mo. 6 Kasiya-siya man iyon o hindi,
susundin namin si Yaweng aming Diyos na
pinagsusuguan namin sa iyo. Sapagkat mapa-
pabuti kami sa pagsunod sa tinig ni Yaweng
aming Diyos."

7 Pagkalipas ng sampung araw, dumating
kay Jeremias ang salita ni Yawe. 8 Tinawag niya
si Yohanang anak ni Karea, at ang mga pinuno
ng hukbo, kasama ang lahat ng tao mula sa
pinakahamak hanggang sa pinakadakila.

9 At sinabi niya: "Ito ang salita ni Yaweng
Diyos ng Israel na pinagsuguan ninyo sa akin
para iharap ang inyong pakiusap: 10 Kung gusto
ninyong mabuhay nang panatag sa lupaing ito,
itatatag ko kayo at hindi gigibain, itatanim at di
bubunutin sapagkat ikinalulungkot ko ang ka-
pahamakang ipinataw ko sa inyo. 11 Huwag ka-
yong matakot sa hari ng Babilonia na inyong
pinangangambahan – salita ni Yawe – sapagkat
sumasainyo ako upang iligtas kayo at palayain
sa kanyang mga kamay. 12 Ilalagay ko ang
habag sa kanyang puso upang kaawaan kayo at
pabalikin sa inyong sariling lupain.

13 Huwag ninyong sabihing 'Hindi na kami
maninirahan sa lupaing ito,' sa pagsuway sa
tinig ni Yaweng inyong Diyos. 14 Huwag ninyong
sabihing 'Pupunta na lamang kami sa Ehipto at
hindi na kami makakakita ng digmaan o ma-
kakarinig ng tunog ng trumpeta, at hindi na
kukulangin sa tinapay!' 15 Pakinggan nga ninyo,
O nalabi sa Juda, ang salita ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel: "Kung magpapa-
Ehipto kayo at doon mananatili, 16 sa Ehipto
kayo aabutan ng tabak na kinatatakutan ninyo
at sa Ehipto kayo babagsakan ng taggutom na
pinangangambahan ninyo at doon kayo mama-
matay.

17 Mamamatay sa tabak, taggutom at salot
ang lahat ng pupunta sa Ehipto upang doon
manirahan. Wala isa mang makaliligtas o ma-
katatakas sa kapahamakang ipapadala ko sa
kanila."

18 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: "Kung paanong ibinuhos sa mga
nasa Jerusalem ang aking naglalagablab na
poot, ibubuhos din sa inyo ang aking poot sa
pagpunta ninyo sa Ehipto, at kayo'y magiging
bagay na isinumpa at pinangingilabutan, bina-
bale-wala at pinagtatawanan, at hindi ninyo
makikita pa ang lugar na ito magpakailanman."

19 Sinabi pa rin ni Yawe sa inyo na mga nalabi
sa Juda: "Huwag kayong magpunta sa Ehipto;
tandaan ninyo ang babala ko sa inyo sa araw na
ito.

20 Isinugal ninyo ang inyong buhay nang
isugo ninyo ako kay Yaweng inyong Diyos sa
pagsasabing: 'Ipanalangin mo kami kay Ya-
weng aming Diyos at sabihin sa amin ang sasa-
bihin ni Yawe at susunod kami.' 21 Sinabi ko na
sa inyo sa araw na ito ngunit hindi pa rin ninyo
sinusunod ang lahat ng ipinasabi sa akin ni
Yaweng inyong Diyos. 22 Kayat tiyak na mama-
matay kayo sa tabak, taggutom at salot sa lugar
na gusto ninyong puntahan at panirahan."

43 1 Katatapos pa lamang sabihin ni Jere-
mias ang salita ni Yawe – ang lahat ng
ipinasabi sa kanya ni Yawe – 2 nang sabihin sa
kanya ni Azarias na anak ni Hosias, at ni Yoha-
nang anak ni Karea, at lahat ng palalong ma-
mamayan: "Sinungaling! Hindi ka isinugo sa
amin ni Yaweng aming Diyos para sabihing
huwag magpunta at manirahan sa Ehipto. 3 Si
Baruc ngang anak ni Nerias ang nagsusulsol sa
iyo para ibigay kami sa mga Kaldeo at nang
mapatay o maideport sa Babilonia!"

4 Kaya hindi sinunod ni Yohanang anak ni

Karea o ng mga pinuno ng hukbo o ng mga tao
ang utos ni Yawe na manatili sa lupain ng Juda.
5 Sa halip, pinamunuan ni Yohanan at ng mga
pinuno ng hukbo ang mga nalabi sa mga
Judiong nagbalik sa lupain ng Juda mula sa
mga bansang pinagtabuyan sa kanila, 6 ang
mga lalaki, mga babae, mga bata at ang mga
anak na babae ng hari – lahat ng iniwan ni
Nebuzardang pinuno ng mga bantay sa kalinga
ni Gedalias na anak ni Ahikam na anak naman
ni Safan na kasama ni Propeta Jeremias at ni
Baruc na anak ni Nerias. 7 Hindi nila pinaking-
gan ang utos ni Yawe kundi nagpa-Ehipto sila at
nakarating sa Tafnes.

**Ipinagpauna ni Jeremias ang pagsalakay ng Ehipto**

8 Dumating din ang salita ni Yawe kay Jere-
mias sa Tafnes: 9 "Kumuha ka ng malalaking
bato sa paningin ng mga Judio at ibaon sa putik
na nasa terasang tisa sa bungad ng bahay ni
Paraon sa Tafnes. 10 At sabihin mo sa kanila: Ito
ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at Diyos ng
Israel: Ipinatatawag ko ang aking lingkod na si
Nabucodonosor na hari ng Babilonia, at ilalagay
niya ang kanyang trono sa ibabaw ng mga
batong ibinaon ko rito at lalagyan ng palamuting
palawit. 11 Darating siya at hahagupitin ang
lupain ng Ehipto, at maghahatid ng kamatayan
sa mga nakatakdang mamatay, ng pagkabihag
sa nakatakdang mabihag at ng tabak sa
nakatakda sa tabak.

12 Susunugin niya ang mga templo ng mga
diyos ng Ehipto; masusunog ang mga diyos na
ito at tatangayin. Gaya ng pastol na balot ng
balabal ang sarili, ibabalot din ng hari ng Babilo-
nia sa kanyang sarili ang lupain ng Ehipto, at
ligtas siyang aalis. 13 Gigibain niya ang mga
sagradong poste sa Heliopolis at susunugin ang
mga templo ng mga diyos ng Ehipto."

**Mga huling babala ni Jeremias**

44 1 Dumating kay Jeremias ang salitang
ito ni Yawe tungkol sa lahat ng Judiong
nasa Ehipto, Migdol, Tafnes, Memfis, at sa lupa-
in ng Patros:

2 "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: Nakita ninyo ang malaking
kapahamakang hatid ko sa Jerusalem at sa mga
bayan ng Juda. 3 Guho na lamang ang mga ito
ngayon, at walang naninirahan dahil sa kasa-
maang ginawa nila. Ginalit nila ako sa pagsu-
sunog ng insenso at pagsamba sa mga banya-
gang diyos na di nila kilala ni ng inyong mga
ninuno o ni kayo mismo.

4 Paulit-ulit kong ipinadala sa kanila ang
aking mga lingkod na mga propeta para sabihin
sa kanila: 'Huwag ninyong gawin ang kasuklam-
suklam na bagay na ito na kinamumuhian ko!'
5 Ngunit hindi nila sila pinakinggan o pinansin;
hindi nila tinalikuran ang masasama nilang gawi
o itinakwil ang pagsamba sa mga banyagang
diyos. 6 Kaya sumiklab ang aking poot at nag-
lagablab sa mga bayan ng Juda at sa mga daan
ng Jerusalem, at ginawa silang guho, tulad sa
araw na ito.

7 At tinatanong kayo ngayon ni Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel: Ba't ninyo inihatid ang
malaking kapahamakang ito sa inyong sarili?
Na dahil sa inyong mga ginawa'y mauubos sa
Juda ang mga lalaki, babae, bata at sanggol at
wala nang malalabi sa inyo. 8 Bakit ninyo ako
ginagalit sa gawa ng inyong mga kamay? Bakit
kayo sumasamba sa mga banyagang diyos sa
Ehipto na pinuntahan ninyo upang doon mani-
rahan? Tiyak na mangangaunti kayo at magi-
ging halimbawa ng isang isinumpa at pinagta-
tawanan para sa lahat ng bansa.

9 Nalimutan na ba ninyo ang kasamaang
ginawa ng inyong mga ninuno at ang kalapas-
tanganan ng mga hari ng Juda at ng kanilang
mga asawa, at ang baluktot na pag-uugali ninyo
at ng inyong mga maybahay sa lupain ng Juda
at sa mga daan ng Jerusalem?

10 Hindi pa sila nagsisisi at hindi natatakot at
hindi sinusunod ang aking Batas at mga Utos na
ipinahayag ko sa harap ninyo at ng inyong mga
ninuno."

11 Kaya nagbababala sa inyo si Yawe ng mga
Hukbo at Diyos ng Israel: "Tatalikuran ko kayo
at dadalhan ng kapahamakan na ganap na
lilipol sa Juda. 12 Malilipol din ang lahat ng nalabi
sa Juda na ginustong pumunta sa Ehipto at
doon manirahan. Lilipulin sila ng tabak at tag-
gutom, at magiging halimbawa ng isang bayang
isinumpa at pinagtatawanan.

13 Parurusahan ko ang mga nasa Ehipto gaya
ng pagpaparusa ko sa Jerusalem sa tabak,
taggutom at salot. 14 Wala isa man sa mga nalabi
sa Juda na nagpunta sa Ehipto ang maliligtas o
makatatakas para bumalik sa Juda na pana-
nabikan nilang balikan at doon manirahan."

15 Noo'y malakas na sumagot kay Jeremias
ang lahat ng lalaking nakaaalam na ang kani-
lang maybahay ay nagsusunog ng insenso sa
mga banyagang diyos, at lahat ng kababaihan –
isang malaking grupo:

16 "Hindi kami makikinig sa sinasabi mo sa
Ngalan ni Yawe. 17 Gagawin namin ang gusto
naming gawin: 18 magsusunog ng insenso sa
reyna ng langit at magbubuhos ng alak sa
kanya, tulad ng ginawa namin at ng aming mga

ninuno, mga hari at mga opisyal sa mga bayan
ng Juda at sa mga daan ng Jerusalem. At
nagkaroon kami noon ng maraming tinapay at
nanagana at malayo sa kapahamakan.
19 Ngunit mula nang tumigil kami sa pag-
susunog ng insenso at pagbubuhos ng alak sa
reyna ng langit, naghikahos na kami at na-
ngangamatay sa tabak at taggutom." At idi-
nugtong ng kababaihan: "Nang magsunog kami
ng insenso at magbuhos ng alak sa reyna ng
langit, di ba't alam ng aming mga asawa na
gumawa kami ng handog na tinapay na may
palamuti ng larawan niya at nagbuhos ng alak sa
kanya?"
20 At sinagot ni Jeremias ang lahat ng tao,
lalaki at babae, na nagsasabi sa kanya ng
ganoon: 21 "Hindi iyan totoo. Mas mabuti pang
maalala ni Yawe ang insensong sinunog sa mga
bayan ng Juda at sa mga daan ng Jerusalem,
kayo, ang inyong mga ninuno, ang inyong mga
hari, mga pinuno at ang buong bayan. Akala
ninyo ba'y nalimutan niya iyon? 22 Hindi na
matiis ni Yawe ang nakikita niyang masasama
ninyong gawi at ang mga kasuklam-suklam na
bagay na ginawa ninyo, kaya isinumpa ang
inyong lupain at naging guho na walang nani-
nirahan, tulad sa araw na ito!
23 Dumating sa inyo ang lahat ng kapaha-
makang dinaranas ninyo ngayon dahil nag-
sunog kayo ng insenso at nagkasala kay Yawe,
at hindi ninyo siya pinakinggan o sinunod ang
kanyang Batas, mga kautusan at tagubilin."
24 At sinabi ni Jeremias sa lahat ng mga
babae: "Pakinggan ninyo ang salita ni Yawe.
25 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at
Diyos ng Israel: Kayong mga babaeng gustong
tumupad sa inyong ipinanata, sinasabi ninyo:
'Tutuparin namin ang aming panata na mag-
susunog ng insenso at magbubuhos ng alak sa
reyna ng langit.' Sige! Tuparin ninyo ang inyong
mga panata at gawin ang inyong ipinangako!
26 Pero makinig kayo, kayong mga Judio na
nasa Ehipto, pakinggan ninyo ang sinasabi sa
inyo ni Yawe: Isinusumpa ko sa dakila kong
Pangalan – salita ni Yawe – na sa buong Ehipto'y
wala isa mang taga-Juda ang sasambit sa aking
Pangalan; wala isa mang maiiwan para sabi-
hing: 'Si Yawe nawa ang maging saksi sa aking
pangako.'
27 Binabantayan ko sila sa kanilang ikasa-
sama, hindi sa kanilang ikabubuti. Papatayin sa
tabak at taggutom ang lahat ng mga Judiong
nasa Ehipto at malilipol sila. 28 Kaunting-kaunti
lamang ang makaliligtas sa tabak at babalik sa
Juda mula sa Ehipto; at mauunawaan ng nalabí
na nanirahan sa Ehipto kung kaninong salita
ang magkakatotoo, ang kanila o ang akin!
29 At ito ang tanda na parurusahan ko kayo sa
lugar na ito, sabi ni Yawe, upang malaman ninyo
na magkakatotoo ang aking mga banta: 30 Ibi-
bigay ko si Paraong Hofra na hari ng Ehipto sa
kanyang mga kaaway na gustong pumatay sa
kanya, tulad nang ibigay ko si Sedekias na hari
ng Juda sa kanyang kaaway na si Nabucodono-
sor na hari ng Babilonia na gustong pumatay sa
kanya."

**45** 1 Ito ang mga salita ni Propeta Jeremias
kay Baruc na anak ni Nerias na siyang
sumulat sa isang Kasulatan sa mga salitang
idinikta ni Jeremias. Sa ikapat na taon ng pag-
hahari sa Juda ni Yoakim na anak ni Yosias ay
sinabi niya: 2 "May salita si Yawe para sa iyo,
Baruc. 3 Dumaraing ka: 'Kawawa naman ako!
Pagod na ako sa kabubuntunghininga at wala
akong pahinga!'
4 Sinasabi ni Yawe: 'Ginigiba ko ang aking
itinayo at binubunot ang aking itinanim, 5 bakit
ka naghahangad ng mga dakilang bagay sa
iyong sarili? Huwag kang lubhang maghanap!
Ngunit kahit na malapit ko nang ipadala ang
kapahamakan sa lahat – salita ni Yawe – malilig-
tas ka saan ka man pumunta.'

## *PROPESIYA LABAN SA IBANG MGA BANSA*

**Laban sa Ehipto**

**46** • 1 Ang salita ni Yawe na dumating kay
Propeta Jeremias tungkol sa mga bansa.
2 Tungkol sa Ehipto. Mensahe laban sa hukbo
ni Paraong Neco, hari ng Ehipto, sa may Ilog
Eufrates at Karkemis na natalo ni Nabucodo-
nosor na hari ng Babilonia sa ikapat na taon ni
Yoakim na anak ni Yosias at hari ng Juda:
3 "Ihanda ang mga kalasag, malaki't maliit,
at sumagupa sa labanan!
4 Ihanda ang mga kabayo;
sakyan ninyo, mga mangangabayo!

---

• **46**.1 Mababasa sa Jeremias at sa iba pang propeta ang mga propesiya laban sa mga banyagang bansa. Nabuhay sa isang natatanging panahon ang mga propeta, at sa isang pabagsak na daigdig ay misyon nila ang maghasik ng isang bagong lahing mas naliliwanagan, mas responsable, at mas naisaloob ang

Magsihanay na suot ang inyong mga helmet,
patalasin ang mga sibat,
isuot ang mga armor.
5 Ngunit, ano?
Natakot sila at nagsiurong,
nalupig ang kanilang mga kawal
na hindi lumilingon – nagsitakas;
kabi-kabila'y naroon ang sindak,
sabi ni Yawe.
6 Hindi makalayo ang mabilis,
hindi makatakas ang malakas;
sa hilaga sa may Ilog Eufrates,
natisod sila at nabuwal.
7 Sino itong tumataas na gaya ng Nilo,
tulad ng mga ilog na ang tubig ay umaalon?
8 Sinabi niya: Sige, tatabunan ko ang lupa,
wawasakin ang mga lunsod at ang kanilang mga mamamayan.
9 Sugod, mga kabayo,
at dumaluhong kayo, O mga karwahe!
Sumalakay ang mga kawal:
mga tauhan ng Etiopia at Put na may kalasag,
mga tauhan ng Lydia, bihasa sa pagpana.
10 Kay Yaweng Panginoon ang araw na iyon,
araw ng kanyang paghihiganti sa mga kaaway.
Lalamon ang tabak hanggang mabusog,
at malalasing sa dugo,
Sapagkat maghahandog si Panginoong Yawe ng mga Hukbo,
sa hilagang lupain sa may Ilog Eufrates.
11 Umahon ka sa Galaad at kumuha ng balsamo,
O Dalagang Ehipto!
Bale-wala ang marami mong gamot.
Hindi ka gagaling.
12 Nabalitaan ng mga bansa ang iyong kahihiyan,
at laganap sa sangkalupaan ang iyong pagdaing;
pagkat natisod ang mandirigma sa kanyang kapwa,
sabay silang nabuwal."

**Nilusob ang Ehipto**

13 Ang salitang sinabi ni Yawe kay Propeta Jeremias nang salakayin ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia ang Ehipto:

14 Ibalita sa Ehipto at ipahayag sa Migdol;
ipahayag din sa Memfis at Tafnes. Sabihin:
'Tumindig kayo at humanda,
sapagkat nilamon ng tabak ang mga nasa paligid mo.'
15 Bakit tumakas si Apis?
Ba't di tumayo ang iyong Toro?
Dahil inilugmok siya ni Yawe,
16 paulit-ulit na siyang natisod at nadapa.
Kayat sinabi nila sa isa't isa:
'Magsitindig kayo, at magbalik sa sariling bayan
at sa lupaing sinilangan,
malayo sa tabak ng mamumuksa.'
17 Papangalanan nila si Paraong hari ng Ehipto –
'Ang maingay na nag-aaksaya ng pagkakataon.'
18 "Buhay ako, sabi ng Hari
na Yawe ng mga Hukbo ang pangalan,
parating na ang isang dakilang gaya ng Tabor sa kabundukan
at tulad ng Karmel sa tabing-dagat.
19 Ihanda ang inyong dala-dalahan sa pagkakabihag,
O Dalagang Ehipto!
Sapagkat wawasakin at guguho ang Memfis,
mawawalan ng mga naninirahan.
20 Isang magandang dumalagang baka ang Ehipto,
ngunit may bangaw na dumapo sa kanya buhat sa hilaga.
21 Parang matatabang baka ang kanyang mga bayarang mandirigma;
ngunit tumalikod din sila at sama-samang tumakas,
at hindi lumaban;
sapagkat dumating na ang araw ng kanilang kapahamakan,
ang oras ng kanilang kaparusahan.
22 "Humuhuni siyang parang ahas na tumatakas;
sa pagdaluhong ng kanyang mga kaaway,
dumarating na may mga palakol
gaya ng namumutol ng mga puno.
23 Puputulin nila ang kanyang gubat – sabi ni Yawe –
kahit na napakakapal nito.
Sapagkat mas marami pa sila sa mga balang;
hindi sila mabilang.

pananampalataya. Samantalang ang mga bantog na kabihasnan ng Ehipto at Babilonia ay nagsisilbing kulungan sa mga tao at di nagpapahintulot na makadiskubre ng mga bagong pagpapahalaga, naghahatid naman sa pagkalipol ang pagkamakasarili ng maliliit na bansa. Hindi lamang Israel ang kailangang dumaan sa kamatayan, kundi lahat ng bayan; pero ang Israel lamang ang muling babangon para sa mas dakilang patutunguhan.

24 Mapapahiya ang Dalagang Ehipto,
mapapasakamay ng bayan sa hilaga."
25 Sabi ni Yawe ng mga Hukbo, Diyos ng
Israel: Parurusahan ko si Amon ng Tebas, si
Paraon, ang Ehipto at ang kanyang mga diyos at
mga hari at ang mga umaasa sa kanya.
26 Ibibigay ko sila sa kamay ng mga nagtatangka sa
kanilang buhay, kay Nabucodonosor na hari ng
Babilonia, at sa kanyang mga tauhan. Ngunit
titirhang muli ang Ehipto katulad noong una,
sabi ni Yawe.
27 "Huwag kang matakot, O Jacob na aking
lingkod, huwag kang mangamba, O Israel; sapagkat
ililigtas kita sa malayong lugar, at ang
iyong mga inapo sa lupain ng kanilang pagkabihag.
Muling magkakaroon ng kapayapaan at
kapanatagan si Jacob, at wala nang tatakot sa
kanya.
28 Huwag kang matakot, O Jacob na aking
lingkod, sabi ni Yawe, pagkat ako'y sumasaiyo.
Ganap kong wawasakin ang mga bansa na
pinagtabuyan ko sa iyo, ngunit hindi kita lilipulin.
Susupilin kita nang may katarungan at
hindi kita maaaring di parusahan."

**Laban sa mga Pilisteo**

**47** 1 Ang salita ni Yawe na dumating kay Propeta Jeremias tungkol sa mga Pilisteo bago salakayin ni Paraon ang Gaza:

2 "Ganito ang sinasabi ni Yawe:
Tingnan at tumataas ang tubig sa hilaga,
malapit nang bumaha;
babahain ang lupain at lahat ng naroon,
ang mga bayan at mga namamayan doon.
Sisigaw ang mga tao,
at mananaghoy ang mga naninirahan dito,
3 sa ingay ng mga rumaragasang paa ng mga kabayo,
at hagibis ng mga karwahe at dagundong ng mga gulong.
Pinababayaan ng mga ama ang kanilang mga anak,
sa panghihina ng kanilang mga kamay.
4 Dumating nga ang araw ng paglipol sa mga Pilisteo,
upang lipulin sa Tiro at Sidon
ang nalalabing puwedeng tumulong.
Sapagkat pupuksain ni Yawe ang mga Pilisteo,
ang nalabi sa mga pulo ng Kaftor.
5 Kalbo na ang Gaza,
tahimik na ang Askalon.
Asdod na nalabi sa mga Enakita
bakit ninyo lalaslasin ang inyong sarili?
6 O tabak ni Yawe!
Hanggang kailan bago ka tumahimik?
Balik sa 'yong lalagyan, tumigil at magpahinga!
7 Paano siya mananahimik,
kung inuutusan siya ni Yawe
laban sa Askalon at sa baybaying-dagat?"

**Laban sa Moab**

**48** 1 *Tungkol naman sa Moab:* Ito ang si nasabi ni Yawe ng mga Hukbo, Diyos ng Israel:

"Kawawang Nebo, pagkat wasak na ito!
Nahihiya at nalupig din ang Kiryatayim;
napahiya at wasak ang kuta.
2 Wala na ang katanyagan ng Moab.
Sa Hesbon binalak ang kanyang pagbagsak:
"Wasakin na natin ang bansang 'yan!
Mabubuwal ka rin, Madmen,
susundan ka ng tabak.
3 Dinggin! ang panaghoy sa Horonaim:
'Kapahamakan! Ganap na pagkawasak!'
4 Wasak na ang Moab,
dinig hanggang Soar ang kanyang daing.
5 Umiiyak sila sa pag-ahon sa Luhit,
hiyaw naman ng pagkawasak ang naririnig
sa paglusong sa Horonaim.
6 Tumakas! Iligtas ang sarili!
Tulad ng maiilap na asno sa ilang!
7 Nanalig ka sa iyong lakas at mga kayamanan,
kaya ika'y mabibihag;
Dadalhing bihag si Kemos
kasama ng kanyang mga pari at mga pinuno.
8 Papasukin ng mamumuksa ang lahat ng lunsod;
at wala isa mang makakatakas.
Sira ang lambak,
wasak ang kapatagan,
gaya ng sinabi ni Yawe.
9 Ilibing ang Moab,
pagkat ganap na siyang nawasak,
tiwangwang ang kanyang mga lunsod,
at wala nang naiwan doon.
10 Sumpain ang hindi mahigpit na gumagawa
sa gawain ni Yawe; sumpain ang walang dugo sa
kanyang tabak.
11 "Naging matiwasay ang Moab sapul pagkabata,
parang alak na pinatitining,
hindi siya nagpasalin-salin sa iba't ibang sisidlan,
hindi siya dinalang bihag;
kaya nanatili ang kanyang lasa,
at hindi nagbago ang kanyang amoy.
12 "Kaya darating ang araw, sabi ni Yawe, na
padadalhan ko siya ng mga magbubuhos sa

kanya. Gagawin nilang basyo ang kanyang mga
sisidlan at babasagin ang kanyang mga banga.
13 Ikahihiya ng Moab ang Kemos, gaya ng bayan
ng Israel na napahiya kay Betel na kanyang
inasahan.

14 "Paano ninyo masasabi: 'Mga bayani kami,
at matatapang na lalaki sa labanan?' 15 Mawa-
wasak ang Moab at madudurog ang kanyang
mga lunsod; lumusong sa patayan ang mga pili
niyang kabataan, sabi ng Hari na Yawe ng mga
hukbo.ang pangalan.

16 Malapit nang bumagsak ang Moab,
rumaragasa ang kanyang pagkawasak.
17 Ipagluksa siya, kayong nasa paligid niya,
at lahat ng nakakakilala sa kanya
sabihin, 'Bali na ang matibay na setro,
ang maringal na tungkod.'
18 Bumaba mula sa iyong katanyagan,
at maupo sa tigang na lupa,
mga taga-Dalagang Dibon.
Pagkat sasalakayin ka ng mamumuksa ng
Moab,
wawasakin ang iyong mga kuta.
19 Tumayo ka sa daan at magbantay,
O taga-Aroer.
Tanungin ang mga tumatakas:
"Ano ang nangyari?"
20 Napahiya ang Moab dahil sa pagkagupo.
Humiyaw at managhoy!
Ibalita sa Arnon
na wasak na ang Moab.

21 Dumating ang hatol sa lupaing nasa talam-
pas, sa Holon, Hasa, at Mefat, 22 sa Dibon, Nebo,
Betdeblataim, 23 Kiriatayim, Bet-Gamul, Bet-
Maon, 24 Karyot, Bosra at lahat ng lunsod ng
Moab, malayo't malapit.

25 Naputol na ang sungay ng Moab; nabali
ang kanyang bisig, sabi ni Yawe.

26 "Lasingin siya, sapagkat nagmatigas siya
kay Yawe; kaya gugulong ang Moab sa kanyang
suka at siya'y pagtatawanan. 27 Di ba't pinag-
tawanan mo ang Israel? Di ba't nahuli mo siyang
kasama ng mga magnanakaw, at napapailing
sa tuwing magsasalita tungkol sa kanya?

28 "Lisanin ang mga lunsod at manirahan sa
kabundukan,
kayong mga taga-Moab!
Tularan ang kalapating namumugad sa tabi
ng bangin.
29 Nabalitaan namin ang kapalaluan ng
Moab –
sukdulan ang kanyang kayabangan –
ang pagmamatayog niya at pagmamalaki,
at kahambugan ng kanyang puso.
30 Alam ko ang kanyang kabastusan, sabi ni
Yawe,
pawang kasinungalingan ang kanyang pag-
yayabang at mga gawain.
31 Kaya tinatangisan ko ang Moab;
iniiyakan ang buong Moab;
ipinagdadalamhati ko ang mga taga-Kir-
Heres.
32 Iniiyakan kita higit pa sa Haser,
O ubasan ng Sibma!
Nagsanga ka hanggang sa dagat,
umabot hanggang dagat ng Haser.
Bumagsak ang mamumuksa
sa iyong mga hinog na bunga at mga ubas.
33 Napawi na ang galak at tuwa
sa mabungang lupain ng Moab;
Tumigil na ang alak mula sa mga pisaan;
wala nang pumipisa rito nang may galak;
hindi na kagalakan ang hiyawan.

34 Sumisigaw ang Hesbon at Eleale, abot
hanggang Hasa, mula Soar hanggang Horonaim
at Eglat-selisa. Sapagkat matutuyo pati mga
tubig ng Nimrim.

35 At wawakasan ko sa Moab, sabi ni Yawe,
ang nag-aalay sa mga altar sa burol at nagsu-
sunog ng insenso sa kanyang mga diyos.

36 Kaya nagdadalamhating gaya ng plauta
ang aking puso dahil sa Moab, dahil sa mga
taga-Kir-Heres na wala nang kayamanan.

37 Kalbo ang bawat ulo, ahit ang bawat bal-
bas; sugatan ang bawat kamay at may taping
sako ang bawat isa. 38 Tanging pagluluksa
lamang sa lahat ng bubungan at mga liwasan ng
Moab sapagkat dinurog ko siyang gaya ng isang
sisidlang walang silbi – sabi ni Yawe. 39 Durog na
durog! Matinding panaghoy! Tumatalikod ang
Moab sa malaki niyang kahihiyan! Naging
bagay na pinagtatawanan at pinangingilabutan
ng lahat sa paligid niya ang Moab."

40 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe:
'Isang lawin na dumadaluhong, at ibubuka
ang mga pakpak sa Moab; 41 sasakupin ang mga
bayan at aagawin ang mga kuta. Sa araw na
iyon, matutulad sa puso ng babaeng nanganga-
nak ang puso ng mga mandirigma ng Moab.

42 Mawawasak ang Moab bilang bansa sa-
pagkat kinalaban niya si Yawe.

43 Inaabangan ka ng sindak, hukay at bitag, O
taga-Moab!

44 Mahuhulog sa hukay ang tumatakas sa
sindak; mahuhuli naman sa bitag ang umaahon
sa hukay. Sapagkat ihahatid ko sa Moab ang
lahat ng ito sa taon ng kanyang kaparusahan,
sabi ni Yawe.

45 Sa lilim ng Hesbon nanghihinang tumigil
ang mga takas; sapagkat may lumabas na apoy
sa Hesbon; lagablab buhat sa palasyo ng Sihon;

tinupok nito ang mga noo ng Moab, mga bungo
ng mga taong maiingay.
46 Kawawa ka, O Moab!
Napahamak na ang bayan ng Kemos;
Pagkat dinalang bihag ang iyong mga anak
na binata,
at ang iyong mga anak na dalaga.
47 Ngunit ibabalik ko ang kapalaran ng Moab
sa darating na panahon, sabi ni Yawe."
Hanggang dito ang hatol sa Moab.

**Laban sa Amon**

**49** 1 *Tungkol sa mga Amonita.* Ito ang sina-
sabi ni Yawe:
"Wala bang mga anak ang Israel?
Wala ba siyang tagapagmana?
Bakit inagaw ni Milcom ang Gad,
at pinamayanan nila ang mga lunsod nito?
2 Ngunit darating ang mga araw, sabi ni Yawe,
na iparirinig ko ang hudyat ng labanan laban sa
Rabba ng mga Amonita; magiging guho ito at
matutupok sa apoy ang mga karatig nito; kaya
maaagawan ng Israel ang mga nang-agaw sa
kanya,
sabi ni Yawe.
3 "Tumangis, O Hesbon, sapagkat wasak na
ang Ai! Humiyaw, O mga taga-Rabba! Magsuot
ng sako at magluksa, magparoo't parito na
tadtad ng hiwa ang katawan. Sapagkat dinalang
bihag si Milcom, kasama ng kanyang mga pari
at mga opisyal.
4 Bakit mo ipinagmamalaki ang iyong mga
lambak, mga lambak mong mabunga, O ba-
baeng anak na walang-galang, sa iyong mga
kayamanan ka nagtiwala at sinabi mong: 'Sino
ang mangangahas sumalakay sa akin?'
5 Ipadadala ko sa iyo ang sindak mula sa
lahat ng nakapaligid sa iyo, at mag-uunahan sa
pagtakas ang bawat isa, walang magtitipon sa
mga tumakas.
6 Ngunit pagkatapos ay ibabalik ko ang ka-
palaran ng mga Amonita, sabi ni Yawe."

**Laban sa Edom**

7 *Tungkol naman sa Edom.* Ito ang sinasabi ni
Yawe ng mga Hukbo:
"Wala na bang karunungan sa Teman?
Wala na bang pagpapayo ang marurunong?
Nabulok na ba ang kanilang karunungan?
8 Tumakas at magtago sa mga liblib na yu-
ngib, O mga taga-Dedan! Sapagkat maghahatid
ako ng kapahamakan sa Esau sa sandaling
parusahan ko siya.
9 Di ba't mag-iiwan ng ilang ubas ang iyong
mga tagaani sa paggawa nila sa iyong ubasan?
Kung sa gabi'y may dumating na mga mag-
nanakaw, di ba't magnanakaw lamang sila
hanggang gusto nila? 10 Ngunit hinubaran ko na
si Esau, nailantad ang kanyang mga taguan, at
hindi na siya makapagtago. Nalipol ang kan-
yang mga anak at mga kapatid, naglaho ang
kanyang mga kapitbahay.
11 Iwan mo ang mga naulila, ako ang mag-
aalaga sa kanila, at makaaasa rin sa akin ang
iyong mga biyuda."
12 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe: "Kung
ang mga hindi dapat uminom sa kopa ay iinom,
ikaw pa kaya ang hindi parurusahan? Iinom ka
rin! 13 Sapagkat isinumpa ko sa aking sarili, sabi
ni Yawe, na ang Bosra ay magiging disyerto na
katatakutan, hahamakin, at isusumpa; at ma-
nanatiling guho ang lahat niyang lunsod."
14 May narinig akong balita kay Yawe, may
sugong inutusan sa mga bansa: "Magtipon
kayo't lusubin siya. Maghanda para sa labanan!
15 Masdan, paliliitin kita sa mga bansa, hina-
hamak ng mga tao.
16 Dinaya ka ng sindak na iyong sinimulan, at
ng kapalaluan ng iyong puso, ikaw na nakatira
sa mga guwang ng kabatuhan at nasa tuktok ng
kaburulan. Gumawa ka man ng pugad na sin-
taas ng sa lawin, mula roo'y ibababa pa rin kita
– sabi ni Yawe.
17 "Katatakutan ang Edom; mangingilabot
bawat magdaan at maghahabol ng hininga dahil
sa kanyang mga sugat. 18 Tulad ng pagguho ng
Sodom at Gomorra at ng mga karatig-bayan
nito, sabi ni Yawe, wala isa mang maninirahan
doon, walang taong mananahan sa kanya.
19 Tulad ng leong galing sa gubat ng Jordan
patungo sa mayamang pastulan, bigla kong
itataboy ang Edom mula sa kanyang lupain. At
hihirangin kong kapalit niya ang sinumang ma-
pipili ko. Sino ang katulad ko? Sino ang maka-
pagpapanagot sa akin? Sinong pastol ang ma-
katatagal laban sa akin?
20 Kaya pakinggan ang balak ni Yawe laban
sa Edom at sa mga taga-Teman: Kakaladkaring
palayo kahit na ang pinakamaliliit sa mga tupa;
ganap na wawasakin ang kanilang pastulan
dahil sa kanila. 21 Mayayanig ang lupa sa tunog
ng kanilang pagbagsak; maririnig hanggang
Dagat ng Mga Tambo ang kanilang panaghoy.
22 Masdan, may lawing paiilanlang at dada-
luhong, ibubuka ang mga pakpak sa Bosra.
Matutulad sa puso ng babaeng nanganganak
ang puso ng mga mandirigma ng Edom sa araw
na iyon.

**Laban sa mga siyudad ng Siria**

23 *Tungkol sa Damasco:*
"Nabalisa ang Hamat at Arfad pagkat narinig

nila ang masamang balita; nasiraan sila ng loob,
natigatig gaya ng dagat na nag-aalimpuyo.
24 Nanlupaypay ang Damasco at tumakas sa
sindak.

25 Naulila ang tanyag na lunsod, ang masa-
yang lunsod! 26 Kaya mabubuwal ang kanyang
mga kabinataan sa kanyang mga lansangan, at
mamamayapa lahat niyang mandirigma – sabi
ni Yawe ng mga Hukbo. 27 At susunugin ko ang
mga pader ng Damasco, at tutupukin ang mga
kuta ni Benadad."

**Laban sa mga tribung Arabe**

28 *Tungkol sa Kedar at sa mga kaharian ng Hasor* na nilupig ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia.

Ito ang sinasabi ni Yawe: "Bangon, lusubin
ang Kedar! Lipulin ang mga tao sa silangan!
29 Aagawin ang kanilang mga tolda at mga
kawan, tatangayin ang kanilang mga yaman at
mga dala-dalahan; at mga kamelyo. Sisigawan
sila: 'Sindak sa lahat ng dako!'

30 Tumakas at magtago sa mga liblib na
yungib, O mga taga-Hasor! – sabi ni Yawe. May
pakana siya laban sa inyo.

31 "Lusubin ang panatag na bansa na namu-
muhay nang matiwasay, bansang walang mga
pintuan o mga kandado, mag-isang namumu-
hay.

32 Sasamsamin ang kanilang mga kamelyo at
aagawin ang marami nilang kawan. Ikakalat ko
sa mga hangin ang mga nag-ahit ng kanilang
ulo. At ihahatid ko sa kanila ang kapahamakan
sa lahat ng lugar, sabi ni Yawe.

33 Magiging tirahan ng mga asong-gubat ang
Hasor, tiwangwang sa habang panahon, walang
maninirahan doon, wala isa mang maninirahan,
walang taong mamamayan."

**Laban sa Elam**

34 *Ang salita ni Yawe tungkol sa Elam* na
dumating kay Propeta Jeremias sa pasimula ng
paghahari ni Sedekias na hari ng Juda. 35 Ito ang
sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: "Masdan, ba-
baliin ko ang pana ng Elam na sandigan ng
kanilang lakas. 36 Dadalhin ko sa Elam ang apat
na hangin buhat sa apat na sulok ng langit,
ikakalat ko sila sa mga hanging iyon at walang
bansang di mararating ang mga takas ng Elam.
37 Dudurugin ko ang Elam sa harap ng kanilang
mga kaaway at sa mga nagtatangka sa kanilang
buhay; dadalhan ko sila ng kapahamakan, ng
matindi kong poot, sabi ni Yawe. Hahabulin ko
sila ng tabak hanggang malipol ko sila; 38 at
ilalagay ko ang aking trono sa Elam at pupuk-
sain ang kanilang hari at mga opisyal, sabi ni
Yawe. 39 Subalit ibabalik ko sa mga darating na
panahon ang kapalaran ng Elam, sabi ni Yawe."

**Laban sa Babilonia at ang paglaya ng Israel**

**50** • 1 Ang salitang ipinahayag ni Yawe tungkol sa Babilonia at sa lupain ng mga Kaldeo sa pamamagitan ni Propeta Jeremias:

2 "Ibalita mo at ipahayag sa mga bansa,
itaas ang bandila at ipahayag, huwag ikaila kundi sabihin: 'Nasakop na ang Babilonia,
nalagay sa kahihiyan ang Bel, nasindak si Marduk.
Nalagay sa kahihiyan ang kanyang mga larawan,
nasindak ang kanyang mga diyus-diyusan.'

3 Sapagkat lulusubin siya ng isang
bansa mula sa hilaga upang wasakin ang
kanyang lupain. Walang mananahan
doon; kapwa magsisitakas ang mga tao at
mga hayop.

---

• **50.**1 Nasa mga kabanata 50 at 51 ang mga pahayag laban sa Babilonia. Iba't ibang pahayag ang mga ito tungkol sa pagbagsak ng Babilonia at pagbabalik ng mga itinapon.

*Ikaw ang aking pamukpok* (51:20). Isang dantaon ang kaunahan, nakita na ni Isaias sa Asur ang panghampas na gagamitin ng Diyos sa pagpaparusa sa mga bansa. Ngunit ang Asur ay winasak ng Babilonia. Ito kung gayon ang naging pamukpok ni Yawe sa mga bansa, at winasak niya ang mga iyon. Matapos maisagawa nang di-nalalaman ang kalooban ng Diyos laban sa Juda, patungo rin ang Babilonia sa pagbagsak: limampung taon pa at ito naman ang wawasakin ng mga taga-Persia.

Inaanyayahan tayo ni Jeremias na huwag manginig sa harap ng malalaking puwersa ng daigdig ngayon. Nagsilitaw ang malalaking bansa para wasakin ang Kristiyanismong naging walang-bahala at tulog; iginuho ng mga rebolusyon at mga pag-uusig ang mabuway na istrukturang pinananaligan ng mga Kristiyano. Ngunit bago pa dumating ang susunod na salinlahi, isa pang higante ang lumilitaw at lulupig sa nauna, samantalang bumabangon nang may panibagong lakas ang Iglesyang parang nasamsaman at mas dukha.

Sa pagtatapos ng pagbasa sa Jeremias, puwede tayong magpatuloy sa ika-40 kabanata ng Isaias: muling mabubuhay ang maliit na bayan ng Juda pero sa malalaking imperyo naman ng Asiria at Babilonia ay walang maiiwan kundi mga guho.

4 Sa mga araw at panahong iyon, sabi
ni Yawe, magkasamang darating na umi-
iyak ang mga taga-Israel at taga-Juda.
Hahanapin nila si Yaweng kanilang Diyos.
5 Ipagtatanong nila ang daan pa-Sion at
doon sila haharap at sasabihing: 'Maki-
pag-isa tayo kay Yawe sa isang walang
hanggang tipang di malilimutan.'
6 "Naging mga tupang ligaw ang aking
bayan; iniligaw sila ng kanilang mga pas-
tol at pinagala sa kabundukan. Nagpa-
galagala sila sa mga bundok at mga burol
at nakalimutan ang kanilang pahingahan.
7 Nilapa sila ng lahat ng nakakita sa kanila
at sinabi ng kanilang mga kaaway: 'Wala
kaming kasalanan sapagkat nagkasala sila
kay Yaweng tunay nilang pastulan, kay
Yaweng pag-asa ng kanilang mga ninuno.
8 "Tumakas mula sa Babilonia, umalis
sa lupain ng mga Kaldeo, at tularan ang
mga barakong kambing na nasa unahan
ng kawan.
9 Uudyukan ko nga at pababangunin
laban sa Babilonia ang malalakas na
bansa mula sa hilagang lupain. Hahanay
sila laban sa kanya; mabibihag siya mula
sa hilaga. Parang mga bihasang mandi-
rigma ang kanilang mga palaso na hindi
nagbabalik nang walang dala.
10 Sasamsaman ang Kaldea at mana-
nagana ang lahat ng magsisisamsam sa
kanya, sabi ni Yawe.

11 "Magsaya at magalak hanggang kaya
ninyo, kayong sumamsam ng aking mana.
Magpalundag-lundag gaya ng dumalagang
baka sa giikan, at humalinghing na parang mga
kabayo!
12 Lubos na mapapahiya ang iyong ina; ma-
mumula sa hiya, siya na nagsilang sa iyo. Ma-
giging pinakamaliit siya sa mga bansa, isang
tigang na ilang at disyerto.
13 Walang mananahan sa kanya dahil sa
poot ni Yawe, tiwangwang at pinabayaan nang
ganap.
Mangingilabot lahat ng magdaraan doon at
kukutyain siya dahil sa kanyang mga sugat.
14 Magsihanay sa palibot ng Babilonia, lahat
ng may hawak na pana; panain siya, ubusin ang
mga palaso sapagkat nagkasala siya kay Yawe.
15 Isigaw ang hiyaw ng digmaan sa palibot
niya! Suko na siya! Bumagsak na ang kanyang
mga pader, gumuho na ang kanyang mga tore.
Ito ang paghihiganti ni Yawe: maghiganti sa
kanya, gawin sa kanya ang ginawa niya sa iba.
16 Alisin sa Babilonia ang manghahasik at
ang mag-aaning may dalang karit sa anihan;
dahil sa tabak ng manlulupig, uuwi ang lahat sa
kanya-kanyang bayan, tatakas patungo sa sa-
riling lupain.
17 Isang ligaw na tupang hinahabol ng mga
leon ang Israel. Una'y nilapa siya ng hari ng
Asiria at sa huli'y dinurog ang kanyang mga
buto ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia.
18 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo,
Diyos ng Israel: Parurusahan ko ang hari ng
Babilonia at ang kanyang bayan, gaya ng pag-
paparusa ko sa hari ng Asiria.
19 Ibabalik ko ang Israel sa kanyang pastulan
at manginginain siya sa Karmel at Basan, at
mabubusog siya sa kaburulan ng Efraim at
Galaad.
20 Sa mga araw at panahong iyon, sabi ni
Yawe, hahanapan ng kasalanan ang Israel pero
walang makikita, at ng kasalanan ang Juda at
hindi na rin matatagpuan; sapagkat patatawarin
ko ang mga nalabing iniligtas ko.
21 Lusubin ang lupain ng Meratim at ang mga
taga-Pekod.
Habulin, patayin at lipulin, sabi ni Yawe, at
gawin ang lahat ng iniuutos ko sa inyo.
22 Nasa lupain ang ingay ng labanan; ingay
ng malaking pagkawasak!
23 Wasak nga at durog ang pamukpok ng
sangkalupaan! Ano't pinangingilabutan ng mga
bansa ang Babilonia!
24 Inumangan kita ng bitag, O Babilonia, at
nahuli ka nang di mo namalayan; natagpuan ka
at nabihag sapagkat kinalaban mo si Yawe.
25 Binuksan ni Yawe ang taguan ng kanyang
mga sandata, at inilabas ang mga armas ng
kanyang poot, sapagkat may gagawin sa lupain
ng mga Kaldeo si Yaweng Panginoon ng mga
Hukbo.
26 Magsiparito laban sa kanya mula sa lahat
ng dako; buksan ang kanyang mga kamalig;
ibunton siyang parang bunton ng trigo at lipuling
ganap; walang itira sa kanya.
27 Patayin ang lahat niyang mga toro, palu-
sungin sa patayan. Kawawa sila sapagkat du-
mating na ang kanilang araw, ang panahon ng
kanilang kaparusahan.
28 "Dinggin! May mga tumakas at bumakwit
mula sa lupain ng Babilonia para ipahayag sa
Sion ang paghihiganti ni Yaweng ating Diyos,
ang paghihiganti niya para sa kanyang templo.

29 Tawagin ang mga tagapana laban sa Ba-
bilonia, ang lahat ng may hawak na pana.
Paligiran siya; huwag pabayaang may maka-
takas. Gantihan siya ayon sa kanyang mga
ginawa, gawin sa kanya ang kanyang ginawa sa
iba; sapagkat nagmatigas siya kay Yaweng Ba-
nal ng Israel.
30 Kaya mabubuwal sa kanyang mga lansa-
ngan ang lahat niyang kabinataan at mamama-
yapa ang lahat niyang mga kawal sa araw na
iyon, sabi ni Yawe.
31 "Tingnan mo, laban ako sa iyo, ikaw na
palalo, sabi ni Yaweng Panginoon ng mga
Hukbo; sapagkat dumating na ang araw mo,
ang panahon ng pagpaparusa ko sa iyo.
32 Matitisod at babagsak ang palalo, walang
magbabangon sa kanya, at magpapaapoy ako
sa kanyang mga lunsod, at tutupukin nito ang
lahat sa palibot niya.
33 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo:
Sinisiil ang mga taga-Israel at taga-Juda; ha-
wak silang mahigpit ng lahat ng bumihag sa
kanila, ayaw silang palayain.
34 Ngunit malakas ang kanilang Manunubos,
Yawe ng mga Hukbo ang kanyang pangalan.
Ipaglalaban niya ang kanilang kapakanan
upang bigyang-kapanatagan ang kanilang lu-
pain, at ligaligin naman ang mga nasa Babi-
lonia.
35 "Tabak sa mga Kaldeo, sabi ni Yawe, at sa
mga taga-Babilonia, at sa kanyang mga pinuno
at mga pantas!
36 Tabak sa kanyang mga bulaang propeta,
maging hangal sila! Tabak sa kanyang mga
mandirigma, manginig sila sa takot!
37 Tabak sa kanyang mga kabayo at mga
karwahe, at sa lahat ng dayuhan sa kanyang
hukbo, maging binabae sila! Tabak sa lahat
niyang kayamanan, sasamsamin ang mga ito!
38 Tagtuyot sa kanyang mga tubig, matuyo
ang mga iyon! Sapagkat lupain ito ng mga
diyus-diyusan at naloloko ang mga ito sa takot.
39 Kayat mamamalagi roon ang mababangis
na halimaw at mga asong-gubat, at titira doon
ang mga kuwago. Wala nang mananahan doon
kailanman at hindi na ito pamamayanan ng
lahat ng salinlahi. 40 Tulad ng pagpapabag-
sak ng Diyos sa Sodom at Gomorra at sa mga
karatig-bayan nito, sabi ni Yawe, wala isa mang
maninirahan doon at walang taong mananahan
sa kanya.
41 "Hayun! May dumarating na malakas na
bayan mula sa hilaga; malaking bansa at ma-
raming hari ang bumabangon mula sa mga dulo
ng daigdig.
42 May dala silang mga pana at sibat; malulu-
pit sila at walang awa. Parang ugong ng dagat
ang kanilang ingay; nakasakay sila sa mga
kabayo, nakahanay para sa labanan, laban sa
iyo, O Dalagang Babilonia!
43 Narinig ng hari ng Babilonia ang balita at
nanlupaypay ang kanyang mga kamay. Nama-
yani ang dalamhati at sakit na parang babaeng
manganganak.
44 "Tulad ng leong galing sa gubat ng Jordan
patungo sa mayamang pastulan, bigla kong
itataboy ang Babilonia mula sa kanyang lupain.
At hihirangin kong kapalit niya ang sinumang
mapipili ko. Sino ang katulad ko? Sino ang
makapagpapanagot sa akin? Sinong pastol ang
makatatagal laban sa akin? 45 Kaya pakinggan
ninyo ang balak ni Yawe laban sa Babilonia at sa
mga Kaldeo. Kakaladkaring palayo ang pinaka-
maliit sa mga tupa. Ganap na wawasakin ang
kanilang pastulan dahil sa kanila. 46 At maya-
yanig ang lupa sa ingay ng pagkalupig sa Babi-
lonia at maririnig ng mga bansa ang kanyang
pagsigaw.

**Ang Panginoon laban sa Babilonia**

51 1 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Masdan,
pakikilusin ko ang isang mamumuk-
sang hangin laban sa mga Kaldeo; 2 at magpa-
padala ako sa Babilonia ng mga magtatahip
para tahipin siya at wasakin ang kanyang lupain
paglusob nila sa kanya mula sa lahat ng dako sa
araw ng kanyang kapahamakan.
3 Hindi matatalian ng tagapana ang kanyang
pana ni maisusuot ang kanyang armor. Huwag
patawarin ang kanyang mga kabinataan, wa-
saking lubos ang kanyang hukbo. 4 Patay silang
mabubuwal sa lupain ng mga Kaldeo, sugatan
sa kanyang mga lansangan.
5 Sapagkat hindi pinabayaan ang Israel at
Juda ng kanilang Diyos, si Yawe ng mga Hukbo,
kahit puno ng kasalanan ang kanilang lupain sa
paningin ng Banal ng Israel.
6 Tumakas mula sa Babilonia, iligtas ang
inyong sarili! Huwag makiramay sa kanyang
kaparusahan, sapagkat ito ang sandali ng pag-
hihiganti ni Yawe, ang ganting ibibigay sa
kanya.
7 Gintong kopa sa kamay ni Yawe ang Babilo-
nia, ang kopang lumasing sa sangkalupaan;
tinungga ng mga bansa ang kanyang alak, kaya
sila'y nahibang.
8 Ngunit biglang bumagsak ang Babilonia at
nasira, iyakan ninyo siya!
Kumuha ng balsamo para sa kanyang sakit,
baka gumaling pa siya.
9 Ginamot sana namin ang Babilonia, ngunit
hindi na siya gagaling. Pabayaan natin siya at

umuwi na ang bawat isa sa kanya-kanyang
bayan; pagkat abot na sa langit ang hatol sa
kanya, at pumailanlang hanggang sa mga ulap.
10 Pinagningning ni Yawe ang ating karapa-
tan, halikayo, ipahayag natin sa Sion ang gi-
nawa ni Yaweng ating Diyos.
11 Ihasa ang mga pana!
Kunin ang mga kalasag!
Ginising ni Yawe ang diwa ng mga hari ng
Media sapagkat balak niyang sirain ang Babilo-
nia; iyon ang paghihiganti ni Yawe, ang pag-
hihiganti para sa kanyang templo.
12 Itaas ang bandila sa tapat ng mga pader ng
Babilonia; tibayan ang bantayan; maglagay ng
mga bantay; maghanda sa pananambang; sa-
pagkat gagawin ni Yawe ang kanyang balak,
ang kanyang mga salita laban sa mga nasa
Babilonia.
13 Ikaw na nasa tabi ng malalaking ilog, na
sagana sa kayamanan, dumating na ang iyong
wakas, lagot na ang hibla ng iyong buhay.
14 Sumumpa si Yawe ng mga Hukbo sa kan-
yang sarili: Tiyak na pupunuin kita ng mga tao
na sindami ng mga balang, at isisigaw nila ang
tagumpay laban sa iyo.

**Awit**

15 Siya ang maygawa sa lupa sa kanyang
lakas, itinatag niya ang daigdig sa kanyang
karunungan, at inilatag ang langit sa kanyang
kaalaman.
16 Pinauugong ng kanyang tinig ang tubig sa
langit, at pinaiilanlang niya ang mga ulap mula
sa dulo ng lupa. Nagpapakidlat siya kasama ang
ulan, at pinalalabas ang hangin mula sa kan-
yang mga tabihan.
17 Hangal at walang alam ang mga pumapan-
sin; nahihiya ang platero dahil sa kanyang mga
diyus-diyusan; sapagkat huwad ang kanyang
mga larawan, walang hininga ang mga iyon.
18 Wala silang kabuluhan, mga bagay na pinag-
tatawanan; at maglalaho sila pagsapit ng ka-
nilang kaparusahan.
19 Hindi ganyan ang Bahagi ni Jacob, pagkat
siya ang Maygawa ng lahat, at ang Israel ang
tribu ng kanyang pamana; Yawe ng mga Hukbo
ang kanyang pangalan.

**Ang pamukpok ni Yawe**

20 "Ikaw ang aking pamukpok at sandata sa
digmaan;
sa iyo'y dinudurog ko ang mga bansa; sa
iyo'y winawasak ko ang mga kaharian;
21 sa iyo'y dinudurog ko ang kabayo at ang
kanyang sakay, ang karwahe at ang nagpa-
palakad;
22 sa iyo'y dinudurog ko ang lalaki at babae;
ang matanda at bata;
sa iyo'y dinudurog ko ang binata at dalaga;
23 ang pastol at ang kanyang kawan;
sa iyo'y dinudurog ko ang magsasaka at ang
kanyang mga baka; ang mga gobernador at
mga opisyal.
24 Parurusahan ko sa harap ninyo ang Babilo-
nia at ang lahat ng nasa Kaldea dahil sa lahat ng
kasamaang ginawa nila sa Sion, sabi ni Yawe.
25 Narito ako laban sa iyo,
mapangwasak na bundok,
sabi ni Yawe,
na nagwawasak sa sangkalupaan;
iuunat ko ang aking kamay laban sa iyo,
pagugulungin kita mula sa batuhan,
at gagawing bundok na natupok.
26 Walang batong makukuha sa iyo bilang
panulok
ni isang bato para gawing pundasyon,
at magiging tiwangwang ka magpakailan-
man,
sabi ni Yawe.
27 Itaas ang bandila sa lupa,
hipan ang trumpeta sa mga bansa;
ihanda ang mga bansa sa pakikidigma laban
sa kanya,
tawagan ang mga kaharian laban sa kanya –
ang Ararat, Minni at Askenaz;
humirang ng pinuno laban sa kanya,
magpadala ng mga kabayo
na sindami ng mga balang.
28 Ihanda ang mga bansa sa pakikidigma
laban sa kanya – ang mga hari ng Media, at ang
kanilang mga gobernador at mga opisyal, at
lahat ng lupaing kanilang nasasakupan.
29 Nayayanig at namimilipit ang lupa, sa-
pagkat di nababago ang mga pasya ni Yawe
laban sa Babilonia, na gawing disyerto ang lu-
pain ng Babilonia, at wala isa mang mananahan
doon.
30 Tumigil na sa paglaban ang mga mandi-
rigma ng Babilonia, nasa kanilang mga kuta
sila; ubos na ang kanilang lakas, para na silang
mga binabae; sunog na ang kanilang mga tira-
han, sira na ang mga trangka.
31 Sunud-sunod ang mga sugo't tagapag-
balita, upang sabihin sa hari ng Babilonia na
nasakop na ang buo niyang lunsod; 32 naagaw
na ang mga tawiran, sunog na ang mga kuta, at
takot ang mga sundalo.
33 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo, Diyos ng Israel: Parang giikan ang Da-
lagang Babilonia sa panahon na niyayapakan
ito; ngunit malapit na ang panahon ng kanyang
pag-aani."

34 Sinasabi ng Sion: Nilapa ako ni Nabuco-
donosor na hari ng Babilonia, at dinurog niya;
ginawa akong parang sisidlang walang laman,
nilamon akong gaya ng isang halimaw; binusog
ang kanyang tiyan, at ipinagtabuyan ako mula
sa aking paraiso.
35 Mangyari sana sa Babilonia ang karaha-
sang ginawa niya sa akin at sa aking mga
kasamahan, sabi ng mga taga-Sion. Mapasa-
mga-Kaldeo nawa ang aking dugo.
36 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: Ipaglalaban
ko ngayon ang iyong kapakanan at ipaghihi-
ganti kita. Tutuyuin ko ang kanyang dagat at
ang kanyang mga bukal. 37 Magiging bunton ng
mga guho ang Babilonia, taguan ng mga asong-
gubat, katatakutan at hahamakin, walang ma-
nanahan.
38 Nagsisiungol silang gaya ng leon; nagsi-
siungol gaya ng mga batang leon. 39 Kung sila'y
naiinitan, ipaghahanda ko sila ng maiinom at
paiinumin hanggang sila'y mawala sa sarili, at
makatulog sa habang panahon at di na magising
pa, sabi ni Yawe.
40 Dadalhin ko silang parang mga tupa sa
patayan, parang mga barakong tupa at kam-
bing.
41 Nalupig nga ang Babilonia; naagaw ang
ipinagmamalaki ng sangkalupaan! Kakila-ki-
labot nga ang Babilonia sa mga bansa!
42 Tumaas ang dagat sa Babilonia; nata-
bunan siya ng nagngangalit na mga alon nito.
43 Naging tiwangwang ang kanyang mga lunsod,
lupaing tuyo at isang disyerto, wala isa mang
naninirahan at di dinaraanan ng tao.
44 Parurusahan ko si Bel sa Babilonia at ipa-
lulura ko ang kanyang nilulon. Hindi na siya
daragsaan ng mga bansa; gumuho na ang pader
ng Babilonia.
45 Lumabas ka sa kanya, bayan ko!
Iligtas ng bawat isa ang kanyang buhay
sa nag-aapoy na poot ni Yawe!
46 Huwag masiraan ng loob at huwag matakot
sa sabi-sabing kumakalat sa lupain, taun-tao'y
may sabi-sabing dumarating, tungkol sa ka-
rahasan sa lupain, at sa pag-aaway ng mga
namumuno. 47 Kaya malapit na nga ang pana-
hon na parurusahan ko ang mga diyus-diyusan
ng Babilonia; hihiyain ang buo niyang lupain at
lahat ng namatay ay maiiwang nakabulagta.
48 At ang langit at lupa at lahat ng naroroon ay
aawit ng kaligayahan dahil sa Babilonia; sa-
pagkat sasalakayin siya mula sa hilaga ng mga
mamumuksa, sabi ni Yawe.
49 Dapat bumagsak ang Babilonia dahil sa
mga namatay sa Israel; dahil nga sa Babilonia
kaya nabuwal ang lahat ng namatay sa sang-
kalupaan.
50 Umalis at huwag tumigil,
kayong mga nakaligtas sa tabak!
Alalahanin si Yawe mula sa malayo,
at gunitain ang Jerusalem;
51 "Napahiya kami pagkat kami'y hinamak;
puno ng kahihiyan ang aming mukha, pagkat
pinasok ng mga dayuhan ang mga banal na
lugar ng Bahay ni Yawe!"
52 Kaya darating ang mga araw,
sabi ni Yawe,
na parurusahan ko ang kanyang mga diyus-
diyusan,
at daraing ang mga sugatan sa kanyang
lupa.
53 Kahit pumalangit pa ang Babilonia, at
paderan ang kanyang mataas na kuta, darating
din mula sa akin ang mga mamumuksa sa
kanya, sabi ni Yawe.
54 Dinggin! May sigawan sa Babilonia, ingay
ng malaking pagkawasak sa lupain ng mga
Kaldeo! 55 Sapagkat winawasak na ni Yawe ang
Babilonia at pinatatahimik ang kanyang ma-
lakas na ingay. Umuugong ang kanyang mga
along gaya ng sa dagat, dinig sa malayo ang
kanilang ingay.
56 Sapagkat dumating na ang mamumuksa
sa Babilonia; nabihag na ang kanyang mga
mandirigma, nawasak na ang kanilang mga
pana; sapagkat Diyos na gumaganti si Yawe,
siya ang tiyak na maniningil.
57 Lalasingin ko ang kanyang mga pinuno at
mga pantas, mga gobernador, mga opisyal at
mga mandirigma; habang panahon silang ma-
hihimlay at di na magigising, sabi ng Hari na
Yawe ng mga Hukbo ang pangalan.
58 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo:
Guguho sa lupa ang makapal na pader ng
Babilonia, at matutupok ang kanyang matataas
na pintuan.
Wala ngang kabuluhan ang pagpapakapa-
god ng mga tao; para lamang sa apoy ang
pagpapagal ng mga bansa.

**Inihagis sa ilog ang kasulatan**

59 Ito ang kautusang ibinigay ni Propeta
Jeremias kay Seraias na anak ni Nerias
*na anak ni Masias, nang magpa-Babilonia*
siya sa utos ni Sedekias na hari ng Juda,
sa ikapat na taon ng paghahari nito.
Tagapamahala ng hari si Seraias.
60 Isinulat ni Jeremias sa isang rolyo
ang lahat ng kapahamakang darating sa
Babilonia – ang lahat ng salitang naka-
sulat dito tungkol sa Babilonia.

61 At sinabi ni Jeremias kay Seraias:
"Pagdating mo sa Babilonia, basahin mo
nang malakas ang lahat ng salitang ito,
62 at sabihing: 'Yawe, ikaw mismo ang
nagsabing wawasakin mo ang lugar na ito
upang walang tao o hayop man na maka-
panirahan dito, at magiging tiwangwang
ito habang panahon.'
63 Pagkabasa mo sa kasulatang ito, itali
mo rito ang isang bato at ihagis sa Ilog
Eufrates, 64 at sabihing: 'Ganito lulubog
ang Babilonia, at hindi na lulutang pa
dahil sa kapahamakang ihahatid ko sa
kanya.'

*Hanggang dito ang mga salita ni Jeremias.*

**Ang pagbagsak ng Jerusalem**

**52** 1 Dalawampu't isang taon si Sedekias
nang maging hari, at labing-isang taon
siyang naghari sa Jerusalem. Si Hamutal ang
kanyang ina na anak ni Jeremias na taga-Libna.
2 Gumawa siya ng masama sa paningin ni
Yawe, gaya ng ginawa ni Yoakim. 3 Nagalit si
Yawe kaya nangyari ang lahat ng ito sa Jerusa-
lem at Juda hanggang sa araw na palayasin niya
sila para hindi na makita.

Naghimagsik si Sedekias sa hari ng Babi-
lonia; 4 kayat sa ikasampung araw sa ikasam-
pung buwan sa ikasiyam na taon ng paghahari
ni Sedekias, nilusob ni Nabucodonosor na hari
ng Babilonia ang Jerusalem. Kasama niya ang
buo niyang hukbo, 5 at kinubkob ang lunsod
hanggang sa ikalabing-isang taon ni Sedekias.
6 Sa ikasiyam na araw ng ikapat na buwan,
lumubha ang taggutom sa lunsod, at wala nang
makain ang mga tao. 7 Nang mabutas ang pader
ng lunsod, tumakas ang hukbo ng Juda. Iniwan
nila ang lunsod sa dilim ng gabi at dumaan sa
pintuang nasa pagitan ng dalawang pader na
malapit sa hardin ng hari. 8 Tumakas sila pa-
Araba habang pinaliligiran pa ng mga Kaldeo
ang lunsod. Ngunit hinabol ng mga Kaldeo si
Haring Sedekias at inabutan sa kapatagan ng
Jerico. Tinalikuran siya ng kanyang hukbo at
nangalat ang mga iyon.
9 Binihag siya ng mga Kaldeo at dinala siya sa
Ribla sa lupain ng Hamat at doon hinatulan ng
hari ng Babilonia. 10 Doon din sa Ribla ipina-
patay ng hari ng Babilonia ang mga anak na
lalaki ni Sedekias sa harap nito, pati na ang lahat
ng pinuno ng Juda. 11 At saka niya ipinadukit
ang mga mata ni Sedekias, ikinadena sa dala-
wang tanikalang tanso at dinala sa Babilonia.
Inihulog siya roon sa bahay ng mga bantay
hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.
12 Sa ikasampung araw ng ikalimang buwan
sa ikalabinsiyam na taon ni Nabucodonosor na
hari ng Babilonia, sumalakay sa Jerusalem si
Nebuzardang pinuno ng mga bantay at lingkod
ng hari ng Babilonia. 13 Sinunog niya ang Bahay
ni Yawe at ang palasyo ng hari, at lahat ng bahay
sa Jerusalem. Sinunog din niya ang lahat ng
mahahalagang bahay. 14 Ginibang lahat ng huk-
bong-Kaldeo sa pamamahala ng pinuno ng mga
bantay ang mga pader sa paligid ng Jerusalem.
15 Binihag ni Nebuzardang pinuno ng mga
bantay at idineport ang ilan sa mga dukhang
Judio na nanatili sa lunsod at ang mga pumanig
sa hari ng Babilonia at ang mga nalabi sa mga
manggagawa. 16 Ngunit iniwan ni Nebuzardan
ang mga dukhang makapagtatrabaho sa mga
ubasan at makapagbubungkal ng lupa. 17 Di-
nurog ng mga Kaldeo ang mga haliging tanso,
ang mga patungan at ang tansong Dagat-
dagatan sa Bahay ni Yawe, at hinakot ang lahat
ng tansong ito sa Babilonia.
18 Tinangay din nila ang mga kagamitan,
pala, panggupit ng mitsa, mga kutsara at lahat
ng bagay na tanso na ginagamit sa templo.
19 Kinuha ng pinuno ng mga bantay ang mga
planggana, sunugan ng insenso, pangwisik,
banga, patungan ng ilawan, sandok at mga
sisidlan – lahat ng yari sa ginto o pilak.
20 Ang dalawang haligi, ang Dagat-dagatan
at ang labindalawang guyang tanso sa ilalim
niyon, ang patungang naililipat na ipinagawa ni
Haring Solomon para sa Bahay ni Yawe – hindi
matimbang sa bigat ang lahat ng tansong ito.
21 Labingwalong siko ang taas ng bawat haligi
at labindalawang siko naman ang kabilugan.
Apat na daliri ang kapal ng bawat isa at butas
ang loob. 22 May tansong nasa dulo ng bawat
haligi, limang siko ang taas at nadedekoras-
yunan ng lambat na may mga tansong prutas sa
paligid. 23 Siyamnapu't anim na prutas sa
paligid, at may sandaang prutas naman sa na-
kapalibot na lambat.
24 Binihag ng pinuno ng mga bantay si Sera-
yang Punong-pari at si Sofonias na panga-
lawang-pari, pati ang tatlong bantay-pinto.
25 Kinuha rin niya sa lunsod ang opisyal na
namumuno sa mga sundalo, pitong personal na
tagapayo ng hari na nakita niya sa lunsod, ang
sekretaryo ng hukbo na tumatanggap sa mga
gustong magsundalo, at animnapu sa mga
tauhan nito na natagpuan din sa lunsod. 26 Di-
nala silang lahat ni Nebuzardan sa hari ng
Babilonia sa Ribla. 27 Doon sa Ribla, sa lupain ng
Hamat, ipinapatay sila ng hari ng Babilonia.

Kaya nabihag ang Juda at inialis sa sariling
lupain.
28 Narito ang bilang ng mga ipinatapon ni
Nabucodonosor: sa ikapitong taon: tatlonlibo't
dalawampu't tatlong Judio. 29 Sa ikalabing-
walong taon naman ni Nabucodonosor: walun-
daa't tatlumpu't dalawa mula sa Jerusalem.
30 Sa kanyang ikadalawampu't tatlong taon ipi-
natapon naman ni Nebuzardang pinuno ng mga
bantay ang pitundaa't apatnapu't limang Judio.
Apatnalibo't animnaraang katao lahat-lahat.
31 Sa ikadalawampu't limang araw ng ikala-
bindalawang buwan sa ikatatlumpu't pitong taon
ng pagkatapon ni Yoaking hari ng Juda, si
Evilmerodak ang naging hari ng Babilonia. At
pinatawad niya si Yoaking hari ng Juda, at
pinalabas sa kulungan. 32 Mabait siya nitong
kinausap at pinakitunguhan nang higit sa iba
pang haring kasama niya sa Babilonia. 33 Hinubad
ni Yoakin ang kanyang damit-preso at dumulog
sa hapag ng hari sa nalalabing araw ng kanyang
buhay. 34 Ibinigay naman ng hari ng Babilonia
ang lahat niyang kinakailangan sa araw-araw
hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.